

**SAFETY RECOMMENDATIONS FOR DECKED
FISHING VESSELS OF LESS THAN 12 METRES IN
LENGTH AND UNDECKED FISHING VESSELS
IMO / FAO / ILO**

**MGA MUNGKAHING PANGKALIGTASAN NG MGA
BANGKANG MAY PALAPAG NA MAS MABABA SA 12
METRO ANG HABA AT MGA BANGKANG WALANG
PALAPAG**

(For Philippines)



March 2014



Southeast Asian Fisheries Development Center



What is SEAFDEC?

The Southeast Asian Fisheries Development Center (SEAFDEC) is an autonomous intergovernmental body established as a regional treaty organization in 1967 to promote fisheries development in Southeast Asia.

Objectives

SEAFDEC aims specifically to develop the fishery potential in the region through training, research and information services in order to improve the food supply by rational utilization of the fisheries resources in the region.

Functions

To achieve its objectives, the Center has the following functions:

1. To offer training courses, and organize workshops and seminars in fishing technology, marine engineering, extension methodology, post-harvest technology, and aquaculture.
2. To conduct research on fishing gear technology, fishing ground survey, post-harvest technology and aquaculture, to examine problems related to the handling of fish at sea and quality control, and to undertake studies on the fishery resources in the region.
3. To facilitate the transfer of technology to the countries in the region and to provide information materials to the print and non-print media, including the publication of statistical bulletins and reports for the dissemination of survey, research and other data on fisheries and aquaculture.

Membership

SEAFDEC membership is open to all Southeast Asian Countries. The Member Countries of SEAFDEC at present are Brunei Darussalam, Cambodia, Indonesia, Japan, Lao PDR, Malaysia, Myanmar, the Philippines, Singapore, Thailand, and Vietnam.



Ano ang SEAFDEC?

Ang Southeast Asian Fisheries Development Center (SEAFDEC) ay isang may kasarinlang ahensiya ng pinagsama-samang mga pamahalaan ng mga bansa na itinatag bilang isang pan-rehiyong kasunduang organisasyon noong 1967 upang magsulong ng kaunlarang pampangisdaan sa Timog-Silangang Asya.

Mga Layunin

Ang SEAFDEC ay naglalayong paunlarin ang kakayahang pampangisdaan sa rehiyon sa pamamagitan ng pagsasanay, pananaliksik at serbisyong kaalaman upang mapabuti ang pagtustos ng pagkain sa pamamagitan ng makatuwirang paggamit ng yamang-pangisdaan sa rehiyon..

Mga Tungkulin

Upang makamit ang mga layunin nito, ang Center ay may mga sumusunod na tungkulin:

1. Upang mag-alok ng mga kurso sa pagsasanay, at maghanda ng mga sama-samang pag-aaral at seminar sa teknolohiya ng pangangisda, “marine engineering”, pamamaraan sa tamang paggabay, teknolohiya ng mga gawain pagkatapos ng pagkahuli sa isda, at pag-aalaga ng isda.
2. Upang magsagawa ng pananaliksik sa teknolohiya ng gamit-pangisda, pagsisiyasat sa lugar-pangisdaan, teknolohiya ng mga gawain pagkatapos ng pagkahuli sa isda, at pag-aalaga ng isda, upang suriin ang mga problema na may kaugnayan sa pangangasiwa ng isda sa dagat at pagkontrol ng kalidad, at upang idaos ang pag-aaral sa mga yamang-pangisdaan sa rehiyon.
3. Upang pangasiwaan ang paglipat ng teknolohiya sa mga bansa sa rehiyon at upang magbigay mga gamit-pangkaalaman sa mga lathalain at di-nilalathalang *media*, kabilang ang mga lathalain ng mga istatistikang *bulletin* at mga ulat para sa pagpapakalat ng pagsisiyasat, pananaliksik at iba pang mga datos sa pangisdaan at pag-aalaga ng isda.

Kasapian

Ang pagiging miyembro sa SEAFDEC ay bukas sa lahat ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya. Ang mga bansang miyembro ng SEAFDEC sa kasalukuyan ay Brunei Darussalam, Cambodia, Indonesia, Japan, Lao PDR, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand, at Vietnam.

TRANSLATED BY

Dr. Ronaldo R. Libunao

**FARMC Program Management Center
Department of Agriculture
Bureau of Fisheries and Aquatic Resources
Regional Office No. 02**

EDITED BY

Engr. Renato D. Agustin

**ENGINEERING UNIT
Department of Agriculture
Bureau of Fisheries and Aquatic Resources
Regional Office No. 02**



**The production of this publication is supported by
the Japanese Trust Fund to SEAFDEC.**

ISINALIN NI

Dr. Ronaldo R. Libunao

**FARMC Program Management Center
Department of Agriculture
Bureau of Fisheries and Aquatic Resources
Regional Office No. 02**

ISINAAYOS NI

Engr. Renato D. Agustin

**ENGINEERING UNIT
Department of Agriculture
Bureau of Fisheries and Aquatic Resources
Regional Office No. 02**



**Ang paglimbag ng lathalaing ito ay sa pamamagitan ng
Japanese Trust Fund para sa SEAFDEC.**

ANNEX 29

**SAFETY RECOMMENDATIONS FOR DECKED FISHING VESSELS OF
LESS THAN 12 METRES IN LENGTH AND UNDECKED FISHING VESSELS**

CONTENTS

	Page
Preamble	2
Chapter 1 General provisions	4
Chapter 2 Construction, watertight integrity and equipment	9
Chapter 3 Stability and associated seaworthiness	15
Chapter 4 Machinery and electrical installations	25
Chapter 5 Fire protection and fire fighting	35
Chapter 6 Protection of the crew	37
Chapter 7 Life-saving appliances	41
Chapter 8 Emergency procedures and safety training	46
Chapter 9 Radio communications	48
Chapter 10 Navigational equipment	54
Chapter 11 Crew accommodation	56
Chapter 12 Manning, training and competence	59
Annex I Illustration of terms used in the definitions	61
Annex II Recommended construction standards for wooden fishing vessels	66
Annex III Recommended construction standards for GRP fishing vessels	94
Annex IV Recommended construction standards for steel fishing vessels	114
Annex V Recommended construction standards for aluminium fishing vessels	119
Annex VI Recommended standards for anchoring and mooring equipment	125
Annex VII Guidance on structural strength of hatch covers	128
Annex VIII Guidance on dimensions of freeing ports	129
Annex IX An approximate determination of small vessels' stability by means of the rolling period tests	131
Annex X Recommended practice on portable fish-hold divisions	133
Annex XI Examples of a stability notice	137
Annex XII Guidance on additional stability criteria for beam trawlers	138
Annex XIII Guidance on practical buoyancy test	139
Annex XIV Guidance on tools and spares to be carried on board	144
Annex XV Guidance on steering gear	146
Annex XVI Recommended practice for exhaust systems	148
Annex XVII Guidance on the installation of electrical equipment	154
Annex XVIII Guidance on basic First Aid Kit	165

ANNEX 29

**MGA MUNGKAHING PANGKALIGTASAN NG MGA BANGKANG MAY PALAPAG NA MAS
MABABA SA 12 METRO ANG HABA AT MGA BANGKANG WALANG PALAPAG**

MGA NILALAMAN

		Pahina
Preambulo		2
Kabanata 1	Pangkalahatang takda	4
Kabanata 2	Konstruksiyon, integridad sa hindi pagpasok ng tubig at mga kagamitan	9
Kabanata 3	Katatagan at kaugnay na katatagan ng bangka sa dagat	15
Kabanata 4	Makinarya at paglalagay ng kuryente	25
Kabanata 5	Proteksiyon at pamatay-sunog	35
Kabanata 6	Proteksiyon ng mga kawani	37
Kabanata 7	Kasangkapang-pangkaligtasan	41
Kabanata 8	Pamamaraan sa panahon ng kagipitan at pagsasanay-pangkaligtasan	46
Kabanata 9	Komunikasyon gamit ang radyo	48
Kabanata 10	Mga kagamitan sa paglalayag	54
Kabanata 11	Tuluyan ng mga kawani	56
Kabanata 12	Pagtatao, pagsasanay at kagalingan	59
Annex I	Paglalarawan ng mga katagang gamit sa mga kahulugan	61
Annex II	Mungkahing pamantayan sa paggawa ng bangkang pangisda na yari sa kahoy	66
Annex III	Mungkahing pamantayan sa paggawa ng bangkang pangisda na yari sa <i>GRP</i>	94
Annex IV	Mungkahing pamantayan sa paggawa ng bangkang pangisda na yari sa bakal	114
Annex V	Mungkahing pamantayan sa paggawa ng bangkang pangisda na yari sa aluminum	119
Annex VI	Mungkahing pamantayan para sa mga kagamitang pang-angkla at pampugal	125
Annex VII	Gabay sa tibay na pang-istraktura ng mga panaklob	128
Annex VIII	Patnubay sa mga sukat ng paagusan	129
Annex IX	Isang tinatayang pagpapasiya ng katatagan ng maliliit na bangka sa pamamagitan ng pagsubok sa panahon ng paggulong	131
Annex X	Mungkahing kasanayan sa nadadalang lagayan ng isda	133
Annex XI	Halimbawa ng isang abiso ng katatagan	137
Annex XII	Gabay sa karagdagang mga pamantayan ng katatagan para sa bangkang panggaladgad na may biga	138
Annex XIII	Gabay sa praktikal na pagsubok sa paglutang	139
Annex XIV	Gabay sa mga kasangkapan at laang dapat dalhin sa loob	144
Annex XV	Gabay sa gamit-pangmaneho	146
Annex XVI	Mungkahing kasanayan para sa tambutso	148
Annex XVII	Gabay sa paglagay ng mga kagamitang elektrikal	154
Annex XVIII	Gabay sa kit ng pangunahing lunas	165

		Page
Annex XIX	Guidance on personnel protective equipment	166
Annex XX	Guidance on the requirements for buoyant apparatus	167
Annex XXI	Guidance on the requirements for life-saving equipment	169
Annex XXII	Recommendation for testing lifebuoys and lifejackets	182
Annex XXIII	Correct securing of hydrostatic release units	196
Annex XXIV	Guidance on safety training in emergency procedures	198
Annex XXV	Guidance on safe operation of winches, line haulers and lifting gear	200
Annex XXVI	Guidance on GMDSS	204
Annex XXVII	Range of VHF for various transmitting/receiving units	210
Annex XXVIII	Use of mobile telephones in distress and safety communications	212
Annex XXIX	Recommended performance standards for radar reflector	213
Annex XXX	Equipment required to comply with the Collision Regulations	214
Annex XXXI	International Code of Signals	219
Annex XXXII	Distress signals	220
Annex XXXIII	Guidance on basic pre-sea safety training	222
Annex XXXIV	Annotated list of pertinent publications	224

PREAMBLE

These safety recommendations are the result of the continuing co-operation between the Food and Agriculture Organization of the United Nations (FAO), the International Labour Organization (ILO) and the International Maritime Organization (IMO), in relation to the safety of fishing vessels that began with the development of Parts A and B of the Code of Safety for Fishermen and Fishing Vessels between 1968 and 1974 (hereinafter referred to as the Code) for decked fishing vessels of 24 metres in length and over. This was followed by the development of the Voluntary Guidelines for the Design, Construction and Equipment of Small Fishing Vessels (hereinafter referred to as the (Voluntary Guidelines) approved by the Maritime Safety Committee (MSC) at its forty-first session in October 1979 and by the FAO in November 1979 for circulation to governments and the ILO Governing Body being informed at its 211th session in November 1979 of the intention to publish this document.

On adopting the Torremolinos Protocol of 1993 relating to the Torremolinos International Convention for the Safety of Fishing Vessels, 1977, the Conference recommended that there would be a need to revise the Code. Consequently, IMO undertook a review and invited the participation of FAO and ILO, it also decided, at the same time, to review the Voluntary Guidelines; that are directed at decked fishing vessels of 12 m in length and over but less than 24 m in length.

Following the completion of the review, of the Code and the Voluntary Guidelines, the revised texts were approved by MSC at its seventy-ninth session (1 to 10 December 2004). Thereafter, at the Committee on Fisheries at its twenty-sixth session in March 2005, where FAO welcomed the revisions and recommended the early publication by IMO of these documents and later, the Governing Body of the ILO approved the revised texts at its 293rd session in June 2005.

Annex XIX	Gabay para sa mga kagamitang pangkaligtasan ng tauhan	166
Annex XX	Gabay sa mga pangangailangan para sa aparatong pampalutang	167
Annex XXI	Gabay sa mga kinakailangan para sa kagamitang pansagip-buhay	169
Annex XXII	Mga mungkahi para sa pagsubok ng mga salbabida at <i>lifejacket</i>	182
Annex XXIII	Tamang pagsiguro ng mga hydrostatic release yunit	196
Annex XXIV	Gabay para sa pagsasanay sa mga pamamaraan para sa oras ng kagipitan	198
Annex XXV	Gabay sa ligtas na pagpapatakbo ng mga tambor, pambatak ng lubid at kagamitang pambuhat	200
Annex X XVI	Gabay sa <i>GMDSS</i>	204
Annex XXVII	Saklaw ng <i>VHF</i> para sa iba't-ibang mga yunit ng pagpapadala / pagtanggap	210
Annex XXVIII	Paggamit ng <i>mobile</i> na telepono para sa pagkabalisa at pangkaligtasang komunikasyon	212
Annex XXIX	Mungkahing pamantayan ng pagganap para sa <i>radar reflector</i>	213
Annex XXX	Kagamitang kailangan upang sumunod sa mga regulasyon ng banggaan	214
Annex XXXI	Pandaigdigang koda ng senyas	219
Annex XXXII	Senyas ng pagkabalisa	220
Annex XXXIII	Gabay sa batayang pangkaligtasang pagsasanay bago pumalaot	222
Annex XXXIV	Itinalang listahan ng mga may kaugnayang lathalain	224

PREAMBULO

Ang mga Mungkahing Pangkaligtasang ito ay resulta ng patuloy na pakikipagkaisa ng *Food and Agriculture Organization* ng mga Nagkakaisang Bansa (*FAO*), ng *International Labour Organization* (*ILO*) at ng *International Maritime Organization* (*IMO*) ukol sa kaligtasan ng mga bangkang pangisda na nagsimula sa paglikha ng Una at Pangalawang Bahagi ng Kodigo ng Kaligtasan Para sa mga Mangingisda at mga Bangkang Pangisda sa pagitan ng taong 1968 at 1974 (tinutukoy rito bilang *Code for Decked Fishing Vessels* na may habang 24 metro at higit pa. Ito ay sinundan ng paglikha ng Boluntaryong Alituntunin sa Pagdisenyo, Paggawa at Maga Kagamitan ng Maliliit na Bangkang Pangisda (Tinutukoy dito bilang Boluntaryong Alituntunin na inaprubahan ng *Maritime Safety Committee* (*MSC*) sa kanilang ika-apatnapu't isang sesyon noong Oktubre 1979 upang maipamahagi sa mga gobyerno at maipalam sa Kinatawang Namamahala ng *ILO* sa kanilang ika-211th sesyon noong Nobyembre 1979 sa pagnanais na ilathala ang dokumentong ito.

Sa paghango sa *Torremolinos Protocol ng 1993* na may kaugnayan sa Pandaigdigang Kumbensiyon para sa Kaligtasan ng Bangkang Pangisda ng *Torremolinos, 1977*, ang kumbensiyon ay nagmungkahi na kailangang marebisa ang Kodigo. Dahil dito, nagsagawa ang *IMO* ng pagsusuri at inanyayahan ang pakikiisa ng *FAO* at *ILO*, at nagpasya, kasabay nito, upang suriin ang Boluntaryong Alituntunin; ukol sa mga bangkang may palapag na may habang 12 metro o higit pa ngunit hindi hihigit sa 24 metro.

Kasunod ng muling pag-aaral sa Kodigo at ng Boluntaryong Alituntunin, ang nirebisang nilalaman ay inaprubahan ng *MSC* sa kanilang ika-79 na sesyon (Disyembre 1-10, 2004). Pagkaraan, sa Komite ng Pangisdaan sa kanilang ika-26 na sesyon noong Marso 2005, kung saan tinanggap ng *FAO* ang rebisyon at inirekomenda ang maagang paglathala ng *IMO* ng mga dokumentong ito at sa kalaunan, ay inaprubahan ng Namamahalang Kinatawan ng *ILO* ang binagong nilalaman nito sa kanilang ika-293 na sesyon na ginanap noong Hunyo 2005.

During the process of revising the Code and the Voluntary Guidelines, the fact became evident that there were no guidelines or recommendations for small fishing vessels of less than 12 m in length that were similar to Part B of the Code or the Voluntary Guidelines. As a consequence, the MSC, at its seventy-ninth session, agreed to include in the work programme of the Sub-Committee on Stability and Load Lines and on Fishing Vessels Safety (SLF) a new high-priority item on “Safety of small fishing vessels”. The aim being to develop safety recommendations for decked vessels of less than 12 m in length and undecked vessels, bearing in mind that the majority of fishing fatalities occur aboard such vessels.

The SLF Sub-Committee undertook the development of the safety recommendations in collaboration with FAO and ILO in order to provide guidelines to Competent Authorities for the design, construction, equipment, training of the crew of small fishing vessels as well as operational safety and established a correspondence group that commenced work in 2005 to develop recommendations. In this regard, the importance of addressing the small fishing vessel sector, that includes more than 80% of all fishing vessels, was emphasized by the more than 30 entities agreeing to participate in the work of the correspondence group.

The draft Safety Recommendations were submitted to other relevant sub-committees, and, following their clearance, the revised text was submitted to the MSC at its eighty-seventh session (12 to 21 May 2010) at which it was approved. [At the 29th session of the Committee on Fisheries in January 2011, FAO welcomed the Safety Recommendations and recommended the early publication by IMO of this document. The Governing Body of ILO approved the text at its xxx session in xxx.]

In addition to the IMO competence in relation to safety of life, vessels and equipment at sea, the correspondence group drew heavily on the wide experience of FAO in the design, construction and operation of small fishing vessels, particularly in developing countries where the majority of small fishing vessels operate. It also drew on the competence of ILO regarding conditions of work and service aboard small fishing vessels. The co-operation between FAO and IMO in relation to measures to combat Illegal, Unregulated and Unreported (IUU) fishing was recognized with particular regard to the adverse impact on the safety of small fishing vessels in many parts of the world.

The FAO/ILO/IMO Code of Safety for Fishermen and Fishing Vessels, 2005, part A, Safety and Health Practice, provides, in Section I, General, and in Section II, Undecked vessels and decked vessels of less than 12 metres in length, and in certain of its Appendices, guidance that concerns the safety and health of fishermen on small vessels. These Safety recommendations should be read in conjunction with the Code, part A. During the preparation of the Safety recommendations, it was, however, noted that additional operational guidance was needed concerning these vessels. This has been taken into account in the text. It is further recommended that in framing national safety requirements it would be essential to give consideration to local weather and sea conditions and any special operational requirements.

Following the adoption of the ILO Work in Fishing Convention, 2007 (No.188) and Recommendation, 2007 (No.199), the draft Safety Recommendations were reviewed to ensure that they were consistent with the ILO standards.

The FAO applied the draft Safety Recommendations in various countries through its field projects. The objective was to confirm their relevance to diverse fishing vessel types and

Habang nirerebisa ang Kodigo at ng Boluntaryong Alituntunin, naging kapansin-pansin ang katotohanan na walang mga alituntunin o mungkahi para sa maliliit na bangkang pangisda na may habang mas mababa sa 12 metro na kahalintulad ng Pangalawang Bahagi ng Kodigo o ng Boluntaryong Alituntunin. Bilang resulta, ang *MSC*, sa kanilang ika-79 na sesyon, ay pumayag na isama sa programang gawain ng *Sub-Committee on Stability and Load Lines and on Fishing Vessels Safety (SLF)* ang isang bagong pinakaprayoridad na bahagi ng “Kaligtasan ng Maliliit na Bangkang Pangisda”. Ang hangarin nito ay makagawa ng mungkahing pangkaligtasan para sa mga bangkang may palapag na hindi bababa sa 12 metro ang haba at sa mga bangkang walang palapag, na kung saan isinasaalang-alang na ang pinakamaraming bilang ng mga namamatay ay nangyayari sa mga nasabing bangka.

Ang mas mababang-komite ng *SLF* ay nagsagawa ng mungkahing pangkaligtasan sa pakikipagtulungan ng *FAO* at *ILO* nang sa gayon ay makapagbigay ng mga alituntunin sa mga Karampatang Awtoridad para sa pagdisenyo, paggawa, mga kagamitan, pagsasanay ng mga kawani ng maliliit na bangkang pangisda, ganoon na rin sa ligtas na pamamaraan at sa pagtatag ng isang pangkat na nagsimulang gumawa sa taong 2005 upang bumuo ng mga mungkahi. Sa puntong ito, ang kahalagahan ng pagtugon sa mga kapakanan ng mga maliliit na bangkang pangisda, na kabilang ang higit sa 80% ng lahat ng bangkang pangisda, ay nabigyang-diin sa pamamagitan ng higit sa 30 katao na nagkaisang sumali sa gawaing ito ng pangkat.

Ang *draft* ng Mungkahing Pangkaligtasan ay isinumite sa iba pang may kaugnayang mga mas mababang komite, at, matapos ang kanilang pagpayag, ang binagong nilalaman ay isinumite sa *MSC* sa ika-walumpu't pitong sesyon nito (12-21 Mayo 2010) kung saan ito ay naaprubahan. [Sa ika-29 na sesyon ng Komite ng Pangisdaan noong Enero 2011, tinatanggap ng *FAO* ang mga Mungkahing Pangkaligtasan at inirerekomenda ang maagang paglathala ng *IMO* ng dokumentong ito. Ang Namamahalang Kinatawan ng *ILO* ay nag-apruba sa mga nilalaman nito sa kanilang ika-xxx na sesyon noong xxx.]

Bilang karagdagan sa kakayahan ng *IMO* na may kaugnayan sa kaligtasan ng buhay, sasakyan at kagamitan sa dagat, ang pangkat ay nagtiwala ng lubos sa malawak na karanasan ng *FAO* sa pagdisenyo, paggawa, at pagpapatakbo ng maliliit na bangkang pangisda, lalo na sa mga umuunlad na mga bansa kung saan ang karamihan ng maliliit na mga bangkang pangisda ay ginagamit. Nagtiwala rin ng lubos sa kakayahan ng *ILO* tungkol sa lagay ng gawain at serbisyo sa maliliit na mga bangkang pangisda. Ang pagtutulungan sa pagitan ng *FAO* at *IMO* na may kaugnayan sa mga hakbang upang labanan ang *Illegal, Unregulated and Unreported (IUU)* na pangingsda ay kinilala lalo na sa malalang epekto sa kaligtasan ng mga maliliit na bangkang pangisda sa maraming panig ng mundo.

Ang *FAO / ILO / IMO* Kodigo ng Kaligtasan Para Sa Mga Mangingisda At Mga Bangkang Pangisda, 2005, Bahagi A, Kasanayang Pangkaligtasan at Pangkalusugan, ay nagbibigay ng, sa Seksyon I, Pangkalahatan, at sa Seksyon II, Sasakyang Mayroon at Walang Palapag na mas mababa sa 12 metro ang haba, at sa ilang mga Appendix nito, gabay patungkol sa kaligtasan at kalusugan ng mga mangingisda sa maliliit na mga bangkang pangisda. Ang mga Mungkahing Pangkaligtasan na ito ay dapat basahin kasama ang Kodigo, Bahagi A. Sa panahon ng paghahanda sa mga mungkahing pangkaligtasan, nabanggit gayunpaman, na ang karagdagang gabay sa pagpapatakbo ay kinakailangan tungkol sa mga bangkang ito. Ito ay nabanggit at naisali sa nilalaman. Iminumungkahi rin na sa pagbalangkas ng pambansang alituntuning pangkaligtasan, mahalagang isaalang-alang din ang mga lokal na lagay ng panahon at mga kalagayan ng dagat at anumang natatanging mga kinakailangan sa paggawa.

Kasunod ng paghango sa *ILO Work in Fishing Convention, 2007 (No.188)* at *Recommendation, 2007 (No.199)*, ang pansamantalang Mungkahing Pangkaligtasan ay sinuri upang matiyak na ito ay alinsunod sa pamantayan ng *ILO*.

Ang *FAO* ay sumubok sa pansamantalang Mungkahing Pangkaligtasan sa iba't-ibang mga bansa sa pamamagitan ng mga proyektong pampook. Ang layunin ay upang makumpirma ang kanilang kaugnayan sa mga magkakaibang uri ng bangkang pangisda at operasyon nito. Ang positibong

operations. The positive feedback was very useful in further developing the final content of the Safety Recommendations.

Recognizing that the majority of items covered by the Safety Recommendations are within the scope of IMO and noting the different working procedures within the three Organizations and also that the SLF Sub-Committee holds regular meetings, it was agreed that:

- .1 IMO should act as a focal point for co-ordinating proposed amendments to the Safety Recommendations and, in particular, the IMO Secretariat should undertake to receive any proposed amendments, to distribute them to the Organizations and to collate their respective comments;
- .2 any future joint FAO/ILO/IMO meeting should be held, whenever possible, in conjunction with a meeting of the SLF Sub-Committee; and
- .3 any proposed amendments should always be subject to the final approval of the appropriate bodies of the three Organizations.

CHAPTER 1 GENERAL PROVISIONS

1.1 Purpose and scope

1.1.1 The purpose of these Safety Recommendations is to provide information on the design, construction, equipment, training and protection of the crew of small fishing vessels with a view to promoting the safety of the vessel and safety and health of the crew. They are not intended as a substitute for national laws and regulations but may serve as a guide to those concerned with framing such national laws and regulations. Each Competent Authority responsible for the safety of vessels should ensure that the provisions of these safety recommendations are adapted to its specific requirements, having due regard to the size and type of vessels, their intended service and area of operation. Before doing so, Competent Authorities should consult with the vessel owners and fishermen, and their representative organizations, and other relevant stakeholders such as vessel designers, builders, and equipment manufacturers. When adapting the Safety Recommendations, the Competent Authority should endeavour to ensure a level of safety at least equivalent to the provision or provisions concerned.

1.1.2 Unless otherwise stated, the provisions of these recommendations are intended to apply to new decked vessels of less than 12 m in length (L) and new undecked vessels intended to operate at sea. Nevertheless, even where not otherwise stated, the Competent Authority should as far as reasonable and practical give consideration to the application of these provisions to existing vessels.*

1.1.3 In these recommendations the use of the word sea includes oceans, rivers, lakes and dams, or any body of water.

1.1.4 The provisions of these recommendations do not apply to vessels used for sport or recreation.

* A vessel of less than 12 m in length (L) could be in excess of 15 m in length overall (LOA). See annex I.

katugunan ay lubhang kapaki-pakinabang sa tuluyang pagbuo ng panghuling nilalaman ng Mungkahing Pangkaligtasan.

Bilang pagkilala na ang karamihan sa mga paksa na sakop ng mga Mungkahing Pangkaligtasan ay nasasaklaw ng *IMO* at sa pagsaalang-alang na rin sa iba't-ibang pamamaraang paggawa sa loob ng tatlong Organisasyon at dahil na rin sa regular na pagpupulong ng *SLF Sub-Committee*, napagkaisahan na:

- .1 Ang *IMO* ay dapat manguna bilang pangunahing tagapamahala para sa pakikipag-ugnayan ng mga ipinapanukalang mga susog sa Mungkahing Pangkaligtasan at, bilang pagtukoy, ang Kalihiman ng *IMO* ay magsasagawa ng pagtanggap sa mga susog, ipamamahagi ito sa mga Organisasyon at maghahambing ng kani-kanilang mga komento;
- .2 Anumang sama-samang pulong ng *FAO / ILO/ IMO* sa hinaharap ay dapat ganapin, hangga't maari, kaalinsabay ng isang pulong ng *SLF Sub-Committee*; at
- .3 Anumang ipinapanukalang mga susog ay dapat laging nakabatay sa panghuling pag-apruba ng naaangkop na mga kinatawan ng tatlong Organisasyon.

KABANATA 1 PANGKALAHATANG TAKDA

1.1 Layunin at Saklaw

1.1.1 Ang layunin ng mga Mungkahing Pangkaligtasang ito ay magbigay-alam sa disenyo, konstruksiyon o pagkakagawa, mga kagamitan o aparato, pagsasanay at proteksyon ng mga kawani ng maliliit na bangkang pangisda na may layuning ipahayag ang kaligtasan ng bangkang pangisda at mga kawani nito. Hindi ito inilaan bilang kapalit sa mga pambansang batas at regulasyon subalit maaaring magsilbi bilang isang gabay sa mga gumagawa ng mga nasabing pambansang batas at regulasyon. Bawat Karampatang Awtoridad na may tungkulin sa kaligtasan ng mga bangkang ito ay dapat siguruhin na ang mga probisyon ng mga Mungkahing Pangkaligtasan ay iniaangkop sa tukoy na mga pangangailangan, na may angkop na pagsasaalang-alang sa laki at uri ng mga bangka, ang kanilang nilalayong serbisyo at lugar ng paglalayag. Bago nito, ang mga Karampatang Awtoridad ay dapat sumangguni sa may-ari ng bangka at mangingisda nito, at ng kanilang mga kinatawang organisasyon, at iba pang may kinalaman tulad ng taga-disenyo, pagawaan at mga tagagawa ng kagamitan dito. Sa paglalapat ng mga Mungkahing Pangkaligtasan, ang Karampatang Awtoridad ay dapat pagsikapang tiyakin ang isang antas ng kaligtasang katumbas ng nasa probisyon.

1.1.2 Maliban kung ipinahayag, ang mga probisyon ng mga mungkahing ito ay nakalaan sa mga bagong bangkang mayroon at walang palapag na hindi bababa sa 12 metro ang haba (L) at nakatakdang gamitin sa dagat. Gayunpaman, kahit hindi nasasaad, ang Karampatang Awtoridad ay dapat maging makatwiran at praktikal at magbigay konsiderasyon sa pagpapatupad ng mga probisyon sa mga gawa nang bangka.¹

1.1.3 Sa mga mungkahing ito ang paggamit ng mga salitang dagat ay nauukol sa mga karagatan, mga ilog, mga lawa at mga dam o anumang yamang-tubig.

1.1.4 Ang mga probisyon ng mga mungkahing ito ay hindi nauukol sa mga bangkang ginagamit sa mga paligsahan o libangan.

¹ Ang isang bangkang hindi bababa sa 12 m sa haba (L) ay maaaring maging labis ng 15 metro sa pangkalahatang haba (LOA). Tingnan ang Annex I.

1.2 Definitions

For the purpose of these recommendations, unless expressly provided otherwise, the following definitions apply:

1.2.1 *Amidships** means the mid-length of LOA.

1.2.2 *Approved* means approved by the Competent Authority.

1.2.3 *Baseline* is the horizontal line intersecting at amidships the keel line.

1.2.4 *Bow height* is defined as the vertical distance at the forward perpendicular between the waterline corresponding to the maximum permissible draught and the designed trim and the top of the exposed deck at side.

1.2.5 *Breadth* (B)* is the maximum breadth of the vessel, measured at maximum beam to the moulded line of the frame in a vessel with a metal shell and to the outer surface of the hull in a vessel with a shell of any other material.

1.2.6 *Collision bulkhead* is a watertight bulkhead up to the working deck in the fore part of the vessel as approved by the Competent Authority.

1.2.7 *Competent Authority* is the Government of the State whose flag the vessel is entitled to fly. The Competent Authority may delegate certain of its duties to entities authorized by it and that it deems suitably qualified to undertake those duties.

1.2.8 *Crew* means the skipper and all persons employed or engaged in any capacity on board a vessel on the business of that vessel.

1.2.9 *Cubic Numeral (CuNo)** is the result of multiplying LOA x B x D.

1.2.10 *Decked vessel* is a vessel having a fixed watertight deck covering the entire hull above the deepest operating waterline. Where open wells or cockpits are fitted in this deck the vessel is considered a decked vessel if flooding of the well or cockpit will not endanger the vessel.

1.2.11 *Deck erection* is any decked structure on the working deck.

1.2.12 *Deepest operating waterline* is the waterline related to the maximum permissible operating draft.

1.2.13 The *depth (D)** is the moulded depth amidships.

1.2.14 *Design categories*

The categories here indicate sea and wind conditions for which a vessel is assessed by this standard to be suitable, provided the vessel is correctly operated and at a speed appropriate to the prevailing sea state.

* The dimensions are illustrated in annex I.

1.2 Mga Kahulugan

Para sa layunin ng mga mungkahing ito, maliban kung hayagang isinaad, ang mga sumusunod na kahulugan ay nauukol:

1.2.1 *Kalagitnaan ng bangka*² ay nangangahulugang kalagitnaan ng pangkalahatang haba (LOA).

1.2.2 *Naaprubahan* ay nangangahulugang inaprubahan ng Karampatang Awtoridad.

1.2.3 *Basehang linya* ay nangangahulugang pahalang na linyang sumasalubong sa linya ng kilya sa kalagitnaan ng bangka.

1.2.4 *Taas ng bangka* ay tinukoy rito bilang patayong distansya mula sa purwa perpendikular sa pagitan ng linya ng tubig naaayon sa pinakamataas na pinapahintulatang paglubog at ng dinisenyong tabas mula sa tuktok ng nakalantad na palapag sa gilid.

1.2.5 *Lapad*² (B) ang pinakamalapad na bahagi ng bangka, na sinusukat mula sa pinakamataas na biga sa na-moldeng linya ng balangkas sa isang bangka na yari sa bakal at sa panlabas na ibabaw ng katawan ng bangka para sa isang yari sa anumang iba pang materyal.

1.2.6 *Panangga sa banggaan* ay isang partisyon o harang na hindi pinapasok ng tubig hanggang sa palapag sa unahang bahagi ng bangka ayon sa pag-apruba ng Karampatang Awtoridad.

1.2.7 *Karampatang Awtoridad* ay ang Pamahalaan ng isang bansa kung saan ang angking bandila ang nararapat nitong iwagayway. Ang Karampatang Awtoridad ay maaaring iatang ang ilan sa kanyang mga tungkulin sa mga awtorisadong indibidwal at kwalipikado upang idaos ang mga naiatas na mga tungkulin.

1.2.8 *Kawani* ay ang mga lulang kawani at lahat ng mga taong nagtatrabaho o nakatuon sa anumang tungkulin sa bangka.

1.2.9 *Cubic Numeral (CuNo)*² ay kubikong pamilang na resulta ng pagmultiplika sa pangkalahatang haba (LOA) x Lapad (B) x Lalim (D)

1.2.10 *Bangkang may palapag* ay isang uri ng bangka na may nakapirming palapag na hindi pinapasok ng tubig na sumasakop sa buong katawan ng bangka mula sa pinakamalalim na bahagi ng linya ng tubig. Kapag may mga bukas na lagusan o *cockpit* na naipirmi sa palapag, ang bangka ay maituturing na bangkang may palapag kung ang pagbaha sa lagusan ay hin hindi maglalagay sa panganib sa bangka.

1.2.11 *Istraktura sa palapag*: anumang yaring istraktura sa gawaang palapag.

1.2.12 *Pinakamalalim na linya ng tubig*: ang pinakamalaking lalim na pinapahintulatang maabot base sa linya ng tubig na nakasaad sa gilid ng bangka.

1.2.13 *Lalim (D)*² ay ang permanente at pinakamalalim na bahagi sa gitna ng bangka.

1.2.14 *Kategorya ng Disenyo*

Ang mga kategorya dito ay nagpapahiwatig ng mga kundisyon ng dagat at hangin kung saan ang isang bangka ay tinasa sa pamamagitan ng mga pamantayang ito upang maging angkop, hangga't pinapatakbo ng tama ang bangka, at sa bilis na naaangkop sa kasalukuyang kundisyon ng dagat.

² Ang mga sukat ay inilarawan sa Annex I.

.1 **Design category A**

Category of vessels considered suitable to operate in seas with significant wave heights above 4 m and wind speeds in excess of Beaufort Force 8 (19 m/s), but excluding abnormal conditions, e.g., hurricanes.

.2 **Design category B**

Category of vessels considered suitable to operate in seas with significant wave heights up to 4 m and winds of Beaufort Force 8 (19 m/s) or less.

.3 **Design category C**

Category of vessels considered suitable to operate in seas with significant wave heights up to 2 m and a typical steady wind force of Beaufort Force 6 (12 m/s) or less.

.4 **Design category D**

Category of vessels considered suitable to operate in seas with significant wave heights up to and including 0.30 m with occasional waves of 0.5 m height, for example from passing vessels, and a typical steady wind force of Beaufort Force 4 (7 m/s) or less.

1.2.15 *Enclosed superstructure* is a superstructure with:

- .1 enclosing bulkheads of efficient construction;
- .2 access openings, if any, in those bulkheads fitted with permanently attached weathertight doors of a strength equivalent to the unpierced structure which can be operated from each side; and
- .3 other openings in sides or ends of the superstructure fitted with efficient weathertight means of closing. A raised quarter-deck is regarded as a superstructure. A bridge or poop should not be regarded as enclosed unless access is provided for the crew to reach machinery and other working spaces inside those superstructures by alternative means which are available at all times when bulkhead openings are closed.

1.2.16 *Existing vessel* is a vessel which is not a new vessel.

1.2.17 *Fishing vessel* (hereto referred as vessel) means any vessel used commercially for catching fish, whales, seals, walrus or other living resources of the sea.

1.2.18 *Forward and after perpendiculars* should be taken at the forward and after ends of the length (L). The forward perpendicular should be coincident with the foreside of the stem on the waterline on which the length is measured.

1.2.19 *Freeboard (f)* is the actual minimum freeboard and, on a decked vessel, is the distance from the underside of the working deck at the side to a waterline, measured perpendicularly to

.1 Kategoriya ng Disenyo A

Kategoriya ng bangka na maituturing na angkop patakbuhan sa dagat na may malalaking alon na may taas na higit sa 4 metro at bugso ng hangin na hihigit sa puwersang *Beaufort* 8 (19 m/s), maliban sa mga abnormal na kundisyon, i.e., bagyo.

.2 Kategoriya ng Disenyo B

Kategoriya ng bangka na maituturing na angkop patakbuhan sa dagat na may malalaking alon na may taas na hanggang 4 metro at bugso ng hangin na puwersang *Beaufort* 8 (19 m/s) o mas mababa.

.3 Kategoriya ng Disenyo C

Kategoriya ng bangka na maituturing na angkop patakbuhan sa dagat na may malalaking alon na may taas na hanggang 2 metro at tipikal na bugso ng hangin na puwersang *Beaufort* 6 (12 m/s) o mas mababa.

.4 Kategoriya ng Disenyo D

Kategoriya ng bangka na maituturing na angkop patakbuhan sa dagat na may malalaking alon hanggang 0.3 metro at manaka-nakang alon hanggang 0.5 metro ang taas, halimbawa, mula sa mga dumadaang bangka, at tipikal na bugso ng hangin ayon sa puwersang *Beaufort* 4 (7 m/s) o mas mababa.

1.2.15 *Nadidindingang karagdagang palapag* ay isang uri ng istraktura na may:

- .1 nakapalibot na mga partisyon o harang at maayos ang pagkakagawa;
- .2 lagusan, kung mayroon man, ang mga partisyon o harang na ito ay may nakapirming pintuang hindi napapasukan ng tubig na may tatag na kapantay ng wala pang butas na istraktura at puwedeng gamitin mula sa alinmang panig; at
- .3 iba pang bukas sa mga gilid ng karagdagang palapag na may sarang hindi napapasukan ng tubig. Ang isang nakaangat na tulugang-palapag ay itinuturing na karagdagang palapag. Ang platapormang laan sa pagpipiloto ay hindi maituturing na sarado maliban kung ito ay tumatagos at nagsisilbing lagusan ng mga kawani patungo sa mga makinarya at iba pang lugar-gawaan sa loob ng karagdagang palapag sa pamamagitan ng alternatibong paraan at laging laan anumang oras habang ang partisyon o harang ay sarado.

1.2.16 *Kasalukuyang bangka*: Anumang kasalukuyang ginagamit na bangka at hindi na bago.

1.2.17 *Bangkang pangisda* (tinutukoy dito bilang bangka): Anumang bangkang ginagamit sa paghuli ng isda, balyena, kamerong-dagat, walrus o iba pang buhay na yamang-dagat.

1.2.18 *Purwa at pagkaraang mga perpendikular* ay dapat sinusukat mula sa purwa at pinakadulong haba ng bangka. Ang perpendikular na purwa ay dapat katapat ng pinakaunang gilid ng linya ng tubig kung saan ang haba ay sinukat.

1.2.19 *Agwat ng tubig (f)* ay ang aktuwal na pinakamababang *agwat ng tubig* at, sa bangkang may palapag, ang distansiya mula sa ilalim ng gawaang-palapag sa gilid hanggang sa linya ng tubig, sinukat nang pahalang sa linya ng tubig at isinama ang pinakaminimum na kapal ng

the waterline, plus the minimum thickness of decking. When the working deck is stepped, the lowest line of the deck and the continuation of that line parallel to the upper part of the deck should be taken as the working deck. On an undecked vessel, the freeboard (*f*) is the distance from the gunwale or a down flooding opening, whichever is lower, measured perpendicularly to the waterline. A down flooding opening is an opening in the hull or superstructures which cannot rapidly be closed watertight.

1.2.20 *GRP* means glass reinforced plastic.

1.2.21 *Height of a superstructure or other erection* is the least vertical distance measured at side from the top of the deck beams of a superstructure or an erection to the top of the working deck beams.

1.2.22 *Keel line** is the line parallel to the slope of keel passing amidships through:

- .1 the top of the keel or line of intersection of the inside of shell plating with the keel where a bar keel extends above that line of a vessel with a metal shell; or
- .2 the rabbet lower line of the keel of a vessel with a shell of wood or a composite material; or
- .3 the intersection of a fair extension of the outside of the shell contour at the bottom with the centreline of a vessel with a shell of material other than wood and metal.

1.2.23 *Least depth** is the depth measured from the keel line to the top of the working deck beam at side. Where the working deck is stepped and the raised part of the deck extends over the point at which the least depth is to be determined, the least depth should be measured to a line of reference extending from the lower part of the deck along a line parallel with the raised part.

1.2.24 *Length (L)** should be taken as 96% of the total length on a waterline at 85% of the least depth, or as the length from the foreside of the stem to the axis of the rudder stock on that waterline, if that length is greater. In vessels designed with rake of keel the waterline on which this length is measured should be parallel to the designed waterline.

1.2.25 *Length overall (LOA)** should be taken as the distance in a straight line parallel to the design waterline between the foremost point of the bow and the after most point of the stern.

1.2.26 *New vessel* is a vessel the keel of which is laid, or which is at a similar stage of construction, on or after the date of adoption of the present safety recommendations.

1.2.27 *Organization* means the International Maritime Organization.

1.2.28 *Owner* means any person or entity having assumed the responsibility for the operation of the vessel.

1.2.29 *Protocol* means the Torremolinos International Convention for the Safety of Vessels, 1977, as modified by the Torremolinos Protocol of 1993 relating thereto.

* The dimensions are illustrated in annex I.

palapag. Kapag ang palapag ay may hagdan, ang pinakamababang linya ng palapag at ang karugtong ng linyang kahilera ng mas mataas na bahagi ng palapag ay maituturing na gawaang palapag. Sa mga bangkang walang palapag, ang *agwat ng tubig* ay ang distansiya mula sa palupo (kanyon) o daluyan ng tubig palabas sa likod ng bangka, alinman ang mas mababa, sinukat nang pahalang sa linya ng tubig. Ang bukas na daluyan ng tubig palabas ay isang uri ng daluyan ng tubig sa katawan ng bangka o mga karagdang palapag na hindi kaagad naisasara nang hindi pinapasok ng tubig.

1.2.20 *GRP* ay nangangahulugang *glass reinforced plastic*.

1.2.21 *Taas ng karagdang palapag o iba pang naitayo* ay ang pinakamababang patindig na distansiya na sinukat sa gilid mula sa tuktok ng mga biga ng karagdang palapag o anumang mga naitayo sa ibabaw ng biga ng gawaang palapag.

1.2.22 *Linya ng kilya*³ ay ang linyang paayon sa dalisdis ng kilya na bumabaybay sa kalagitnaan ng bangka at tumatagos sa:

- .1 Tuktok ng kilya o linyang pinagkurusan sa loob ng kalupkop ng plata na may kilya kung saan ang isang baras ng kilya ay umaabot sa itaas ng linya ng bangkang natatalupan ng metal; o
- .2 ang may mababang kanal na linya ng kilya ng bangkang may talop na kahoy o pinagsama-samang materyal; o
- .3 ang pinagkurusan ng isang patas na kasudlong ng labas ng tabas ng talop sa pinakagitnang ilalim ng bangka na may talop na yari sa materyal na iba sa kahoy at metal.

1.2.23 *Pinakamaigsing lalim*⁴ ang lalim na sinusukat sa gilid mula sa linya ng kilya hanggang sa pinakatuktok na biga ng gawaang palapag. Kung ang gawaang palapag ay may hagdan at ang nakaangat na bahagi ng palapag ay lumalagpas hanggang sa isang punto na kung saan ang pinakamaigsing lalim ay tutukuyin, ang pinakamaigsing lalim ay dapat na sinusukat hanggang sa pinagbabatayang linyang mula sa pinakamababang bahagi ng palapag patungo sa linyang nakapaayon sa bahaging nakaangat.

1.2.24 *Haba (L)*⁴ ay dapat na kinuha bilang 96% ng kabuuang haba sa isang linya ng tubig mula sa 85% ng pinakamaigsing lalim, o ang haba mula sa ang unahang gilid ng tangkay sa aksis ng lalagyan ng timon sa naturang linya ng tubig, kung ito ay mas mahaba. Sa mga bangkang dinisenyo na may kalaykay ng kilya, ang linya ng tubig kung saan ang haba nito ay sinusukat ay dapat na paayon sa dinisenyong linya ng tubig.

1.2.25 *Pangkalahatang haba (LOA)*⁴ dapat kunin bilang distansiya sa isang tuwid na linya na paayon sa dinisenyong linya ng tubig sa pagitan ng pinakadulong punto ng purwa at pinakadulong punto ng popa.

1.2.26 *Bagong bangka* ay isang bangka na ang kilya ay nakalatag pa, o kung saan ay nasa kasalukuyang estado ng pagbuo o paggawa, sa araw o pagkatapos ng petsa ng pagpapatibay ng mga kasalukuyang mungkahi sa kaligtasan.

1.2.27 *Organisasyon* ay nangangahulugang *International Maritime Organization*.

1.2.28 *May-ari* ay nangangahulugan sa sinuman o anumang lipon na nangangasiwa at ginagampanan ang responsibilidad sa operasyon ng bangka.

1.2.29 *Protokol* ay nangangahulugang *Torremolinos International Convention* para sa Kaligtasan ng mga Bangka, 1977, at nirebisa sa *Torremolinos Protocol* ng 1993 kaugnay nito.

³ Ang mga sukat ay inilarawan sa Annex I.

1.2.30 *Recognized organization* means an organization which meets the relevant conditions set forth by resolution A.739(18).

1.2.31 *Skipper* means the person having command of a vessel.

1.2.32 *Steel or other equivalent material* means steel or any material which, by itself or due to insulation provided, has structural and integrity properties equivalent to steel at the end of the applicable fire exposure to the standard fires test (e.g., aluminium alloy with appropriate insulation).

1.2.33 *Superstructure deck* is that complete or partial deck forming the top of a deck erection situated at a height of not less than 1.8 m above the working deck. Where this height is less than 1.8 m, the top of such deck erections should be treated in the same way as the working deck.

1.2.34 *Undecked* vessel is a vessel which is not a decked vessel.

1.2.35 *Watertight* means capable of preventing the passage of water through the structure in any direction under a head of water for which the surrounding structure is designed.

1.2.36 *Weathertight* means that in any sea conditions water will not penetrate into the vessel.

1.2.37 *Working deck* is generally the lowest complete deck above the deepest operating waterline from which fishing is undertaken. In vessels fitted with two or more complete decks, the Competent Authority may accept a lower deck as a working deck provided that that deck is situated above the deepest operating waterline.

1.3 Measurements

In these recommendations measurements are given in the metric system using the following abbreviations:

m	–	metre
cm	–	centimetre
mm	–	millimetre
t	–	tonne (1,000 kg)
kg	–	kilogram
°C	–	degree Celsius
N	–	Newton
kW	–	kilowatt

1.4 Maintenance and surveys

1.4.1 The hull, machinery, equipment and radio installations as well as crew accommodation of every vessel should be constructed and installed so as to be capable of being regularly maintained to ensure that they are at all times, in all respects, satisfactory for the vessel's intended service.

1.4.2 Where practicable, before the construction of a vessel, plans of, and information concerning the vessel should be submitted to the Competent Authority, for approval.

1.2.30 *Kinikilalang organisasyon* ay nangangahulugang isang samahan na nakakatugon sa mga may kaugnayang mga kundisyong nakatakda sa *Resolution A.739 (18)*.

1.2.31 *Kapitan* ay sinumang nagmamando sa bangka.

1.2.32 *Bakal o iba pang katumbas na materyal* ay nangangahulugang bakal o anumang materyal kung saan, sa pamamagitan mismo o dahil sa pagkakainsula, ay may pang-istraktura at katangian na katumbas ng bakal na pagkaraang malantad sa pamantayang pagsusuring isinasagawa gamit ang apoy (i.e., aluminum na *alloy* na may kaukulang pagkakainsula).

1.2.33 *Karagdang palapag* ay ang kumpleto o bahagi ng palapag na bumubuo sa tuktok ng nakatayong palapag na matatagpuan sa hindi bababa sa 1.8 metro mula sa itaas ng anumang palapag. Kung ang taas nito ay mas mababa sa 1.8 metro, ang tuktok ng katulad ng naitayong palapag ay dapat na tratuhin katulad ng gawaang palapag.

1.2.34 *Bangkang walang palapag* ay isang bangkang walang palapag.

1.2.35 *Hindi pinapasok ng tubig* ay nangangahulugan na may kakayahang pumigil sa pagpasok ng tubig sa pamamagitan ng istraktura sa anumang direksyon sa ilalim ng isang pinakapuno ng tubig kung saan ang mga nakapalibot na istraktura ay dinisenyo.

1.2.36 *Weathertight* ay nangangahulugan na sa anumang kundisyon ng dagat ay hindi pinapasukan ng tubig.

1.2.37 *Gawaang palapag* ay karaniwang ang pinakamababang kumpletong palapag sa itaas ng pinakamalalim na linya ng tubig kung saan ang pangingsda ay isinasagawa. Sa mga bangkang may dalawa o higit pang mga kumpletong palapag, ang Karampatang Awtoridad ay maaaring tanggapin ang isang mas mababang palapag bilang isang gawaang palapag kung ito ay matatagpuang mas mataas sa pinakamalalim na linya ng tubig.

1.3 Panukat

Sa mga mungkahing ito, ang mga sukat ay ibinigay sa metrikong sistema gamit ang mga sumusunod na pagdadaglat:

m	–	metro
cm	–	sentimetro
mm	–	millimetro
t	–	tonelada (1,000 kg)
kg	–	kilo
°C	–	antas <i>Celsius</i>
N	–	<i>Newton</i>
kW	–	<i>kilowatt</i>

1.4 Pagmintina at pagsisiyasat

1.4.1 Ang katawan ng bangka, makinarya, kagamitan at mga instalasyon ng radyo pati na rin ang tuluyan ng mga kawani ng bawat bangka ay dapat naitayo at binuo na madali at panahunang mamimintina upang masiguro na sa lahat ng oras, sa lahat ng aspeto, ay kasiyasiya para sa nilalayong serbisyo ng bangka.

1.4.2 Hangga't maaari, bago ang konstruksiyon ng isang bangka, ang plano nito at impormasyon tungkol sa bangka ay dapat isumite sa Karampatang Awtoridad upang maaprubahan.

1.4.3 The Competent Authority should arrange for appropriate surveys of a vessel during construction and, at regular intervals after completion, to ensure satisfactory condition of the vessel's hull, machinery and equipment, as well as crew accommodation. An appropriate report of the survey should be entered in the record of the vessel.

1.4.4 After any survey has been completed no change should be made in the structural arrangements, machinery, and equipment, as well as crew accommodation etc., covered by the survey, without the approval of the Competent Authority.

1.4.5 Documentation relating to the safety of the vessel should cease to be valid upon transfer of the vessel to the flag of another State. New safety documentation should only be issued when the Competent Authority is fully satisfied that the vessel is in compliance with the requirements of the relevant provisions.
3.3.5.2 Isang pagsubok sa panahon ng paggulong¹⁰ ang dapat isagawa kung ang bangka ay kinargahan ayon sa kundisyong pang-operasyon na tinukoy sa 3.8.1. Ang aktuwal na metasentrikong taas GM , sinukat sa metro, sa lahat ng kundisyong pang-operasyon ay dapat na kinalkula gamit ang mga sumusunod na pormula:

$$GM = \left(\frac{0.834B}{T_r} \right)^2$$

kung saan:

Ang B , sa metro, ay tinukoy sa 1.2.5; at

Ang T_r , sa segundo, ay ang panahon ng paggulong.

3.3.5.3 Ang katatagan ng bangka ay masasabing kasiya-siya kung ang GM ay mas mababa sa GM_r .

3.3.6 Pabawing pagsubok sa karga

3.3.6.1 Ang pabawing pagsubok sa karga ay dapat gawin kung ang bangka ay kargado ayon sa kundisyong pang-operasyon na tinukoy sa 3.8.1.2. Ang bigat na katumbas sa $25 \times LOA \times B$ (kgs) ay dapat nailatag sa isang panig ng bangka.

¹⁰ Sumangguni sa *An approximate determination of small vessels stability by means of a rolling period tests* na tinukoy sa Annex IX.

where:

LOA and B , in metres, are as defined in 1.2.24 and 1.2.5.

3.3.6.2 The stability is deemed satisfactory when the angle of heel does not exceed 15° and the freeboard to the deck is not less than 75 mm at any point.

3.4 Stability criteria for undecked vessels

3.4.1 For undecked vessels of design categories A and B, an inclining test, as specified in 3.10 should normally be carried out to establish the metacentric height GM. The initial metacentric height GM_0 should not be less than 350 mm.

3.4.2 Where the Competent Authority is satisfied that operating experience justifies departure from the requirement in 3.4.1, one of the stability criteria in 3.3 should be used.

3.4.3 For undecked vessels of design category C, one of the stability criteria in 3.3 should be used with the exception of 3.3.6 which is not applicable.

3.5 Summary table of stability criteria for decked and undecked vessels

Para-graph		Criteria	Decked Vessels			Undecked Vessels		
			A/B	C	D	A/B	C	D
3.2.1	Where sufficient stability data exists	IMO Criteria	•	•	•			
3.3.2	Where insufficient stability data exists (1)	Approx GM Formula or	•	•	•			
3.3.3	Where insufficient stability data exists (1)	Rolling Test Option 1 or	•	•	•			
3.3.4	Where insufficient stability data exists (1)	Rolling Test Option 2 or	•	•	•			
3.3.5	Where insufficient stability data exists (1)	GM + Rolling Test or	•	•	•			
3.3.6	Where insufficient stability data exists (1)	Offset Load Test	•	•	•			
3.4.1	Where data from an inclining test exists	Min GM=350 mm				•		
3.3.2	Where insufficient stability data exists (2)	Approx GM Formula or				•	•	
3.3.3	Where insufficient stability data exists (2)	Rolling Test Option 1 or				•	•	
3.3.4	Where insufficient stability data exists (2)	Rolling Test Option 2 or				•	•	
3.3.5	Where insufficient stability data exists (2)	GM + Rolling Test or				•	•	
3.3.6	Where insufficient stability data exists (2)	Offset Load Test				•		

Notes:

- 1) or where operating experience justifies departure from IMO criteria
- 2) or where operating experience justifies departure from the min GM criteria

kung saan:

Ang *LOA* at *B*, sa metro, ay kagaya ng tinukoy sa 1.2.24 at 1.2.5.

3.3.6.2 Ang katatagan ay pasado kapag ang anggulo ng pagtagilid ay hindi lalagpas sa 15° at ang agwat ng tubig sa palapag ay hindi bababa sa 75 mm sa kahit anong lugar.

3.4 Pamantayan ng katatagan para sa mga bangkang walang palapag

3.4.1 Para sa mga bangkang walang palapag na nabibilang sa Kategoriya ng Disenyo A at B, ang pakiling na pagsusuri, na tinukoy sa 3.10 ay dapat na normal na isagawa upang mapag-alaman ang metasentrikong taas *GM*. Ang inisyal na metasentrikong taas GM_0 ay hindi dapat bababa sa 350 mm.

3.4.2 Kapag ang karanasan sa pangangasiwa ay pinangangatuwiran ang pagliban sa mga pamantayan sa 3.4.1, isa sa mga pamantayan sa 3.3 ay dapat na gamitin.

3.4.3 Sa mga bangkang walang palapag na kabilang sa Kategoriya ng Disenyo C, isa sa mga pamantayan sa 3.3 ay dapat gamitin subalit hindi kasama ang 3.3.6 sapagkat ito ay hindi naaangkop.

3.5 Buod na talahanayan ng pamantayan sa katatagan ng mga bangkang may palapag at walang palapag

Talata		Pamantayan	Bangkang may palapag			Bangkang walang palapag		
			A/B	C	D	A/B	C	D
3.2.1	Kung may sapat na datos sa katatagan	Pamantayan ng <i>IMO</i>	*	*	*			
3.3.2	Kung walang sapat na datos sa katatagan (1)	Maaaring Pormula ng <i>GM</i> o	*	*	*			
3.3.3	Kung walang sapat na datos sa katatagan (1)	Pagsubok sa panahon ng paggulong Opsiyon 1 o	*	*	*			
3.3.4	Kung walang sapat na datos sa katatagan (1)	Pagsubok sa panahon ng paggulong Opsiyon 2 o	*	*	*			
3.3.5	Kung walang sapat na datos sa katatagan (1)	<i>GM</i> + Pagsubok sa panahon ng paggulong o	*	*	*			
3.3.6	Kung walang sapat na datos sa katatagan (1)	Pabawing pagsubok sa kargada	*	*	*			
3.4.1	Kung may sapat na datos sa pakiling na pagsubok	Min <i>GM</i> =350 mm				*		
3.3.2	Kung walang sapat na datos sa katatagan (2)	Maaaring Pormula ng <i>GM</i> o				*	*	
3.3.3	Kung walang sapat na datos sa katatagan (2)	Pagsubok sa paggulong Opsiyon 1 o				*	*	
3.3.4	Kung walang sapat na datos sa katatagan (2)	Pagsubok sa paggulong Opsiyon 2 o				*	*	
3.3.5	Kung walang sapat na datos sa katatagan (2)	<i>GM</i> + Pagsubok sa paggulong o				*	*	
3.3.6	Kung walang sapat na datos sa katatagan (2)	Pabawing pagsubok sa kargada				*		

Mga tanda:

- 1) o kung ang karanasan sa pamamahala ay pinangangatuwiran ang pagliban sa Pamantayan ng *IMO*
- 2) o kung ang karanasan sa pamamahala ay pinangangatuwiran ang pagliban sa minimum na Pamantayan ng *GM*

3.6 Flooding of fish-holds for vessels of design categories A and B

For decked vessels, the angle of heel at which progressive flooding of fish-holds could occur through hatches which remain open during fishing operations and which cannot rapidly be closed, should be at least 20° unless the stability criteria of 3.2.1 can be satisfied with the respective fish-holds partially or completely flooded.

3.7 Particular fishing methods

3.7.1 Vessels engaged in particular fishing methods where additional external forces are imposed on the vessel during fishing operations, should meet the stability criteria of 3.2.1 increased, if necessary, to the satisfaction of the Competent Authority. As an example, guidance for additional stability criteria for beam trawlers is found in annex XII.

3.7.2 Vessels on which equipment for shooting and hauling fishing gear has been installed should not heel more than 10° when the maximum allowable weight (the weight for which the vessel and gear was designed and tested) is being lifted.

3.8 Operating conditions for vessels of design categories A and B

3.8.1 The number and type of operating conditions to be considered should be to the satisfaction of the Competent Authority and should include the following as appropriate:

- .1 departure for the fishing grounds with full fuel, stores, ice, fishing gear, etc.;
- .2 departure from the fishing grounds with full catch, 30% stores, fuel, etc.;
- .3 arrival at home port with full catch and 10% stores, fuel, etc.; and
- .4 arrival at home port with 10% stores, fuel, etc., and minimum catch, which should normally be 20% of full catch, but may be up to 40% provided the Competent Authority is satisfied that operating patterns justify such a value.

3.8.2 In addition to the specific operating conditions given in 3.8.1, the Competent Authority should also be satisfied that the minimum stability criteria given in 3.2 and 3.4, as appropriate, are met under all other actual operating conditions including those which produce the lowest values of the stability parameters contained in these criteria. The Competent Authority should also be satisfied that those special conditions associated with a change in the vessel's mode or areas of operation which affect the stability considerations of this chapter are taken into account.

3.8.3 Concerning the conditions referred to in 3.8.1, the calculations should include the following:

- .1 allowance for the weight of the wet fishing nets and tackle, etc., on deck;
- .2 allowance for ice accretion, if anticipated, in accordance with 3.9;
- .3 homogeneous distribution of the catch, unless this is inconsistent with practice;

3.6 Pagbaha/ Pag-apaw ng mga lagayan ng huling isda sa mga bangkang nabibilang sa Kategoriya ng Disenyo A at B

Sa mga bangkang may palapag, ang anggulo ng pagtagilid kung saan maaring mangyari ang progresibong pagbaha mula sa mga lagusan na nananatiling bukas habang nangingisda at kung saan hindi agarang naisasara, ay hindi dapat bababa sa 20° maliban kung ang pamantayan sa katatagang tinukoy sa 3.2.1 ay sinunod para sa kaniya-kaniyang lagayan ng huling isda na bahagya o ganap na nababaha.

3.7 Mga tukoy na pamamaraan ng pangingsda

3.7.1 Ang mga bangkang sangkot sa tukoy na pangingsda na kung saan ang bangka ay napapatawan ng karagdagang panlabas na puwersa ay dapat na matugunan ang mga pamantayan sa katatagang tinukoy sa 3.2.1 o higit pa kung kinakailangan, ayon na rin sa kasiyahan ng Karampatang Awtoridad. Bilang halimbawa, ang patnubay sa karagdagang pamantayan sa katatagan para sa mga galadgad na may biga ay matatagpuan sa Annex XII.

3.7.2 Ang mga bangka na kung saan ang mga aparato sa pagtudla at paghatak ng gamit pangisda ay nakakabit ay hindi dapat tumagilid ng higit sa 10° habang ang pinakamabigat na timbang (ang timbang na kung saan ang bangka at gamit pangisda ay dinisenyo at nasubok) ay binubuhat paitaas.

3.8 Mga kundisyon sa pangangasiwa ng mga bangkang kabilang sa Kategoriya ng Disenyo A at B

3.8.1 Ang bilang at uri ng kundisyon sa pangangasiwa ay dapat ayon sa kasiyahan ng Karampatang Awtoridad at dapat kasama ang mga sumusunod kung naaangkop:

- .1 paglalakbay patungo sa lugar na pangingsdaan na puno ng gasolina, baon, yelo, gamit pangisda, atbp.;
- .2 paglalakbay mula sa lugar na pinangingsdaan na puno ng huli, 30% na baon, gasolina, atbp.;
- .3 pagdating sa bahay-daungan na puno ng huli, 10% na baon, gasolina, atbp.;
- .4 pagdating sa bahay-daungan na may 10% na baon, gasolina, atbp. at minimum na huli, na karaniwang may 20% na pagkakapuno ng huli, subalit maaaring hanggang 40% kung ang Karampatang Awtoridad ay kuntento na ang kasanayan ng operasyon ay pinangangatuwiran ang nasabing bilang.

3.8.2 Bilang karagdagan sa mga kundisyon sa pangangasiwa na naibigay sa 3.8.1, ang Karampatang Awtoridad ay dapat ding makuntento sa minimum na pamantayan sa katatagan ng bangka na naibigay sa 3.2 at 3.4, kung saan naaangkop, ay nasunod ayon sa aktuwal na kundisyon sa pangangasiwa kasama ang mga may pinakamababang bilang ng katatagan ayon sa parametro ng katatagan na kasama sa mga pamantayang ito. Ang Karampatang Awtoridad ay dapat ding masiyahan na ang mga natatanging kundisyon kaugnay sa pagpalit ng pamamaraan ng bangka o lugar ng operasyon na nakakaapekto sa pagsasaalang-alang sa katatagan sa kabanatang ito ay dapat na matugunan.

3.8.3 Ukol sa mga kundisyong tinukoy sa 3.8.1, ang kalkulasyon ay dapat na sumaklaw sa mga sumusunod:

- .1 pataan sa bigat ng basang lambat, mga pansing atbp., sa palapag ng bangka;
- .2 pataan sa pagdagdag ng bigat ng yelo, kung inaasahan, alinsunod sa 3.9;
- .3 magkakauring pagkakahanay at distribusyon ng mga huli, maliban kung ito ay likas na kasalungat ng nakaugalian;

- .4 catch on deck, if anticipated, in operating conditions referred to in 3.8.1.2, 3.8.1.3 and 3.8.2; and
- .5 allowance for the free surface effect of liquids and, if applicable, catch carried.

3.9 Ice accretion

3.9.1 For vessels operating in areas where ice accretion is likely to occur the following icing allowance should be made in the stability calculations:*

- .1 30 kg/m² on exposed weather decks and gangways;
- .2 7.5 kg/m² for the projected lateral area of each side of the vessel above the waterplane; and
- .3 the projected lateral area of discontinuous surfaces of rail, spars (except masts) and rigging of vessels having no sails and the projected lateral area of other small objects should be computed by increasing the total projected area of continuous surfaces by 5% and the static moments of this area by 10%.

3.9.2 The height of the centre of gravity of ice accretion should be calculated according to the position of corresponding parts of the decks and gangways and other continuous surfaces on which ice can accumulate.

3.9.3 Vessels intended for operation in areas where ice accretion is known to occur should be:

- .1 designed to minimize the accretion of ice; and
- .2 equipped with such means for removing ice as the Competent Authority may require.**

3.10 Inclining test for decked vessels

3.10.1 Every decked vessel, for which the stability criteria in 3.2.1 are used, should undergo an inclining test upon its completion and the actual displacement and position of the centre of gravity should be determined for the light ship condition.

3.10.2 Where alterations are made to a vessel affecting its light ship condition and the position of the centre of gravity, the vessel should, if the Competent Authority considers this necessary, be re-inclined and the stability information revised.

* For sea areas where ice accretion may occur and modifications of the icing allowance are suggested, refer to the Guidance relating to ice accretion, contained in recommendation 2 of attachment 3 to the Final Act of the 1993 Conference. Refer also to the Icing consideration and the Recommendation for skippers of vessels on ensuring a vessel's endurance in conditions of ice formation contained in appendix 10 to the annex to Part A of the Code of Safety for Fishermen and Vessels.

** Refer to 2.4 of appendix 10 to the annex to Part A of the Code of Safety for Fishermen and Vessels on a typical list of equipment and hand tool required for combating ice formation.

- .4 ang mga huli sa palapag, kung inaasahan, sa mga kundisyon sa pamamahalang nakasaad sa 3.8.1.2, 3.8.1.3 at 3.8.2; at
- .5 pataan para sa epekto ng malayang likido sa palapag at kung naaangkop, ang dalang mga huli.

3.9 Pagbubuo ng yelo

3.9.1 Sa mga bangkang naglalayag at tumatakbo sa mga lugar kung saan ang karagdagang pagbigat ng yelo ay maaaring mangyari, ang mga sumusunod na pagpapata sa pagyeyelo ay dapat na isama sa pagkalkula ng katatagan:¹¹

- .1 30 kg/m² sa nakalantad na palapag at mga tulayan/daanan;
- .2 7.5 kg/m² sa mga tinatayang pag-ilid na lugar sa bawat gilid ng bangkang nasa taas ng planada ng tubig; at
- .3 ang tinatayang pag-ilid na lugar ng mga hindi tuluy-tuloy na mga panig ng baranda, mga poste (maliban sa mga palo ng bangka) at pagkakaayos ng mga bangkang walang layag at mga tinatayang pag-ilid na lugar ng ibang maliliit na bagay ay dapat na kuwentahin sa pamamagitan ng pagdagdag ng 5% sa mga tuluy-tuloy na karayagan at 10% sa mga sandaling-istatik ng sukat na ito.

3.9.2 Ang taas ng pinakagitna ng grabidad ng pagbigat ng yelo ay dapat na kuwentahin ayon sa katumbas na mga bahagi ng palapag at mga tulayan at iba pang tuluy-tuloy na karayagan kung saan ang mga yelo ay maaaring maipon.

3.9.3 Ang mga bangkang naglalayong maglayag at ang operasyon ay sa mga lugar na posibleng magkaroon ng pagbibigat ng yelo ay dapat na:

- .1 dinisenyo upang makapagbawas ng pagbibigat ng yelo; at
- .2 may kaukulang pamamaraan ng pagtanggap ng yelo na maaaring iatas ng Karampatang Awtoridad.¹²

3.10 Pakiling na pagsubok sa mga bangkang may palapag

3.10.1 Bawat bangkang may palapag, kung saan ang pamantasan ng katatagang tinukoy sa 3.2.1 ay ginamit, ay dapat na dumaan sa pakiling na pagsusubok oras na ito ay matapos at ang aktuwal na kabuuang hinahalilihan at ang gitnang posisyon ng sentro ng grabidad ay dapat ding matiyak sa magaan kundisyon ng bangka;

3.10.2 Kung may pagbabagong ginawa sa bangka na nakakaapekto sa magaan kundisyon ng bangka at sa posisyon ng sentro ng grabidad, ang bangka ay dapat, kung sa palagay ng Karampatang Awtoridad ay kinakailangan, muling ikiling at wastuhin ang impormasyon sa katatagan nito.

¹¹ Sa mga bahagi ng dagat na maaring may pagbubuo ng yelo at kung saan ang pagbatbat para sa pagyeyelo ay iminumungkahi, sumanguni sa *Guidance relating to ice accretion*, na nakasaad sa *recommendation 2 of attachment 3 to the Final Act of the 1993 Conference*. Sumanguni rin sa *Icing consideration and the Recommendation for skippers of vessels on ensuring a vessel's endurance in conditions of ice formation* na nakasaad sa *appendix 10 to the annex to Part A of the Code of Safety for Fishermen and Vessels*.

¹² Sumanguni sa 2.4 ng *appendix 10 to the annex to Part A of the Code of Safety for Fishermen and Vessels* para sa tipikal na listahan ng mga aparato at mga kasangkapang gamit pang-kamay na kinakailangan para sa paglaban sa pagporma ng yelo.

3.11 Built-in buoyancy for undecked vessels

3.11.1 Every undecked vessel should be fitted with buoyancy compartments, which are filled with solid buoyancy material, acceptable to the Competent Authority; distributed so that the vessel will stay afloat and on an even keel in order that bailing is possible, without listing if flooded. This buoyancy should be demonstrated by a calculation and/or by a practical test:

- .1 calculations, using one of the following methods:

Method 1*

- A. Establish the hull weight (W_H) of the vessel (excluding engine, fittings, equipment, fuel, water, fish, ice, fishing gear, crew, food, etc.). This can be done by calculation or by using the following approximate formulae:

Hull weight of decked vessel = approx $90 \times CuNo$;

Hull weight of undecked GRP vessel = approx $60 \times CuNo$;

Hull weight of undecked Wood vessel = approx $75 \times CuNo$.

- B. Establish weight of engine(s) and engine related equipment (W_E) not included in A.
- C. Establish weight of fittings and equipment (W_F) not included in A.
- D. Establish weight of the load (W_L) which the vessel is designed to carry. (Note: This will include fishing gear and other removable items which will contribute weight to the submerged vessel; **but not** items which will float when the vessel is submerged such as fuel, water, fish, ice and food, **however**, if such items are stowed above the deck edge and thus above the water when the vessel is submerged then they should be included in the load.)
- E. Establish the weight of the maximum number of crew (W_{CR}). (Note: A figure of 75 kg per crew is often used although a Competent Authority may wish to substitute a different figure. Also it is assumed that the crew will be in or on the vessel but submerged only up to the knee.)
- F. The weights calculated above need to be converted to submerged weight using the buoyancy factors (K) given below:

* Method 1 is based on – Canadian Transport Publication 1332 E.

3.11 Kasamang naitatag na mga kakayahan sa paglutang sa mga bangkang walang palapag

3.11.1 Bawat bangkang walang palapag ay dapat magkaroon ng nakapirming kompartimento para sa mga pampalutang, kung saan puno ng solidong mga materyal na pampalutang, katanggap-tangaap sa Karampatang Awtoridad, naibaha-bahagi sa lahat ng parte ng bangka upang ang bangka ay makalutang at nasa pantay na kilya at nang sa gayon ay maging posible ang paglalagak, at hindi na kinakailangan ang paglilimas pa oras na ito ay mabaha. Ang kakayahan sa paglutang na ito ay dapat maipakita base sa kalkulasyon at/o ng praktikal na pagsusuri.

.1 kalkulasyon, gamit ang isa mga pamamaraang sumusunod:

Pamamaraan 1¹³

A. Alamin ang bigat ng katawan ng bangka (W_H) (maliban sa makina, mga agpang, kagamitan, langis-panggatong, yelo, gamit pangisda, kawani, mga pagkain, atbp.). Maaari itong kalkulahan o gamitin ang mga sumusunod na tayang pormula:

Bigat ng katawan ng bangka = humigit-kumulang $90 \times CuNo$;

Bigat ng kaskong walang palapag na yari sa $GRP= 60 \times CuNo$;

Bigat ng kaskong walang palapag na yari sa kahoy = humigit-kumulang $75 \times CuNo$.

B. Alamin ang bigat ng (mga) makina at mga kagamitang may kaugnayan sa makina (W_E) na hindi kasali sa A.

C. Alamin ang bigat ng mga agpang at mga aparato (W_F) na hindi kasali sa A.

D. Alamin ang bigat ng kargada (W_L) na nakadisenyong kargahin ng bangka. (Takda: Kasama na rito ang gamit pangisda at iba pang natatanggal na mga bagay na maaaring makadagdag sa bigat ng nakalubog na bangka; subalit **hindi** ang mga bagay na maaaring lumutang kung ang bangka ay nakalubog tulad ng langis-panggatong, tubig, isda, yelo at mga pagkain, **gayunpaman**, kung ang mga nasabing mga bagay ay nakaempake sa gilid ng palapag at nangangahulugang ang mga ito ay mas mataas sa tubig oras na ang bangka ay nakalubog, samakatuwid, ito ay kailangang isali sa mga kargada.)

E. Alamin ang bigat ng pinakamaraming bilang ng kawani (W_{CR}). (Takda: Kadalasang 75 kg kada kawani ang ginagamit na bilang subalit maaaring maghalili ang Karampatang Awtoridad ng iba pang bilang. At ipinapalagay na ang kawani ay nasa bangka subalit nakalubog lamang hanggang tuhod).

F. Ang mga bigat na kinalkula sa itaas ay kailangang isalin sa nakalubog na timbang gamit ang salik sa kakayahan sa paglutang (K) na nasa ibaba:

¹³ Ang pamamaraan 1 ay base sa – *Canadian Transport Publication 1332 E*.

Material	Specific Gravity, SG	Buoyancy Factor, K
Heavy wood	0.8	+0.25
Medium wood	0.65	+0.54
Light wood	0.5	+1
Steel	7.85	-0.87
Aluminium	2.65	-0.62
Fibreglass	1.5	-0.33
Lead	11.3	-0.91
Concrete	2.4	-0.58
Engines		-0.75
Crew		-0.1

Notes:

1. Other materials may be included by use of the following formula:
Buoyancy factor, $K = (1 - SG) / SG$.
2. It is **very** important to use the correct sign (+ or -) with the factor K.

G. Generate a table as follows:

Item	Weight (kg)	Buoyancy factor, K	Submerged weight (kg)
Hull not submerged (10%)	10% W_H	-1	10% $W_H \times K$
Hull submerged (90%)	90% W_H	From table	90% $W_H \times K$
Engine(s) and engine-related equipment	W_E	From table	$W_E \times K$
Hull fittings and equipment	W_F	From table	$W_F \times K$
Load	W_L	From table	$W_L \times K$
Crew load	W_{CR}	-0.1	$W_{CR} \times -0.1$
			Sum submerged weights, W_S

H. Calculate the volume of buoyancy required, $m^3 = W_S / (1000 - D_B)$

Where D_B = density of buoyancy material, kg/m^3 .

Method 2*

Volume of buoyancy (litres) = Hull (kg) + Equipment (kg) + Motor (kg) + 250M

where:

$M = 0.1 \text{ LOA } B$; and

LOA and B , in metres, are as defined in 1.2.24 and 1.2.5.

For a wooden vessel, the calculations may take into account half the volume of the buoyancy of the wood.

* Method 2 is based on – New Zealand Maritime Rules Part 40D.

Materyal	Espisipikong Grabidad, SG	Salik sa Kakayahan sa Paglutang, K
Mabigat na kahoy	0.8	+0.25
Katamtamang kahoy	0.65	+0.54
Magaan na kahoy	0.5	+1
Bakal	7.85	-0.87
Aluminum	2.65	-0.62
Fiberglass	1.5	-0.33
Tingga	11.3	-0/91
Kongkreto	2.4	-0.58
Mga Makina		-0.75
Kawani		-0/1

Takda:

1. Ang iba pang materyal ay maaaring isama gamit ang sumusunod na pormula:
Salik sa Kakayahan sa Paglutang, $K = (1-SG)/ SG$.
2. Labis na mahalagang gamitin ang tamang simbolo (+/ -) kasama ang salik K .

G. Lumikha ng sumusunod na talahanayan:

Bagay	Bigat (kg)	Salik sa kakayahan sa paglutang, K	Nakalubog na bigat
Katawan ng bangkang hindi nakalubog (10%)	10% W_H	-1	10% $W_H \times K$
Kaskong nakalubog (90%)	90% W_H	Mula sa talahanayan	90% $W_H \times K$
Makina (mga) at mga kagamitang may kaugnayan sa makina	W_E	Mula sa talahanayan	$W_E \times K$
Agpang sa katawan ng bangka at mga aparato	W_F	Mula sa talahanayan	$W_F \times K$
Karga	W_L	Mula sa talahanayan	$W_L \times K$
Kawaning lulan	W_{CR}	-0.1	$W_{CR} \times -0.1$
			Kabuuang nakalubog na bigat, W_S

H. Kalkulahin ang kabuuang kalutangan ng materyal, $kg/m^3 = W_S / (1000 - D_B)$

Kung saan D_B = densidad ng kalutangan ng materyal

Pamamaraan 2¹⁴

Taning ng kalutangan (litro) = katawan ng bangka (kg) + Aparato (kg) + Motor (kg) + 250M

Kung saan :

$$M = 0.1 \text{ LOA } B; \text{ at}$$

LOA at B, sa metro, ay tinukoy sa 1.2.24 at 1.2.5

Sa mga bangkang yari sa kahoy, ang kalkulasyon ay maaaring magsama sa kalahati ng kabuuang taning ng kalutangan ng kahoy.

¹⁴ Ang pamamaraan 2 ay base sa *New Zealand Maritime Rules Part 40D*.

- .2 completing a practical test as follows:

The vessel should be loaded with a simulation of the equipment and motor weights plus 250M (as above) kg and then be flooded to the point of submergence. The vessel should then bear a weight of 15 kg on the gunwale amidships on one side of the vessel, without capsizing.

3.11.2 Annex XIII shows a practical buoyancy test, which may be used as an alternative.

3.12 Stability information

3.12.1 Where practicable, suitable stability information, to the satisfaction of the Competent Authority, should be supplied to enable the skipper to assess with ease the stability of the vessel under various operating conditions.* Such information should include specific instructions to the skipper warning of those operating conditions which could adversely affect either the stability or the trim of the vessel.**

3.12.2 The stability information, referred to in 3.12.1, should be posted on board, readily accessible at all times and inspected at the periodical surveys of the vessel to ensure that it is still valid.

3.12.3 Where alterations are made to a vessel affecting its stability, revised stability calculations should be undertaken to the satisfaction of the Competent Authority. If the Competent Authority requires that the stability information should be revised, the new information should be supplied to the skipper and the superseded information removed.

3.13 Portable fish-hold divisions

The catch should be properly secured against shifting which could cause dangerous trim or heel of the vessel. The scantlings of portable fish-hold divisions, if fitted, should be to the satisfaction of the Competent Authority. The scantlings of portable fish-hold divisions, if fitted, should be in accordance with the recommended practice on portable fish-hold divisions set out in annex X.

3.14 Bow height

The bow height should be sufficient, to the satisfaction of the Competent Authority, to prevent the excessive shipping of water and should be determined taking account of the seasonal weather conditions, and the design category in which the vessel is intended to operate and its mode of operation.

3.15 Maximum permissible operating draught

The maximum permissible operating draught should be to the satisfaction of the Competent Authority and should be such that, in the associated operating condition, the stability criteria of this chapter and the provisions of chapters 2 and 6, as appropriate, are satisfied.

* Refer to annex XI containing an example of a stability notice. See also the General provisions against capsizing and information for the master, contained in chapter 2 of the Code on Intact Stability, adopted by the Organization by resolution A.749(18), as amended.

** Refer to the Code of practice concerning the accuracy of stability information for vessels, adopted by the Organization by resolution A.267(VIII).

.2 pagkumpleto sa pagsusuring praktikal ayon sa sumusunod:

Ang bangka ay dapat may lulang panggap na bigat ng mga aparato at motor at 250M (ayon sa itaas) kg at binaha hanggang sa puntong nakalubog. Pagkatapos, ang bangka ay papasan ng bigat na 15kg sa kanyon na nasa gitna sa isang panig ng bangka, nang hindi tumataob.

3.11.2 Ipinapakita ng Annex XIII ang praktikal na pagsusuri sa kakayahan sa paglutang, na maaaring gamiting panghalili.

3.12 Impormasyon sa katatagan

3.12.1 Hangga't maaari, ang sapat na impormasyon sa katatagan, na kasiya-siya sa Karampatang Awtoridad, ay dapat ibigay upang magaan matasahan ng Kapitan ang katatagan ng bangka sa iba't-ibang kundisyon ng pagpapatakbo.¹⁵ Dapat kasama ng mga nabanggit na impormasyon ang tukoy na tagubilin na nagbibigay babala sa mga kundisyon ng pagpapatakbo na maaaring makaapekto ng salungat alinman sa tibay, tatag at lagay ng bangka.¹⁶

3.12.2. Kung may mga binago sa bangka na makakaapekto sa katatagan nito, dapat isagawa ang binagong kalkulasyon sa katatagan ayon sa kasiyahan ng Karampatang Awtoridad. Kung inatasan ng Karampatang Awtoridad ang pagbabago ng impormasyon sa katatagan, ang bagong impormasyon ay dapat ibigay sa Kapitan at tanggalin ang mga hinalinhinan nitong impormasyon.¹⁷

3.13 Mga portable na dibisyon ng lagayan ng isda

Ang huli ay dapat siniguro upang hindi lumipat ng lugar na maaaring maging sanhi ng pagtagilid ng bangka. Ang *scantling* ng mga *portable* na dibisyon ng lagayan ng isda, kung mayroon, ay dapat alinsunod sa kasiyahan ng Karampatang Awtoridad. Ang *scantling* ng mga *portable* na dibisyon ng lagayan ng isda, kung mayroon, ay dapat alinsunod sa mungkahing paraan sa Annex X.

3.14 Taas ng purwa

Ang taas ng purwa ay dapat sapat, ayon sa kasiyahan ng Karampatang Awtoridad, upang maiwasan ang labis na paglipat ng tubig at dapat tinukoy habang binibigyang-halaga ang pabago-bagong kundisyon ng panahon, at ang kategorya ng disenyo kung saan ang bangka ay dapat maglayag at paraan ng operasyon nito.

3.15 Pinakamalaking pinahihintulatang lalim sa paglutang ng bangka

Ang pinakamalaking pinahihintulatang lalim ng pagkakalubog ng bangka ay dapat ayon sa kasiyahan ng Karampatang Awtoridad at dapat, sa kaugnay na kundisyon ng pamamahala, ang pamantayan sa katatagan ng kabanatang ito at ang mga probisyon ng kabanata 2 at 6, kung angkop, ay natupad.

¹⁵ Sumangguni sa Annex XI na naglalaman ng halimbawa sa pagbibigay-alam sa katatagan. Tingnan din ang Pangkalahatang probisyon laban sa pagkakataob at impormasyon para sa maestro, na nakapaloob sa Kabanata 2 ng *Code on Intact Stability*, na pinagtibay ng Organisasyon sa pamamagitan ng *resolution A.749(18)*, as amended.

¹⁶ Sumangguni sa *Code of practice concerning the accuracy of stability information for vessels*, na pinagtibay ng Organisasyon sa pamamagitan ng *resolution A.267(VIII)*.

CHAPTER 4 MACHINERY AND ELECTRICAL INSTALLATIONS

PART 1 – MACHINERY

4.1 General

4.1.1 Machinery and electrical installations should be designed, constructed and installed in accordance with good marine engineering practice. Equipment should be installed, protected and maintained so as not to constitute a danger to persons and the vessel.

4.1.2 Access for persons to machinery spaces should be arranged clear of any moving or heated surfaces and the latter should be sufficiently insulated. Effective guards should protect exposed moving parts such as shafts, drive pulleys and belts. Access ladders should be securely fixed to the vessel's permanent structure and should be of a metal such as steel where practicable.

4.1.3 Layout and installation of machinery spaces and propulsion machinery should be designed for safe and efficient operation.

4.1.4 Light fittings should be watertight, where practicable, and designed to facilitate easy inspection and be unaffected by vibration.

4.1.5 Ventilation should be provided either by mechanical fans or natural vents to meet the air requirements of the propulsion machinery and to prevent build-up of fumes and excessive heat.

4.1.6 Floor plates, where fitted, should be non-slip and securely fastened with accessible fasteners.

4.1.7 Piping materials, including plastic piping where allowed by the Competent Authority, should be suitable for their intended purpose; in choosing the material to be used it should be ensured that there would be no failure or degradation of the pipe as a result of any reaction with the fluid.

4.1.8 Tools, spare parts and spare gear required for routine maintenance and simple repairs should be provided for machinery and should be securely stowed in an easily accessible place. Guidance on tools and spare parts is to be found in annex XIV.

4.1.9 Valves, piping and flexible hoses should be of sound and efficient construction and installation. All piping systems should be well supported with pipe clips or mounts and protected against vibration and chafing/wear.

4.1.10 Where pipework is replaced, alignment of the replacement part should be as close as possible to the original.

4.1.11 Machinery of vessels intended for operation in ice should be appropriate for the anticipated conditions.

4.2 Propulsion machinery and stern gear

4.2.1 Propulsion engines and associated stern gear should be of a design, type and rating to suit the design and size of the vessel taking account of the operating conditions and area of operation.

KABANATA 4 MAKINARYA AT PAGLALAGAY NG KURYENTE

BAHAGI 1 - MAKINARYA

4.1 Pangkalahatan

4.1.1. Ang makinarya at paglalagay ng kuryente ay dapat dinisenyo, ginawa at ikinabit alinsunod sa mahusay na kaugaliang marino. Ang mga aparato ay dapat na ikinabit, protektado at minimintina upang hindi maging sanhi ng panganib sa bangka at mga taong sakay nito.

4.1.2 Ang daanan ng mga tao patungong lugar ng mga makinarya ay dapat na nakahawan nang maayos mula sa anumang gumagalaw o nag-iinit na bahagi at ang huli ay dapat na insulado. Dapat na naprotektahan ng epektibong pananggol ang mga nakalitaw na gumagalaw na bahagi tulad ng baras, kalo at mga sinturon. Ang mga hagdan ay dapat nakapirmi sa permanenteng istraktura ng bangka at ay dapat na yari sa bakal kung saan naaangkop.

4.1.3 Ang kalatagan at pagkakalagay ng lugar pang-makinarya at makinaryang pampaandar ay dapat na dinisenyo para sa ligtas at mahusay na operasyon.

4.1.4 Hangga't maaari, ang mga lagayan ng ilaw ay dapat hindi pinapasukan ng tubig, at dinisenyo upang mapadali ang inspeksiyon at hindi naapektuhan ng pagyanig.

4.1.5 Dapat na magkaroon ng maayos na bentilasyon sa pamamagitan ng mekanikal na bentilador o natural na bintana upang matugunan ang kinakailangang hangin ng makinaryang pangpaandar at nang maiwasan ang pag-iipon ng usok at labis na init.

4.1.6 Ang mga plata sa sahig, kung mayroon, ay dapat hindi nakakadulas at mahigpit na nakakabit gamit ang napupuntahang pangkabit.

4.1.7 Ang mga materyal para sa tubo, kasama ang plastik na tubo, kung pinayagan ng Karampatang Awtoridad, ay dapat na ayon sa nilalayong paggamit; dapat masiguro na sa pagpili ng gagamiting materyal, dapat na walang anumang masama at nakapipinsalang reaksiyon ng likido sa tubo.

4.1.8 Dapat magkaroon ng mga kasangkapan, laang bahagi at laang gamit na kinakailangan sa karaniwang pagmimintina at simpleng pagkumpuni para sa makinarya at dapat na nakasinop sa isang madaling mapuntahang lugar. Ang mga patnubay sa mga kasangkapan, laang bahagi ay makikita sa Annex XIV.

4.1.9 Ang mga balbula, tubo at nababaluktot na mga tubo ay dapat na epektibo at mahusay ang pagkakagawa at pagkakalagay. Lahat ng sistema sa tubo ay dapat na suportado ng sipit sa tubo o pandikit at protektado mula sa pagyanig at pagkapudpod.

4.1.10 Kung saan ang mga tubo ay pinalitan, ang pagkakahayan ng bahagi ng kapalit ay dapat na malapit, hangga't maaari, sa orihinal.

4.1.11 Ang makinarya ng bangka na nilayon para sa operasyon sa yelo ay dapat na naaangkop para sa inaasahang kundisyon.

4.2 Makinaryang pampaandar at kagamitan sa popa

4.2.1 Ang mga makina at kaugnay na kagamitan sa popa ay dapat may disenyo, uri at grado na nababagay sa disenyo at laki ng bangka at isinasalang-alang ang kundisyon at lugar ng operasyon nito.

4.2.2 Inboard engines should in general be diesel powered. However, in the case of undecked vessels, inboard petrol engines may be fitted provided appropriate safety requirements are followed.

4.2.3 Flexibly mounted engines should be fitted with short flexible connections of an appropriate type, fitted to associated piping and exhaust systems. Flexible shaft couplings should be suitable for the power to be transmitted taking into consideration arrangements to cater for thrust and be of a type that would not create unacceptable torsional vibrations.

4.2.4 A vessel of design categories A and B fitted with an inboard engine should have adequate means and power for going astern in order to maintain control of the vessel in all foreseeable circumstances.

Outboard engines

4.2.5 Outboard engines should be securely mounted on a substantial transom; a secondary means of securing the outboard engine to the transom should be provided, such as a chain. Outboard engines with output more than 15 kW should be surrounded by an overboard drained well, large enough to allow the engine to be tilted entirely above the waterline in parked position. Undecked vessels should have alternative means of propulsion such as oars, paddles or sails.

4.3 Shaft and propeller

4.3.1 The propeller shaft and any intermediate shaft, together with the stern tube, bearings and bushes, should be properly constructed and operate efficiently. Shaft materials, diameter and eventual free span between bearings should be suitable for the power being transmitted and according to manufacturer's requirements. Inboard stern glands should be accessible for adjustment.

4.3.2 As a minimum, the shaft diameter should be:

$$d = k * \sqrt[3]{\frac{p}{r}}$$

where:

- d = shaft diameter in mm
- p = Maximum Continuous Rating in kW
- r = propeller revolutions per second
- k = 30 for carbon steel
- = 23 for AISI 316
- = 22 for AISI 431
- = 21 for AISI 429
- = 18 for CuNi K500.

4.4 Engine starting

All propulsion engines, excepting those engines fitted with hand starting arrangements, should be provided with a secondary means of starting.

4.2.2 Sa pangkalahatan, ang mga makinang *inboard* ay dapat na *diesel* ang gatong. Gayunpaman, sa kaso ng mga bangkang walang palapag, ang makinang *inboard* na gumagamit ng gasolina ay maaaring gamitin kung ito ay alinsunod sa pamantayan ng kaligtasan.

4.2.3 Dapat malagyan ng tamang uri ng maigsing nababaluktot na koneksiyon ang mga malubay na makina, nakakabit kasama ang kaugnay na mga tubo at sistemang pang-tambutso. Dapat sapat ang mga nababaluktot na baras-pangkabit upang madala ang kuryente habang isinasaalang-alang ang pagkakaayos ng mga ito upang mapagana ang pagtulak at dapat may uri na hindi magdudulot ng labis na pagyanig.

4.2.4 Ang mga bangkang nabibilang as Kategoriya ng Disenyo A at B na gumagamit ng *inboard* na makina ay dapat magkaroon ng kaparaanan at sapat na lakas upang ito ay makaatras nang sa gayon ay mapanatili ang pangangasiwa sa bangka sa anumang pangyayari sa hinaharap.

Outboard na mga makina

4.2.5 Ang mga makinang *outboard* ay dapat na maayos ang pagkakakabit sa isang sapat na trabisanyo; dapat ilaan ang isang pangalawang pamamaraan ng pagkabit sa trabisanyo, tulad ng kadena, upang siguruhin ang makinang *outboard*. Ang mga makinang *outboard* na may lakas na hihigit sa 15kW ay dapat palibutan ng maayos na paagusang palabas ng bangka, sapat ang laki upang pahintulutan ang makinang mapatagilid ng mabuti sa itaas ng linya ng tubig sa nakahimpil na posisyon. Ang mga bangkang walang palapag ay dapat magkaroon ng alternatibong paraan ng pagpapaandar tulad ng sagwan, palu-palo o layag.

4.3 Puluhan at pala

4.3.1 Ang puluhan ng pala at anumang intermedyang puluhan, kasama na ang tubo sa popa, mga bering at bulitas ay dapat maayos ang pagkakagawa at gumagana ng mahusay. Ang mga materyal para sa puluhan, dyametro at malayang pagitan ng bering ay dapat na sapat upang madala ang kuryente ng ayon sa hinihiling ng pagawaan. Ang glandula sa popa ng *inboard* ay dapat madaling napupuntahan para sa pagsasaayos.

4.3.2 Ang pinakamaliit na dyametro ng puluhan ay dapat:

$$d = k \sqrt[3]{\frac{p}{r}}$$

kung saan:

- d = dyametro ng puluhan sa mm
- p = pinakamalaking tuluy-tuloy na grado (*Maximum Continuous Rating*) sa kW
- r = rebolusyon ng pala kada segundo
- k = 30 sa bakal na karbon
- = 23 para sa AISI 316
- = 22 para sa AISI 431
- = 21 para sa AISI 429
- = 18 para sa CuNi K500

4.4 Pag-papaandar ng makina

Lahat ng pagpapaandar ng makina, maliban sa mga makinang may pamamaraang pang-kamay, ay dapat magkaroon ng pangalawang pamamaraan ng pagpapaandar.

4.5 Controls and instruments

4.5.1 The controls should be properly constructed and operate efficiently. Instrumentation system for the propulsion engine should, where practicable, show the following parameters:

- .1 RPM;
- .2 cooling water temperature; and
- .3 lubricating oil pressure.

4.5.2 High water temperature and low lubricating oil pressure alarms should be fitted, where practicable.

4.5.3 Propulsion engines fitted below deck in a machinery space and arranged for remote operation from the wheelhouse or helm position should be provided with an arrangement on or adjacent to the engine to stop it.

4.6 Steering gear

4.6.1 The steering arrangements, including the rudder and associated fittings, should be of adequate strength and capable of steering the vessel at maximum speed, and should be so designed and constructed that they are not damaged at maximum astern speed or by manoeuvring during fishing operations.

4.6.2 All parts of the steering gear should be easily accessible for maintenance. For guidance on steering gear refer to annex XV.

4.6.3 Vessels should be provided with an alternative means of steering which would operate if the main system fails; this may include a steering oar.

4.7 Pumping and piping systems

Fuel oil installations

4.7.1 Tanks for fuel oil should be of sound and efficient construction and safe in operation and should be located remote from heated surfaces and not be situated above hot surfaces and electrical equipment. Tanks and piping should be arranged to minimize in the event of leakage or rupture the possibility that fuel would come into contact with hot surfaces or electrical components. All fuel tanks should be fitted either with a level gauge or able to be sounded manually. Glass contents gauges, where fitted, should have self-closing valves at the base and be protected by metal rods or slotted covers. Fixed tanks should be fitted with separate filling and air pipes. A closing valve should be fitted on the fuel pipe line, as close as possible to the tank, and should also be closable from outside the engine-room. There should be a drain valve as close as possible to the tank's lowest point.

4.7.2 Piping systems should be of sound construction and suitable for the service intended. Flexible connections should be of an appropriate armoured fire-resistant type, preferably with flange or threaded fastener fittings, and kept as short as practicable. If hose clamps are used, double clamps of an acid-resistant material should be fitted at each coupling.

4.5 Mga kontrol at mga instrumento

4.5.1 Ang lahat ng kontrol ay dapat maayos ang pagkakagawa at gumagana ng maayos. Ang mga sistemang pang-instrumentasyon sa pagpapaandar ng makina, hangga't maaari, ay dapat nagpapakita sa mga sumusunod na parametro:

- .1 *RPM*;
- .2 temperatura ng pampalamig na tubig
- .3 presyon ng langis

4.5.2 Hangga't maaari, dapat na magkaroon ng alarma oras na tumaas ang temperatura ng pampalamig na tubig at bumaba ang presyon ng langis.

4.6 Manubela

4.6.1 Ang pagkakaayos ng manubela, kasama na ang timon at mga kaugnay na agpang, ay dapat sapat ang tibay at kayang mapangasiwaan ang bangka sa pinakamabilis nitong takbo at dapat ding dinisenyo at ginawa na hindi nasisira dahil sa mabilis na pag-atras o pangangasiwa habang nangingisda.

4.6.2 Ang lahat ng bahagi ng manubela ay dapat madaling puntahan para sa pagmimintina. Para sa gabay sa manubela, sumangguni sa Annex XV.

4.6.3 Ang mga bangka ay dapat magkaroon ng alternatibong pamamaraan sa pagmamaneho na gumagana kung ang pangunahing sistema ay hindi gumana, kasama na rito ang sagwan.

4.7 Mga bomba at sistema ng mga tubo

Instalasyon ng pang-gasolina at langis

4.7.1 Ang mga tangke ng langis at gasolina ay dapat maayos at mahusay ang pagkakagawa at ligtas ang operasyon nito at dapat na nakalagay malayo sa umiinit na lugar at hindi dapat nakalagay sa itaas ng maiinit na bahagi at mga aparatong de-kuryente. Ang mga tangke at tubo ay dapat maayos upang maiwasan ang anumang maaaring pagtagas ng langis-panggatong oras na mabutas ang mga ito at malagay sa maiinit na bahagi o anumang gamit na de-kuryente. Lahat ng mga tangke ng langis-panggatong ay dapat malagyan ng alinman sa panukat ng lebel o dami o kaparaanang masukat ng manwal. Ang mga salaming bumabalot sa panukat, kung nakalagay, ay dapat magkaroon ng balbulang kusang nagsasara sa ilalim at dapat protektado ng metal na baras o takip. Ang mga tangkeng nakapirmi ay dapat magkaroon ng hiwalay na tubo para sa pagpupuno at tubo para sa hangin. Ang balbulang tagasara ay dapat nakalagay sa linya ng tubo, hanggang sa pinakaposibleng lapit nito sa tangke, at maaring isara mula sa labas ng silid ng makina. Dapat magkaroon ito ng paagusang balbula sa pinakaposibleng lapit nito sa pinakamababang bahagi ng tangke.

4.7.2 Ang sistema sa tubo ay dapat maayos ang pagkakagawa at angkop sa nilalayong serbisyo nito. Ang mga nababaluktot na dugtungan ay dapat may akma pangontra sa apoy, kung maaari ay may pampatigas o may *thread* na pangkabit at nanatiling maigsi hangga't maaari.

4.7.3 Petrol tanks should not be integral with the hull structure. An efficient system should be installed to ensure that petrol does not spill into the hull of the vessel when tanks are being filled. They should not be placed close to any sources of heat or close to electrical machinery that may cause sparking. Petrol filling systems should be effectively bonded or earthed.

4.7.4 Portable petrol tanks for outboard motors should be secured when in use and arranged in such a way that they can be taken ashore for filling.

Cooling water systems

4.7.5 The piping and fittings are to be of sound construction and efficient in operation; and the following requirements should be met:

- .1 Cooling water inlets for main and auxiliary machinery should be kept to a minimum, noting that, where practicable, there should be one on either side of the hull, and comply with the requirements of sea inlets in 2.3.
- .2 Sea inlet trunks or boxes built into the hull structure should be of such a design that they remain below the waterline at all normal conditions of trim and heel, and should be fitted with arrangements for purging of trapped air.
- .3 An accessible strainer should be fitted after the sea inlet valve.
- .4 Where a common sea main supplying a number of services is installed, each branch pipe should be fitted with an easily accessible isolating valve, with open/closed indication.
- .5 Where two sea inlets are fitted as recommended in .1 above, an interconnecting pipe should be fitted between them; the connections being inboard of the strainers. The interconnecting pipe should be fitted with a valve complying with the requirement for sea inlets as set out in 2.3.
- .6 When modifications are made, particular care should be made in the selection and installation of appropriate materials and comply with the requirements in 4.7.16, 4.1.9 and 4.1.10.

Bilge pumping systems

4.7.6 Decked vessels should have an efficient bilge pumping arrangement fitted and, where practicable, each watertight compartment should have a bilge suction fitted with a non-return valve and strainer.

4.7.7 In the event that it is not practicable to have suction pipes to all watertight compartments, the Competent Authority may allow means to drain such compartments to the bilge main in the engine-room. Each compartment so drained should be fitted with an easily accessible gate valve at the bulkhead of the compartments, to which a screwed cap can be fitted to the outlet side of the valve (the cap to be attached to the valve by a chain) or with a blank flange. However, draining of any other compartment directly through the fish hold should not be allowed.

4.7.3 Ang tangke ng petrolyo ay hindi dapat nakasama sa kabuuan ng istraktura ng katawan ng bangka. Dapat magkaroon ng mabisang sistema upang masigurong ang petrolyo ay hindi tatapon sa katawan ng bangka kapag ang mga tangke ay pinupuno. Hindi dapat ilagay ang mga ito malapit sa anumang pinagmumulan ng init o malapit sa makinaryang de-kuryente na maaaring magsanhi ng pagsiklab. Ang sistemang naglalagay ng petrolyo ay dapat nakahinang o naka-ground.

4.7.4 Ang mga nabubuhay na tangke para sa mga *outboard* na motor ay dapat nakasiguro habang ginagamit at inayos sa kaparaanang maaaring dalhin sa pampang upang kargahan.

Sistemang nagpapalamig na tubig

4.7.5 Ang mga tubo o anumang mga kinakailangan sa pagkakabit ay dapat maayos ang pagkagawa at mabisa ang operasyon; at ang mga sumusunod na kinakailangan ay dapat matugunan:

- .1 Ang mga makikipot na pasukan ng pampalamig na tubig para sa pangunahin at pantulong na makinarya ay dapat ilagay sa minimum, habang binibigyang pansin hangga't maaari, na dapat magkaroon ng isa sa magkabilang panig ng katawan ng bangka, at sumunod sa mga iniatas hinggil sa mga makikipot na pasukan sa 2.3;
- .2 Ang mga daanan ng tubig-dagat o mga kahong ginawa para dito na nakasama sa istraktura ng katawan ng bangka ay dapat may disenyong nakapagpapanatili rito sa baba ng linya ng tubig sa anumang normal na kundisyon ng pagtango at pagkiling, at dapat magkaroon ng kaayusan para sa pagpapakawala ng nakulong na hangin.
- .3 Dapat magkaroon ng madaling mapuntahang tagasala kasunod ng balbula para sa tubig-dagat;
- .4 Kung saan may karaniwang daanan ng tubig-dagat na tumutustos sa maraming serbisyo, bawat sangay ng tubo ay dapat magkaroon ng balbulang naghilaw na madaling puntahan, na may indikasyon kung ito ay bukas/sarado;
- .5 Kung may nakakabit na dalawang daanan ng tubig-dagat na iminumungkahi sa .1 sa itaas, dapat may nakalagay na tubong nagdudugtong sa dalawa; ang dugtungan ay nasa loob ng tagasala. Ang dugtungan ay dapat lagyan ng balbulang alinsunod sa mga iminumungkahi sa pasukan ng tubig-dagat na itinakda sa 2.3;
- .6 Kapag may ginawang mga pagbabago, dapat ingatan ang pagsasagawa sa pagpili at paglalagay ng tamang materyales at tumalima sa kinakailangan sa 4.7.16, 4.1.9 at 4.1.10.

Mga sistemang panghigop at panlimas

4.7.6 Ang mga bangkang may palapag ay dapat magkaroon ng maayos na panghigop at panlimas at, kapag naaangkop, ang bawat kompartmentong hindi napapasukan ng tubig ay dapat may panghigop na may balbulang pumipigil sa pagbalik ng likido at tagasala.

6.1.2 Ang ibabaw ng mga palapag at mga sahig sa mga lugar-gawaan, gaya ng lugar ng mga makinarya, *galley*, lugar ng gamit-pangisda, at mga palapag malapit sa hagdanan, ay hindi dapat madulas.

6.1.3 Kung saan pupuwede, dapat may isang sapat na sistema ng mga pansagip-buhay na kumpleto sa kinakailangang mga kable, tali, kadena, turnilyo at hawakan.

6.1.4 Ang isang paraan, na dapat permanenteng nakakabit sa bangka, ay dapat ilaan sa bawat bangka upang makaakyat ang taong nasa tubig. Para sa mga bangka na pinamamahalaan ng nag-iisang tao, ang paraan ng pagsampa ay dapat kaya ng taong nasa tubig.

6.1.5 Para sa mga bangka na pinamamahalaan ng nag-iisang tao, ang Karampatang Awtoridad ay dapat maniguro na may paraan upang mapatigil ang makina kapag ang nagpapatakbo ay nahulog mula sa bangka. Dapat ang pamamaraan ay ligtas para sa nagpapatakbo.

6.1.6 Ang mga sakuna ay dapat maipagbigay-alam at masiyasat ng Karampatang Awtoridad²⁰.

6.2 Mga bukasang palapag at mga pintuan

6.2.1 Ang mga nakabisagra at dumadausdos na takip ng mga daanan, pinto at iba pang lagusan ay dapat nahahadlangan mula sa pagtatayon o hindi sinasadyang pagsasara.

6.2.2 Ang sukat ng mga lagusan ay dapat angkop sa pagkakagamitan.

6.2.3 Tungkol sa operasyon ng bangka, dapat may tamang proteksiyon para sa mga kawani sakaling sila ay mahulog mula sa mga lagusan.

6.2.4 Kung saan pupuwede, ang mga hawakan ay dapat nakalagay sa itaas ng mga takip ng lagusan.

6.2.5 Sa pangkalahatan, ang mga panlabas na lagusan at pintuan ay dapat sarado kapag naglalayag. Lahat ng mga lagusan na paminsan-minsan ay kinakailangang pinananatiling bukas sa panahon ng pangangisda at maaaring pagmulan ng pagbaha ay dapat isara agad kung ang panganib ng pagbaha ay maaring humantong sa paglubog at pagkawala ng balanse.

6.2.6 Ang mga gumagalaw na parte ng makinarya, tambor, pambatak ng tali at lambat ay dapat nababantayan ng sapat.

6.3 Dingding, harang at panangga

6.3.1 Sa mga bangkang may palapag, dapat may harang ang mga lugar-gawaan, mga karagdang palapag at mga nakatayong parte ng palapag. Sa mga bangkang walang palapag, ang taas ng harang at panangga ay dapat sapat upang mabawasan ang panganib ng pagkahulog mula sa bangka. Sa bawat bangkang may dingding o harang na mababa kaysa 1m, dapat maglagay ng panangga hanggang 1 m, ngunit kapag ito ay aabala sa pangangisda, dapat may kahalintulad na pamamaraan na tanggap ng Karampatang Awtoridad.

²⁰ Sumangguni sa 3.4 of Section I of Part A of the Code of Safety for Fishermen and Fishing Vessels.

6.3.2 Clearance below the lowest rail should not exceed 230 mm. Other rails should not be more than 250 mm apart, and the distance between stanchions should not be more than 1.5 m. Rails and bulwarks should be free from sharp edges and corners and should be of adequate strength.

6.3.3 Satisfactory means in the form of guard rails or lifelines should be provided for the protection of the crew in getting to and from their quarters, machinery spaces and other working spaces. Storm rails should be fitted on the outside of all deckhouses and casings.

6.3.4 Where equipment is normally incorporated in the structure of a bulwark or rail within the minimum height prescribed for the bulwark, or mounted between stanchions of a guard rail, provision should be made to protect the area when the equipment is not in place.

6.3.5 Where part of a bulwark or guard rail has to be removed for the purpose of the fishing operation, protection for the crew should be provided at the opening.

6.4 Stairways and ladders

For the safety of the crew, stairways and ladders should be of adequate size and strength, with handrails and anti-slip treads, to the satisfaction of the Competent Authority.

6.5 Safe access

Means should be provided, wherever necessary and to the extent practicable, to ensure sufficiently safe and convenient access to the vessel where facilities are not provided in the port. Such means should be of safe construction and adequate strength, be well illuminated and where practicable have anti-skid surfaces.

6.6 Cooking facilities

6.6.1 Cooking facilities should be provided with guard rails and hand rails.

6.6.2 Cooking stoves should be fitted with guards to retain cooking utensils.

6.7 Deck machinery, tackle and lifting gear

6.7.1 All powered winches and hauling equipment for fishing gear should be fitted with emergency stop safety devices. The emergency stop should be provided at the winch and at other appropriate places in the deck area, as well as in the wheelhouse. Special attention should be given in the case of deck machinery that is belt driven from a power source below deck level.

6.7.2 Controls of winches, line and net hauling equipment should be so placed that winch operators have ample room for their unimpeded operation and have as unobstructed a view as possible of the working area. Control handles should be provided, where necessary, with a suitable locking device in the stop/neutral position, to prevent accidental movements or displacement or unauthorized use.

6.7.3 Guidance on the safe operation of winches, line haulers and lifting gear is given in annex XXV.

6.3.2 Ang pagitan sa pinakamababang harang ay hindi dapat lumagpas ng 230 mm. Ang ibang harang ay hindi dapat lumagpas ng 250 mm ang pagitan, at ang layo ng bawat poste ay hindi dapat lumagpas ng 1.5 m. Ang mga harang at dingding ay dapat walang matalas na bahagi at matibay.

6.3.3 Dapat may sapat na proteksiyon, sa pamamagitan ng mga harang at gamit-pangkaligtasan, para sa pagpunta at bagbalik ng mga kawani sa kanilang mga silid, lugar ng makinarya at lugar-gawaan. Ang mga panangga laban sa bagyo ay dapat nakalagay sa bawat palapag at silid.

6.3.4 Kapag may nakatalagang kasangkapan sa lugar ng dingding o harang na nasa pinakamababang taas para sa dingding, o ito ay ikinakabit sa poste, dapat may sapat na proteksiyon ang naturang lugar kung ang kasangkapan ay wala dito.

6.3.5 Kapag ang dingding o harang ay aalisin upang makapangisda, dapat na may sapat na proteksiyon sa bukana para sa kawani.

6.4 Mga lagusang-akyatan at mga hagdanan

Para sa kaligtasan ng mga kawani, ang mga lagusang-akyatan at hagdanan ay dapat may tamang sukat at tibay, may hawakan at hindi madulas, na pasado sa Karampatang Awtoridad.

6.5 Ligtas na pagtungo

Dapat magkaroon ng ligtas at maginhawang paraan patungo sa bangka kapag walang pasilidad sa daungan para dito. Dapat ang paraan ay ligtas at matibay, may sapat na liwanag at hindi madulas.

6.6 Mga pasilidad sa pagluluto

6.6.1 Ang mga pasilidad sa pagluluto ay dapat may harang at makakapitan.

6.6.2 Ang mga kalan na gamit sa pagluluto ay dapat may harang upang mapanatili ang mga kagamitan sa pagluluto.

6.7 Mga makinarya sa palapag, kagamitang pantangan at pambuhat

6.7.1 Ang lahat ng mga kagamitang de-kuryente ay dapat magkaroon ng aparatong pampatigil sa panahon ng kagipitan. Ang aparato ay dapat nakalagay sa may tambor at sa iba pang angkop na lugar sa palapag, gayundin sa may manubela. Dapat bigyan ng kaukulang pansin ang mga makinaryang pinatatakbo ng sinturong gumagamit ng lakas galing sa ilalim ng palapag.

6.7.2 Ang mga pang-kontrol ng mga tambor, pambatak ng tali at lambat ay dapat naipuwesto upang ang gumagamit ay may sapat na puwang upang gumalaw at walang harang sa paningin. Dapat may hawakan ang pang-kontrol at may paraan upang ipirmi ito sa nakatigil/*neutral* na posisyon upang maiwasan ang aksidenteng paggalaw o pagkalipat o hindi awtorisading paggamit nito.

6.7.3 Ang gabay sa ligtas na operasyon ng mga tambor, pambatak at pambuhat ng tali ay nasasaad sa Annex XXV.

6.8 Lighting in working spaces and areas

6.8.1 All passageways, working spaces and working areas on board the vessel should be well lit. The quality and intensity of the lighting should be sufficient to ensure that the work can be carried out with full regard to health and safety.

6.8.2 The amount of light should be sufficient to distinguish details. The light should create suitable contrast conditions and should not glare.

6.8.3 Fish-holds should be provided with lighting ensuring adequate lighting in all conditions, both for orientation and during work in the hold.

6.8.4 The lighting should not interfere with the keeping of a proper lookout.

6.8.5 Where practicable, provision should be made for some form of emergency lighting.

6.9 Ventilation in working spaces

Ventilation in enclosed working spaces should be in accordance with the provisions of 5.10.

6.10 Medical services

6.10.1 Medical supplies, equipment and instructions as required by the Competent Authority should be provided in all vessels, taking into account the risks to which crew are exposed*. Guidance on the basic first aid kit can be found in annex XVIII.

6.10.2 Vessels should carry an appropriate medical guide or instructions, as required by the Competent Authority. The medical guide or instructions, should be illustrated, should explain how the medical supplies are to be used.

6.10.3 The medicine chest should contain equipment and medical supplies that are not outdated, suitable for the expected service of the vessel (e.g., unlimited trips; trips of less than a certain distance from the nearest port with adequate medical equipment; service in harbours and very close to shore). The medical equipment and supplies should be sufficient for the number of fishermen on board. At least one person on board should be qualified or trained in first aid and other forms of medical care. This person should have the necessary knowledge to use the medical equipment and supplies concerned.

6.10.4 Appropriate instructions including contact details should be provided to enable the crew to consult effectively with medical services ashore.

6.10.5 Where the operating area of the vessel changes, the medical supplies carried should be reviewed.

* International guidance relating to first aid at sea laid down in the International Medical Guide for Ships, prepared by the International Labour Organization, the International Maritime Organization and the World Health Organization, may serve as a guide. In addition, some regional guidelines have also been developed. Refer to EU Council Directive 92/29/EEC on the minimum safety and health requirements for improved medical treatment on board vessels.

6.8 Pag-iilaw sa mga puwang at lugar ng gawaan

6.8.1 Lahat ng mga daanan, mga puwang at lugar ng gawaan sa loob at ibabaw ng bangka ay dapat mahusay na naiilawan. Ang kalidad at lakas ng ilaw ay dapat sapat upang matiyak na magagawa ang trabaho nang may pagsasaalang-alang sa kalusugan at kaligtasan.

6.8.2 Ang liwanag ay dapat sapat upang makita ang mga detalye. Ang ilaw ay dapat lumikha ng angkop na mga kundisyon ng *contrast* at hindi dapat nakakasilaw.

6.8.3 Ang lalagyan ng isda ay dapat may ilaw upang matiyak ang sapat na liwanag sa lahat ng kundisyon, sa oryentasyon at sa panahon ng trabaho sa loob.

6.8.4 Ang ilaw ay hindi dapat makagambala sa pagpapanatili ng isang wastong pagbabantay.

6.8.5 Kung saan magagawa, dapat magkaroon ng pang-ilaw sa panahon ng kagipitan.

6.9 Bentilasyon sa gawaan

Ang bentilasyon sa nasasaraduhang puwang ay dapat na alinsunod sa mga probisyon ng 5.10.

6.10 Serbisyong medikal

6.10.1 Ang lahat ng bangka ay dapat may panustos ng medisina, kagamitan at mga tagubilin ayon sa atas ng Karampatang Awtoridad, at isinasaalang-alang ang mga panganib sa tauhan²¹. Ang gabay sa pangunahing-lunas ay matatagpuan sa Annex XVIII.

6.10.2 Ang mga bangka ay dapat magdala ng angkop na mga gabay o tagubiling pang-medisina, ayon sa atas ng Karampatang Awtoridad. Ang mga gabay o tagubiling pang-medisina ay dapat na nakalarawan at may paliwanag kung paano gagamitin ang mga gamot.

6.10.3 Ang lalagyan ng medisina ay dapat maglaman ng mga gamit at gamot na hindi pa lampas sa panahon at angkop sa inaasahang serbisyo ng bangka (e.g., walang limitasyong paglalayag; paglalayag na mas mababa kaysa sa isang tiyak na layo mula sa pinakamalapit na daungan na may sapat na kasangkapang-medikal; serbisyo sa daungan at malapit sa dalampasigan). Ang kasangkapang-medikal at gamot ay dapat sapat para sa mga mangingisdang lulan. Dapat may kahit isang taong sakay na kwalipikado at bihasa sa pangunahing lunas at iba pang pangangalagang-medikal. Ang taong ito ay dapat may alam sa paggamit ng kasangkapang-medikal at gamot.

6.10.4 Dapat may naaangkop na mga tagubilin, kabilang na ang mga detalye sa pagtawag, na ibinigay upang mabisang makakonsulta ang kawani sa mga serbisyong medikal sa pampang.

6.10.5 Kapag nagbago ng pinaglalayagan, ang mga dalang medisina ay dapat suriing muli.

²¹ Pandaigdigang gabay sa pangunahing lunas sa dagat na ibinaba sa *International Medical Guide for Ships*, na inihanda ng *International Labour Organization*, *the International Maritime Organization* at ng *World Health Organization*, ay magsisilbing gabay. Bilang karagdagan, may ilang mga panrehiyong alituntunin na ang nagawa. Sumangguni sa *EU Council Directive 92/29/EEC* sa minimum na mga kinakailangan sa kaligtasan at kalusugan para sa pinahusay na mga medikal na paggamot sa loob mga bangka.

6.10.6 All instructions should be in a language understood by the crew and should be accompanied by illustrations to facilitate ease of understanding and communication.

6.11 Miscellaneous

6.11.1 To the extent possible, protective clothing and safety working equipment should be provided to the crew and instruction and training given on its use, appropriate to prevent injury or illness to the crew. Refer to annex XIX for guidelines on appropriate personnel protective equipment.

6.11.2 Clothing for crew members working on deck should be capable of supporting the wearer in the water in the event of being washed overboard. A personal flotation device or a self-inflating working lifejacket may be used for this purpose.

6.11.3 All reasonable steps should be taken to minimize harmful noise and vibration.

6.11.4 The Competent Authority should ensure that the crew are made aware of the health hazards in connection with the carriage of fish in bulk, the depletion of oxygen in the hold, and should advise the crew concerning safe working practices in this regard.

6.11.5 The Competent Authority should ensure that crew members joining a vessel are made aware by the skipper of the particular hazards of the working of the vessel.

6.11.6 Arrangement of fish processing equipment should ensure free access for inspection, operation and cleaning of the equipment and, where applicable, be suitably guarded.

6.11.7 Where practicable, all work stations on deck should be visible from the wheelhouse.

6.11.8 Where practicable, enclosed working spaces should be provided with an adequate system of heating and/or a supply of fresh air.

6.11.9 There should be adequate headroom in all working spaces. Where practicable, any deck obstructions and head height obstructions that are a hazard should be painted with a bright, conspicuous colour.

6.11.10 In vessels without an enclosed working space, and where practicable, a shelter which does not affect the stability of the vessel, made of tarpaulin or a similar material, should be provided to protect crew from excessive exposure to sun and weather. The shelter may also be used to collect rainwater or as an emergency sail.

CHAPTER 7 LIFE-SAVING APPLIANCES

PART 1 – GENERAL

7.1 Definitions

7.1.1 *Buoyant apparatus* means flotation equipment (other than lifeboats, liferafts, lifebuoys and lifejackets) designed to support a specified number of persons who are in the water and of such construction that it retains its shape and properties. Guidance on the requirements for buoyant apparatus can be found in annex XX.

6.10.6 Ang lahat ng mga tagubilin ay dapat na nasa isang wika na nauunawaan ng kawani at dapat na sinamahan ng mga guhit upang mapadali ang pag-unawa at pagkabatid.

6.11 Karagdagan

6.11.1 Kung maari, dapat mabigyan ng damit-pananggalang at kagamitang pang-kaligtasan ang mga kawani na may kaukulang pagtuturo at pagsasanay sa paggamit nito upang maiwasan ang pinsala o sakit sa kawani. Sumangguni sa Annex XIX para sa mga alituntunin na naaangkop sa mga kagamitang pang-kaligtasan ng mga kawani.

6.11.2 Ang damit para sa mga kawani na nagtatrabaho sa palapag ay dapat may kakayahang sumuporta sa tagapagsuot sa tubig sa kaganapan ng pagkahulog sa dagat. Ang isang personal na aparatong pampalutang ay maaaring gamitin para sa hangaring ito.

6.11.3 Dapat isagawa ang lahat ng makatuwirang hakbangin upang mabawasan ang nakapipinsalang ingay at nginig.

6.11.4 Ang Karampatang Awtoridad ay dapat matiyak na ang bawat kawani ay may malay sa mga panganib sa kalusugang may kaugnayan sa pagdadala ng isda nang maramihan, ang pagkaubos ng *oxygen* sa imbakan, at dapat payuhan ang kawani tungkol sa ligtas na mga kasanayan sa pagtatrabaho ukol dito.

6.11.5 Ang Karampatang Awtoridad ay dapat matiyak na ang mga kawani na sumasakay sa isang bangka ay pinagpaliwanagan ng Kapitan ng tukoy na panganib ng pagtatrabaho sa bangka.

6.11.6 Sa pagsasaayos ng kagamitan sa pagpoproseso ng isda, dapat matiyak ang hindi nahahadlangang paggalaw para sa pagsisiyasat, operasyon at paglilinis ng kagamitan, at angkop na nababantayan.

6.11.7 Hangga't maaari, ang lahat ng mga istasyon ng trabaho sa palapag ay dapat nakikita mula sa *wheelhouse*.

6.11.8 Hangga't maaari, ang mga saradong lugar-gawaan ay dapat may sapat na sistema ng pampainit at / o sariwang hangin.

6.11.9 Dapat ay mayroong sapat na puwang para sa lahat ng lugar-gawaan. Hangga't maaari, anumang harang sa palapag at mga mapanganib na bagay na maaring mabangga ng ulo ay dapat may pintang maliwanag at hayag na kulay.

6.11.10 Sa bangkang walang saradong lugar-gawaan, hangga't maaari, dapat maglagay ng isang kanlungan na hindi makakaapekto sa katatagan ng bangka, na gawa sa trapal o katulad na materyal, upang protektahan ang kawani mula sa labis na pagkalantad sa araw at panahon. Ang kanlungan ay maaari ring gamitin upang mangolekta ng tubig-ulan o bilang layag sa oras ng kagipitan.

KABANATA 7 KASANGKAPANG-PANGKALIGTASAN

BAHAGI 1 - PANGKALAHATAN

7.1 Mga kahulugan ng kataga

7.1.1 *Kasangkapang-pampalutang* ay pampalutang na kagamitang (liban sa *lifeboats*, *liferaft*, *salbabida* at *lifejacket*) idinisenyo upang suportahan ang isang tinukoy na bilang ng mga taong nasa tubig at kung saan pinapanatili nito ang angking hugis at mga katangian. Ang paggabay sa mga kinakailangan para sa kasangkapang ito ay matatagpuan sa Annex XX.

7.1.2 *Float-free launching* is that method of launching a survival craft whereby the craft is automatically released from a sinking vessel and ready for use.

7.1.3 *Inflatable appliance* is an appliance which depends upon non-rigid, gas-filled chambers for buoyancy and which is normally kept un-inflated until ready for use.

7.1.4 *Launching appliance or arrangement* is the means for transferring a survival craft from its stowed position safely to water.

7.1.5 *Novel life-saving appliance or arrangement* is a life-saving appliance or an arrangement which embodies new features not fully covered by the provisions of this chapter but which provides an equal or higher standard of safety.

7.1.6 *Personal flotation device* means flotation equipment designed to keep a person afloat and does not hinder a person's ability to work while wearing it.

7.1.7 *Retro-reflective material* is a material which reflects in the opposite direction a beam of light directed at it.

7.1.8 *Survival craft* is a craft capable of sustaining the lives of persons in distress from the time of abandoning the vessel.

7.2 Evaluation, testing and approval of life-saving appliances and arrangements

7.2.1 Except as provided in 7.2.4, life-saving appliances and arrangements to which this chapter refers should be approved by the Competent Authority.

7.2.2 The Competent Authority should have procedures for the approval of life-saving appliances and novel life-saving appliances and their arrangements. These procedures should also include the conditions whereby approval would continue or would be withdrawn.

7.2.3 Guidance can be found in annex XXI for the requirements for life-saving appliances. Part C of chapter VII of the Protocol* may also be used.

7.2.4 Life-saving appliances referred to in this chapter for which specifications are not included in annex XXI or in the applicable provisions of the Protocol, should be to the satisfaction of the Competent Authority.

7.3 Production tests

The Competent Authority should require proof that life-saving appliances have been subjected to such production tests as are necessary to ensure that the life-saving appliances are manufactured to the same standard as the approval prototype.

* Chapter III of SOLAS, as well as the International Life-Saving Appliance Code, may be used.

7.1.2 *Kusang paglunsad* ay ang pamamaraan ng paglunsad ng sasakyang-pangkaligtasan kung saan ito ay awtomatikong inilalabas mula sa isang bangkang lumulubog at handa na para sa paggamit.

7.1.3 *Nahahanginang kasangkapan* ay isang kasangkapan na nakadepende sa balot na pinupuno ng hangin upang lumutang at kung saan ay karaniwang walang hangin hanggang sa paghahanda para sa paggamit.

7.1.4 *Kasangkapang panglunsad o ayos* ay ang ligtas na paraan para sa paglilipat ng sasakyang-pangkaligtasan mula sa pagkakaparada patungo sa tubig.

7.1.5 *Makabagong kasangkapang pangsaagip-buhay o ayos* ay isang kasangkapang-pangkaligtasan o pamamaraan na nagtatampok ng mga bagong katangiang hindi nasasaklaw ng kabanatang ito ngunit nagbibigay ng isang katumbas o mas mataas na pamantayan ng kaligtasan.

7.1.6 *Personal na pampalutang* ay nangangahulugang kagamitang-pampalutang na dinisenyo upang panatilihin ang isang taong nakalutang at hindi bumabalakid sa kakayahan upang makagalaw habang suot ito.

7.1.7 *Retro-reflective material* ay isang materyal na sumasalamin o nagbabalik sa kislap na tumatama rito sa katapat na direksyon.

7.1.8 *Sasakyang-pangkaligtasan* ay isang sasakyang may kakayahang sumagip sa buhay ng mga taong nasa kagipitan simula sa panahong iniwan ang bangka.

7.2 Pagsusuri, pagsubok at pagtanggap ng kasangkapang-pangkaligtasan

7.2.1 Maliban sa sinasaad sa 7.2.4, ang mga kasangkapang-pangkaligtasan at pamamaraan na tinutukoy sa kabanatang ito ay dapat na inaprubahan ng Karampatang Awtoridad.

7.2.2 Ang Karampatang Awtoridad ay dapat may proseso para sa pagtanggap ng mga kasangkapang-pangkaligtasan at mga makabagong kagamitan at pamamaraan. Ang prosesong ito ay dapat magsaad ng kundisyon kung magpapatuloy ang pagtanggap o babawiin.

7.2.3 Ang gabay ay matatagpuan sa Annex XXI para sa mga kinakailangan para sa kasangkapang-pangkaligtasan. Ang bahagi C ng kabanata VII ng *Protocol*²² ay maaari ring gamitin.

7.2.4 Ang kasangkapang-pangkaligtasan na tinutukoy sa kabanatang ito na kung saan ang katangian ay hindi kasama sa Annex XXI o sa mga naaangkop na mga probisyon ng *Protocol*, ay dapat na tanggap ng Karampatang Awtoridad.

7.3 Pagsubok sa mga produkto

Ang Karampatang Awtoridad ay dapat humingi ng patunay na ang kasangkapang-pangkaligtasan ay sumailalim sa kinakailangang pagsubok sa produkto upang matiyak na ang kasangkapang-pangkaligtasan ay dumaan sa parehong pamantayan gaya ng sa halimbawa.

²² Ang Kabanata III ng SOLAS at ng *International Life-Saving Appliance Code* ay maaring gamitin.

PART 2 – VESSEL REQUIREMENTS

7.4 Number and types of survival craft

7.4.1 Every vessel of design categories A and B should be provided with at least one liferaft or buoyant apparatus, unless the vessel complies with the requirements for built-in buoyancy in 3.12, having the capacity to accommodate at least the total number of persons on board.

7.4.2 The Competent Authority, taking into account the vessel's navigational area, conditions of operation and size of the vessel, may permit vessels to carry other types of survival craft of a type and number to the satisfaction of the Competent Authority. Such survival craft may be of rigid or semi-rigid construction. The Competent Authority should consider the local meteorological conditions and area of operations and may require a liferaft or buoyant apparatus to be carried on any vessel.

7.5 Availability and stowage of survival craft

7.5.1 Survival craft should:

- .1 be readily available in case of emergency;
- .2 be capable of being launched safely and rapidly;
- .3 be so stowed that:
 - .1 the marshalling of persons should not be impeded;
 - .2 their prompt handling is not impeded;
 - .3 embarkation can be effected rapidly and in good order;
 - .4 the operation of any other survival craft is not interfered with.

7.5.2 Survival craft and launching appliances, if fitted, should be in working order and available for immediate use before the vessel leaves port and kept so at all times when at sea.

7.5.3 Lashings, if used, should be fitted with an automatic release system of an approved type. Refer to annex XXIII on the correct securing of hydrostatic release units.

7.5.4 The Competent Authority, if satisfied that the constructional features of the vessel and fishing operations render it unreasonable and impractical to apply particular provisions of this paragraph, may accept relaxation from such provisions, provided that the vessel is fitted with alternative launching and recovering arrangements adequate for the service intended.

7.5.5 All survival craft should be marked with the same registration or other identification marks as used for the vessel as referred to in 7.11.1.

BAHAGI 2 – MGA PANGANGAILANGAN SA BANGKA

7.4 Bilang at uri ng sasakyang-pangkaligtasan

7.4.1 Bawat bangkang nasa Kategoriya ng Disenyo A at B ay dapat na may hindi bababa sa isang *liferaft* o kasangkapang-pampalutang, maliban kung ang bangka ay sumusunod sa mga kinakailangan para sa kusang paglutang sa 3.12, na may kapasidad na tumanggap ng hindi bababa sa kabuuang bilang ng mga tao sa loob.

7.4.2 Ang Karampatang Awtoridad ay maaaring magpapahintulot sa bangka upang magdala ng iba pang mga uri ng sasakyang-pangkaligtasan habang isinasaalang-alang ang lugar na pinupuntahan, kundisyon ng pagpapatakbo at laki ng bangka. Ang sasakyang-pangkaligtasan ay maaaring gawa sa matigas o hindi masyadong matigas na gamit. Ang Karampatang Awtoridad ay dapat isaalang-alang ang mga lokal na kundisyong-meteorolohiko at lugar na pupuntahan at maaaring mag-utos na magdala ng isang *liferaft* o kasangkapang-pampalutang sa alinmang bangka.

7.5 Pagkakaroon at pagbunton ng sasakyang-pangkaligtasan

7.5.1 Ang sasakyang-pangkaligtasan ay dapat:

- .1 naroon sa oras ng kagipitan;
- .2 maaaring gamitin ng ligtas at mabilis;
- .3 naibunton upang:
 - a. ang paggalaw ng kawani ay hindi nahahadlangan;
 - b. ang kanilang maagap na pagkagamit ay hindi nahahadlangan;
 - c. maging mabilis at maayos ang paggamit;
 - d. ang paggamit sa iba pang kasangkapang-pangkaligtasan ay hindi naaabala.

7.5.2 Ang sasakyang-pangkaligtasan at paraan ng paglunsad nito, kung mayroon man, ay dapat na handa para sa agarang paggamit bago umalis ng daungan ang bangka at iniingatan ito sa lahat ng oras kapag nasa laot.

7.5.3 Ang mga panali, kung mayroon, ay dapat nilagyan ng isang awtomatikong sistema ng pagkalas na pinayagan ng Karampatang Awtoridad. Sumangguni sa Annex XXIII sa tamang paglalagay ng *hydrostatic release units*.

7.5.4 Ang Karampatang Awtoridad, kung nakatitiyak sa pagkagawa ng bangka at kumbinsidong hindi na makatuwiran at hindi praktikal na ipatupad ang mga probisyon ng talata na ito, ay maaaring tumanggap ng pagliban sa naturang probisyon, ngunit dapat ang bangka ay may alternatibong pamamaraan sa pagsiguro ng kaligtasan.

7.5.5 Ang lahat ng sasakyang-pangkaligtasan ay dapat markahan ng katulad ng rehistro o iba pang mga marka ng pagkakakilanlan tulad ng ginagamit para sa bangka gaya ng tinukoy sa 7.11.1.

7.6 Lifejackets and personal flotation devices*

7.6.1 A lifejacket of an approved type or a personal flotation device accepted by the Competent Authority should be carried, for every person on board.

7.6.2 Lifejackets should comply with the provisions of the recommendations for testing lifejackets, see Annex XXII.

7.6.3 Lifejackets should be so placed as to be readily accessible and their position should be clearly indicated.

7.6.4 The Competent Authority should determine whether lifejackets or personal flotation devices or a combination of both should be carried on board.

7.7 Immersion suits

7.7.1 For vessels operating in areas where low water or air temperature can be expected, an approved immersion suit of an appropriate size should be provided for every person on board. If the Competent Authority deems it impractical due to the size of the vessel, consideration should be given to alternate provisions.

7.7.2 Immersion suits should be placed as to be readily accessible and their position should be clearly indicated.

7.8 Lifebuoys

7.8.1 Decked vessels of 7 m or more LOA, should be provided with at least one lifebuoy which should be attached to a buoyant line of not less than 18 m in length.

7.8.2 All lifebuoys should be so placed as to be readily accessible and should always be capable of being rapidly deployed and should not be permanently secured in any way.

7.8.3 All lifebuoys should be in a bright contrasting colour to the sea and marked with the same registration or other identification marks as used for the vessel as referred to in 7.11.1.

7.9 Distress signals

7.9.1 Every vessel should be provided, to the satisfaction of the Competent Authority, with means of making effective distress signals by day and by night.

7.9.2 The Competent Authority, when considering the amount and types of pyrotechnics to be carried, should consider the area and the nature of the fishing operation. As a minimum the following pyrotechnics should be carried:

- .1 Four parachute rockets for vessels of design categories A and B; two of the rockets may be replaced by hand-held flares.

* Performance standards for personal flotation devices and small vessel lifejackets can be found in ISO 12402-6 and Canadian General Standards Board standard CAN/CGSB-65.11-M88 and CAN/CGSB-65.7-M88.

7.6 *Lifejacket* at mga personal na aparatong pampalutang²³

7.6.1 Dapat may dalang *lifejacket* o iba pang uri ng aparatong pampalutang para sa bawat taong lulan, na tinanggap ng Karampatang Awtoridad.

7.6.2 Ang *lifejacket* ay dapat alinsunod sa mga probisyon ng mga mungkahi para sa pagsubok ng *lifejacket*, tingnan ang Annex XXII.

7.6.3 Ang mga *lifejacket* ay dapat ilagay sa paraang kaagad makukuha at ang kanilang mga posisyon ay dapat na malinaw na ipinahihiwatig.

7.6.4 Ang Karampatang Awtoridad ay dapat matukoy kung ang mga *lifejacket* o personal na aparatong pampalutang o ng kumbinasyon ng parehong mga kasangkapan ay dapat taglayin.

7.7 Kasuotang pambabad

7.7.1 Para sa mga bangkang gamit sa mga lugar kung saan inaasahan ang mababang temperatura ng tubig o hangin, kinakailangang may aprubadong kasuotang pambabad na may angkop na sukat para sa bawat tao sa bangka. Kapag napagtanto ng Karampatang Awtoridad na hindi ito praktikal dahil sa laki ng bangka, maaring tanggapin ang alternatibong kaparaanan.

7.7.2 Ang mga kasuotang pambabad ay dapat ilagay sa paraang kaagad makukuha at ang kanilang mga posisyon ay dapat na malinaw na ipinahihiwatig.

7.8 Salbabida

7.8.1 Ang mga bangkang may palapag na may habang 7 m, o higit pang *LOA*, ay dapat na may hindi bababa sa isang salbabida kung saan ay dapat na nakadugtong sa isang nakalutang na linya na hindi bababa sa 18 m ang haba.

7.8.2 Lahat ng salbabida ay dapat na ilagay sa paraang kaagad makukuha at dapat na madaling magamit at hindi dapat permanenteng nakakabit sa anumang paraan.

7.8.3 Ang lahat ng mga salbabida ay dapat na may maliwanag at hayag na kulay kumpara sa dagat at minarkahan ng katulad sa rehistro o iba pang pagkakakilanlan na ginagamit para sa bangka na tinukoy sa 7.11.1.

7.9 Senyas-pagkabalisa

7.9.1 Bawat bangka ay dapat na may paraan ng paggawa ng epektibong mga senyas-pagkabalisa, sa araw man o gabi, na pasado sa Karampatang Awtoridad.

7.9.2 Ang Karampatang Awtoridad, kapag isinasaalang-alang ang dami at uri ng paputok na dadalhin, ay dapat isaalang-alang din ang lugar at ang pamamaraan ng pangingsda. Ang mga sumusunod na paputok ay dapat dalhin :

- .1 Apat na *parachute rockets* para sa mga bangkang nasa Kategoriya ng Disenyo A at B; dalawa sa mga *rocket* ay maaaring mapalitan ng *hand-held flares*.

²³ Ang pamantayan ng pagganap para sa personal na aparatong pampalutang at *lifejacket* ng mga maliliit na bangka ay matatagpuan sa *ISO 12402-6* at *Canadian General Standards Board standard CAN/CGSB-65.11-M88 and CAN/CGSB-65.7-M88*.

.2 Two hand-held flares for vessels of design categories C and D.

7.9.3 Distress signals should be of an approved type. They should be correctly stored in a dry place so placed as to be readily accessible and their position should be clearly indicated.

7.10 Retro-reflective materials on life-saving appliances

All survival craft, lifejackets, personal floatation devices, immersion suits and lifebuoys should be fitted with retro-reflective material in accordance with the requirements of the Competent Authority.

7.11 Miscellaneous

7.11.1 To facilitate aerial rescue operations, wheelhouse tops or other prominent horizontal surfaces should be painted in a highly visible colour and should bear the vessel's registration or other identification marks in letters and/or numerals in contrasting colours to the background. Similar marks on the sides of the wheelhouse would also facilitate search and identification by aircraft*.

7.11.2 The Competent Authority should ensure that the crew receives adequate training in the use and inspection of life-saving appliances and that the skipper regularly inspects the equipment.

7.11.3 The following additional safety equipment should be carried on all vessels:

- .1 whistle;
- .2 mirror; and
- .3 torch.

7.11.4 Hand rails or similar means, e.g., a capsize rope** should be fitted to the vessel to allow persons to hold on to the vessel in the event of a capsize.

7.11.5 Every vessel should carry adequate means of recovering persons from the water.

7.11.6 Life-saving appliances should be maintained to the satisfaction of the Competent Authority.

* Marking of fishing vessels for identification should be in accordance with uniform and internationally recognizable vessel marking systems, such as the Food and Agriculture Organization (FAO) of the United Nations standard specifications for marking and identification of fishing vessels. Refer to FAO technical guidelines for responsible fisheries-No.1 fishing operations. (ISBN 92-5-103914-3) and MSC/Circ.572.

** The rope should be 1.5 times the length of the vessel fitted with a snap shackle, or equivalent, at each end with attachment at each end of the vessel on deck.

- .2 Dalawang *hand-held flare* para sa mga bangkang nasa Kategoriya ng Disenyo C at D.

7.9.3 Ang uri ng senyas-pagkabalisa ay dapat aprubado. Ang mga ito ay dapat nakatago sa tuyong lugar at nailagay sa paraang kaagad makukuha at ang kanilang mga posisyon ay dapat na malinaw na ipinahihiwatig.

7.10 Makinang na materyales sa kasangkapang-pangkaligtasan

Ang lahat ng sasakyang-pangkaligtasan, mga *lifejacket*, personal na aparatong pampalutang, kasuotang pambabad at salbabida ay dapat nilagyan ng makinang na materyal alinsunod sa mga kinakailangan ng Karampatang Awtoridad.

7.11 Karagdagan

7.11.1 Upang pangasiwaan ang pagsagip mula sa himpapawid, ang bubungan o iba pang sahig na madaling makita ay dapat pinintahan ng isang matingkad na kulay at dapat magtaglay ng rehistro ng bangka o iba pang mga marka ng pagkakakilanlan at ang mga titik at / o mga numero ay may hayag na kulay. Ang katulad na marka sa mga gilid ng *wheelhouse* ay magpapadali sa paghahanap at pagkakakilanlan mula sa sasakyang panghimpapawid²⁴.

7.11.2 Dapat matiyak ng Karampatang Awtoridad na ang kawani ay nakatanggap ng sapat na pagsasanay sa paggamit at pagsusuri ng kasangkapang-pangkaligtasan at regular na sinusuri ng Kapitan ang mga kagamitan.

7.11.3 Ang mga sumusunod na karagdagang kasangkapang-pangkaligtasan ay dapat dala ng lahat ng bangka:

- .1 silbato;
- .2 salamin; at
- .3 ilaw.

7.11.4 Ang mga makakapitan o katulad na paraan, halimbawa, lubid²⁵ na mahahawakan kapag tumaob, ay dapat inilagay upang makakapit ang tao sa bangka sa kaganapan ng isang pagtaob.

7.11.5 Ang bawat bangka ay dapat magkaroon ng sapat na pamamaraan ng pagsagip sa tao mula sa tubig.

7.11.6 Ang kasangkapang-pangkaligtasan ay dapat pangalagaan sa paraang iniatas ng Karampatang Awtoridad.

²⁴ Ang mga marka ng mga bangkang pangisda para sa pagkakakilanlan ay dapat na alinsunod sa parehas at pandaigdigang paraan ng pagmamarka, tulad ng sa *Food and Agriculture Organization (FAO) of the United Nations standard specifications for marking and identification of fishing vessels*. Sumangguni sa *FAO technical guidelines for responsible fisheries-No.1 fishing operations*. (ISBN 92-5-103914-3) at *MSC/Circ.572*.

²⁵ Ang lubid ay dapat 1.5 na beses ang haba sa bangka at nilagyan ng isang *snap shackle*, o katumbas, sa bawat dulo at may dugtungan sa bawat dulo ng bangka.

7.12 Recommendations to Competent Authorities

Life-saving appliances for vessels of different design categories					
Distance from safe haven	≤ 5 nm	≤ 20 nm	≤ 100 nm	≤ 200 nm	> 200 nm
Liferaft	A ⁺ , B ⁺	A ⁺ , B ⁺	A, B, C, D ⁺	A, B, C, D	A, B, C, D
Buoyant apparatus		C [*] , D [*]			
Lifejacket [♥]	A, B, C [♦] , D ^{♦*}	A, B, C [♦] , D ^{♦*}	A, B, C [♦] , D ^{♦*}	A, B, C, D	A, B, C, D
Immersion suit [♣]	A, B	A, B	A, B	A, B	A, B
Lifebuoy [•]	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D
Distress signals: 4 parachute rockets ⁺⁺⁺	A, B	A, B	A, B	A, B	A, B
Distress signals: 2 hand flares	C, D	C, D	C, D	C, D	C, D
Capsize rope	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D
Whistle, mirror and torch	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D

CHAPTER 8 EMERGENCY PROCEDURES AND SAFETY TRAINING

8.1 Emergency instructions

8.1.1 The Competent Authority should ensure that all owners provide clear instructions, which should be written where practicable, for the crew, which should be followed in case of emergency. These instructions should be given to a new crew member before sailing on their first trip. The duties* assigned to the crew may include:

- .1 closing of valves, scuppers, overboard shoots, skylights, portholes and other similar openings in the vessel;

⁺ The liferaft may be substituted with a buoyant apparatus.

^{*} Recommended.

[♥] For every person on board.

[♦] The lifejacket may be substituted with a personal floatation device.

[♣] For every person on board a vessel operating in areas where low water or air temperature can be expected.

[•] Where the vessel is decked and 7 m in LOA or over.

⁺⁺⁺ Two of the rockets may be replaced by hand flares.

^{*} Annex XXXIII gives guidance on Basic Pre-sea Safety training.

7.12 Mungkahi sa Karampatang Awtoridad

Mga kagamitang pangkaligtasan para sa mga bangkang nasa ibang kategorya ng disenyo					
Layo mula sa ligtas na kanlungan	≤ 5 nm	≤ 20 nm	≤ 100 nm	≤ 200 nm	> 200 nm
<i>Liferaft</i>	A ⁺ , B ⁺	A ⁺ , B ⁺	A, B, C, D ⁺	A, B, C, D	A, B, C, D
Aparatong pampalutang		C [*] , D [*]			
<i>Lifejacket</i> [♥]	A, B, C [♦] , D ^{♦*}	A, B, C [♦] , D ^{♦*}	A, B, C [♦] , D ^{♦*}	A, B, C, D	A, B, C, D
Kasuotang pambabad [♠]	A, B	A, B	A, B	A, B	A, B
Salbabida [♠]	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D
Senyas-pagkabalisa: 4 <i>parachute rockets</i> ⁺⁺⁺	A, B	A, B	A, B	A, B	A, B
Senyas-pagkabalisa: 2 <i>hand flares</i>	C, D	C, D	C, D	C, D	C, D
Lubid na mahahawakan sa pagtaob	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D
Silbato, salamin at suga	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D	A, B, C, D

KABANATA 8 PAMAMARAAN SA PANAHON NG KAGIPITAN AT PAGSASANAY-PANGKALIGTASAN

8.1 Tagubilin sa panahon ng kagipitan

8.1.1 Ang Karampatang Awtoridad ay dapat na matiyak na ang lahat ng mga may-ari ng bangka ay nagbigay ng malinaw na mga tagubilin, na hangga't maaari ay dapat na nakasulat, para sa mga tauhan, na dapat na susundan sa oras ng kagipitan. Ang mga tagubilin na ito ay dapat na ibinigay sa isang bagong kawani bago maglayag sa kanilang unang biyahe. Ang mga sumusunod ay tungkuling maaaring iatas sa kawani:

- .1 Pagsasara ng balbula, *scuppers*, *overboard shoots*, ilaw, at mga lagusan;

+ Ang *liferaft* ay maaaring halilihan ng lumulutang na aparato.

♣ Iminumungkahi.

♥ Para sa bawat taong lulan ng bangka.

♦ Ang *lifejacket* ay maaaring halilihan ng personal na aparatong pampalutang.

♠ Para sa bawat taong lulan ng bangkang naglalayag sa mga lugar kung saan inaasahan ang mababang temperatura ng tubig o hangin.

• Kung saan ang bangka ay may palapag at 7 m ang *LOA* o mas mahaba.

+++ Dalawa sa mga *rocket* ay maaaring palitan ng *hand flare*.

* Ang Annex XXXIII ay nagbibigay ng gabay ukol sa *Basic Pre-sea Safety training*.

- .2 supply of additional equipment to survival craft and other life-saving appliances;
- .3 preparations and launching of survival craft;
- .4 general preparation of other life-saving appliances;
- .5 use of communication equipment; and
- .6 fire fighting.

8.2 Abandon ship training

The Competent Authority should ensure that the crew receives onboard training in the use of the vessel's life-saving appliances, including survival craft equipment. The owner should ensure it is given as soon as possible after a new crew member joins the vessel. Such training should include at least the following:

- .1 operation and use of the vessel's life-saving equipment including the launching of liferafts, the donning of lifejackets, personal flotation devices and immersion suits, and precaution against injury and damage caused by sharp objects;
- .2 problems of sudden unexpected immersion in cold water and hypothermia, first aid treatment for cold water shock/hypothermia and other appropriate first aid procedures;
- .3 special instructions necessary for use of the vessel's life-saving appliances in severe weather and sea conditions;
- .4 measures for survival when adrift;
- .5 precautions against sharks and other biting fish; and
- .6 landing and survival ashore.

8.3 Training in emergency procedures

Crews should be adequately trained, to the satisfaction of the Competent Authority, in their duties in the event of emergencies*.

* Annex XXI, section I, 3.2, of part A of the Code of Safety for Fishermen and Fishing Vessels, section 8.3 in part B of the same Code and the joint FAO/ILO/IMO Document for guidance on training and certification of fishing vessel personnel, as amended, may also be used as guidance when determining items to be included in such training.

- .2 dagdag na kagamitan sa sasakyang-pangkaligtasan at iba pang kasangkapang-pangkaligtasan;
- .3 paghahanda at paglunsad sa sasakyang-pangkaligtasan;
- .4 paghahanda sa iba pang kasangkapang-pangkaligtasan;
- .5 paggamit sa kasangkapang-pangkomunikasyon; at
- .6 pamuksa ng apoy.

8.2 Pagsasanay sa paglisan ng bangka

Dapat matiyak ng Karampatang Awtoridad na nakatanggap ang kawani ng pagsasanay sa paggamit ng kasangkapang-pangkaligtasan habang nasa bangka, kabilang na ang sasakyang-pangkaligtasan. Ang may-ari ay dapat tiyakin na ito ay maibigay sa lalong madaling panahon kapag may bagong kawani. Ang mga sumusunod ay dapat isama sa pagsasanay:

- .1 operasyon at paggamit ng kasangkapang-pangkaligtasan, kabilang na ang paglulunsad ng mga *liferaft*, ang pagsuot ng *lifejacket*, aparatong pampalutang at kasuotang pambabad, at pag-iingat laban sa pinsalang sanhi ng matalim na bagay;
- .2 biglaan at hindi inaasahang pagkababad sa malamig na tubig at *hypothermia*, pangunahing lunas para sa *hypothermia* at iba pang naaangkop na pangunahing lunas;
- .3 mahalagang tagubilin na kinakailangan para sa paggamit ng kasangkapang-pangkaligtasan sa masamang panahon at mga kundisyon ng dagat;
- .4 mga panukala para sa kaligtasan kapag natatangay ng agos;
- .5 pag-iingat laban sa mga pating at iba pang nangangagat na isda; at
- .6 pagdaong at kaligtasan sa pampang.

8.3 Pagsasanay sa mga pamamaraan sa oras ng kagipitan

Ang mga kawani ay dapat nagsanay sa kanilang mga tungkulin sa panahon ng kagipitan ayon sa pangangailangan ng Karampatang Awtoridad²⁷.

²⁷ Ang Annex XXI, section I, 3.2, ng part A of the Code of Safety for Fishermen and Fishing Vessels, section 8.3 in part B of the same Code at ang joint FAO/ILO/IMO Document for guidance on training and certification of fishing vessel personnel, na naamyendahan, ay maaari ring gamitin bilang gabay sa pagtukoy ng mga bagay na isasama sa nasabing pagsasanay.

CHAPTER 9 RADIO COMMUNICATIONS

PART 1 – GENERAL

9.1 Application

9.1.1 Unless expressly provided otherwise, this chapter should apply to vessels of all design categories engaged on voyages exclusively in sea areas A1 or A2 where radio communications or mobile telephone coverage is provided. Where no land-based reception is available vessels should not operate beyond sight of shore, and have means of signalling distress as per 7.9.

9.1.2 No provision in this chapter should prevent the use by any vessel or person in distress of any means at its disposal to attract attention, make known its position and obtain help.

9.2 Definitions

9.2.1 For the purpose of this chapter, the following terms should have the meanings defined below and all other terms and abbreviations which are used in this chapter and which are defined in the Radio Regulations should have the meanings as defined in those Regulations.

9.2.2 *Continuous watch* means that the radio watch concerned should not be interrupted other than for brief intervals when the vessel's receiving capability is impaired or blocked by its own communications or when the facilities are under periodical maintenance or checks.

9.2.3 *Digital selective calling (DSC)* means a technique using digital codes which enables a radio station to establish contact with, and transfer information to, another station or group of stations, and comply with the relevant recommendations of the ITU radio communications sector (ITU-R).

9.2.4 *Maritime safety information* means navigational and meteorological warnings, meteorological forecasts and other urgent safety related messages broadcasted to vessels.

9.2.5 *Radio Regulations* means the Radio Regulations annexed to, or regarded as being annexed to, the most recent International Telecommunication Convention which is in force at any time.

9.2.6 *Sea area A1* means an area within the radiotelephone coverage of at least one VHF coast station in which continuous DSC alerting is available, as may be defined by the Competent Authority.

9.2.7 *Sea area A2* means an area, excluding sea area A1, within the radiotelephone coverage of at least one MF coast station in which continuous DSC alerting is available, as may be defined by the Competent Authority.

9.2.8 *Sea area A3* means an area, excluding sea areas A1 and A2, within the coverage of an Inmarsat geostationary satellite in which continuous alerting is available.

9.2.9 *Sea area A4* means an area outside sea areas A1, A2 and A3.

KABANATA 9 KOMUNIKASYON GAMIT ANG RADYO

BAHAGI 1 - PANGKALAHATAN

9.1 Paggamit

9.1.1 Maliban kung hayagang binabanggit, ang kabanatang ito ay ipatutupad sa mga bangka sa lahat ng mga kategorya ng disenyo na nakatuon sa mga paglalakbay lamang sa mga lugar ng dagat A1 o A2 kung saan ang mga komunikasyon sa radyo o *mobile* na telepono ay maaari. Kung saan walang *land-based reception*, ang mga bangka ay hindi dapat maglayag sa layong higit pa sa abot ng paningin mula sa baybayin, at dapat may mga paraan ng pagbibigay ng senyas-pagkabalisa ayon sa 7.9.

9.1.2 Walang probisyon sa kabanatang ito ang dapat pumigil sa anumang bangka o taong nasa panganib upang gumamit ng anumang mga pamamaraan upang makatawag ng pansin, ipagbigay-alam ang kanyang kinaroroonan at humingi ng tulong.

9.2 Mga kahulugan ng kataga

9.2.1 Para sa layunin ng kabanatang ito, ang mga sumusunod na kataga ay dapat na magkaroon ng mga kahulugan na tinutukoy sa ibaba, at lahat ng iba pang mga termino at daglat na ginagamit sa kabanata na ito at natukoy sa *Radio Regulations* ay dapat na mangahulugan ayon sa mga regulasyong nabanggit.

9.2.2 *Continuous watch* ay nangangahulugan na ang nagmamatyang ng radyo ay hindi dapat maantala maliban sa maikling pagitan kapag ang kakayahan ng bangka sa pagtanggap ay nahahadlangan ng sarili nitong mga komunikasyon o kapag ang mga kagamitan ay sumasailalim sa panahunang pagsasaayos.

9.2.3 *Digital selective calling (DSC)* ay nangangahulugang isang diskarte na gamit ang *digital code* na nagbibigay-daan sa isang istasyon ng radyo na makipag-ugnayan, at maglipat ng impormasyon sa iba pang istasyon o pangkat ng mga istasyon, at sumunod sa kaukulang mungkahi ng *ITU radio communications sector (ITU-R)*.

9.2.4 *Maritime safety information* ay nangangahulugang babala sa paglalayag at babalang-meteorolohiko, meteorolohikong mga pagtaya at iba pang mga kagyat na mensaheng may kaugnayan sa kaligtasan na nais ipaabot sa mga bangka.

9.2.5 *Radio Regulations* ay nangangahulugang mga regulasyong pang-radyo na karugtong ng, o itinuturing bilang karugtong ng, pinakahuling *International Telecommunication Convention* na ipinatutupad anumang oras.

9.2.6 *Sea area A1* ay nangangahulugan sa isang lugar na naaabot ng teleponong radyo ng kahit isang baybaying istasyon ng *VHF* lamang, kung saan may tuloy-tuloy na pag-alerto ng *DSC*, na ayon sa pagtukoy ng Karampatang Awtoridad.

9.2.7 *Sea area A2* ay nangangahulugan sa isang lugar, bukod sa *sea area A1*, sa loob ng naaabot ng teleponong radyo ng kahit isang baybaying istasyon ng *MF* lamang, kung saan may tuloy-tuloy na pag-alerto ng *DSC*, na ayon sa pagtukoy ng Karampatang Awtoridad.

1.1 Where electrical power constitutes the only means of maintaining auxiliary services essential for the propulsion and safety of the vessel, there has to be a means of generating and storing such power. In the case of the majority of decked vessels the main source of power is usually low voltage, requiring means to charge sets of batteries. In the case of category A and B vessels, the Competent Authority may require two generating sets, one of which may be driven by the main engine. However, in extreme cases, such as powered undecked vessels, it may not be practicable to call for a generator due to the type of the prime mover. Thus in such cases, many vessels may rely on portable electric lamps or oil lamps for navigation and emergency purposes and this should be taken into consideration when determining the minimum candle power requirement in regulations.

ANNEX XVII

GABAY SA PAGLAGAY NG MGA KAGAMITANG ELEKTRIKAL

A Layunin

1 Ang layunin ng Annex na ito ay magbigay ng karagdagang impormasyon na maaaring makatulong sa mga taong itinalaga ng may Karampatang Awtoridad na intindihin at isakatuparan ang mga alituntunin at teknikal na mga talatakdaan para sa paggawa, paglalagagay ng mga kailangang bahagi at pagsusuri mga bangkang-pangisdang may palapag na may habang hindi bababa sa 12 m at mga bangkang-pangisdang walang palapag. Sa bagay na ito, isinasalang-alang ang katotohanan na maaaring may mga pagkakaiba sa pagitan ng mga kinakailangan para sa mga bangkang nasa kategorya ng disenyo A at B at mga nasa kategorya ng disenyo C at D tungkol sa mga kinakailangan para sa mga pangunahin at pang-kagipitang sistemang elektrikal.

2 Bukod dito, kahit na kinikilala na yaon lamang mayroong mababang sistema ng boltaheng DC na mas mababa sa 55 V ang inilalagay sa mga bangkang sakop ng mga alituntuning ito, ang paggamit ng mas mataas na boltahe at mga *multi-phase alternating current system* ay hindi ibinubukod mula sa Kabanata 4. Samakatuwid, may mga mungkahi rin sa mga Annex tungkol sa mga sistemang ito.

3 Dapat ding banggitin dito na maaaring kailanganin ang pagsangguni sa iba pang mga kabanata ng mga mungkahi dito tulad ng 9.8 sa mga pinagmumulan ng enerhiya para sa komunikasyon ng radyo, pati na rin ang mga may kaugnayang mga kabanata ng *Voluntary Guidelines for the Design, Construction and Equipments of Small Fishing Vessels*.

B Pangkalahatang mga mungkahi

1 Anuman ang laki at uri ng bangka, dapat na pagtuunan ng pansin ang proteksiyon laban sa pagpasok ng tubig at epekto ng pagyanig.

2 Dapat mag-ingat at siguruhin na kung saan ang sistema o *circuit* ng iba't ibang boltahe ay ilalagay, ito ay pinananatiling hiwalay mula sa bawat isa at dapat na malinaw na minarkahan. Maliban dito, dapat hindi posibleng aksidenteng maisaksak o maikabit ang mga kagamitang elektrikal sa *circuit* na kung saan hindi ito dinisenyo; gayundin para sa mga kagamitang pang-ilaw.

C Pinagkukunan ng kuryente


1 Pangkalahatan

1.1 Kung saan ang kuryente ang bumubuo ng tanging paraan ng pagpapanatili ng mga pantulong na serbisyong mahalaga sa pagpapatakbo at kaligtasan ng bangka, dapat mayroong paraan sa paglikha at pagtatago ng nasabing enerhiya. Sa kaso ng karamihan sa mga bangkang may palapag, ang pangunahing pinanggagalingan ng kuryente ay karaniwang mababang boltahe, na nangangailangan ng paraan upang kargahan ang mga baterya. Sa kaso ng mga bangkang nasa kategorya A at B, ang Karampatang Awtoridad ay pwedeng magtakda ng dalawang *generator*, isa sa mga ito ay pinatatakbo ng pangunahing makina. Subalit, sa mga di-pangkaraniwang kaso, katulad ng sa bangkang walang palapag na pinatatakbo ng enerhiya, ito ay hindi na nangangailangan ng *generator* dahil sa uri ng pangunahing puwersang panggalaw. Kaya sa ganitong mga kaso, maraming mga bangka ang maaaring umasa sa mga *portable* na de-kuryenteng lampara para sa layunin ng paglalayag at biglaang pangangailangan at ito dapat ay isaalang-alang kapag tinutukoy ang minimum na kinakailangang *candle power* sa alituntunin.


1.2 It may also be noted that many small vessels use fishing techniques that rely on light attraction and many carry a portable, powered generating set, whereas others rely purely on battery power with no means on board to recharge the battery.

2 Low voltage electrical systems

2.1 It is recommended that direct current installations should be wired as insulated return systems and that the hull should not be used to carry current. However, for propulsion engines with a power less than 100 kW, the engine may be used as a conductor during starting only, in accordance with the following simplified diagram.



2.2 The engine block may also be used as a common ground return for electrical accessories mounted on the engine, except on metallic vessels where the engine block is not electrically isolated from the hull.




2.3 In certain cases, as provided for in 4.12.18 of chapter 4 and particularly in the case of small vessels, decked and undecked, the single wire system may, exceptionally, be approved by the Competent Authority provided that the arrangement is safe and that circuits are adequately protected. The earthing of the engine block through the intermediate shaft and propeller shaft should be taken into consideration.


1.2 Kapansin-pansin rin na maraming maliliit na bangka ang gumagamit ng paraan ng pangingsda na nakasalalay sa ilaw at marami ang nagdadala ng *portable* na *generator*, habang ang iba ay umaasa na lamang sa baterya na wala namang paraan upang makargahan (*recharge*) sa loob ng bangka.

2 Mga sistemang gumagamit ng mababang boltahe ng kuryente

2.1 Iminumungkahing sa paglalagay ng sistemang DC ay dapat nakalinyang nakabukod na *return system* at ang katawan ng bangka ay hindi dapat ginagamit bilang daluyan ng kuryente. Gayunpaman, para sa makinang may lakas na mas mababa sa 100 kW, ang makina ay maaaring gamitin bilang daluyan sa pagpapaandar lamang, alinsunod sa sumusunod na payak na paglalarawan.



2.2 Ang *block* ng makina ay maaaring gamitin bilang isang karaniwang *return ground* para sa mga *electrical accessory* na nakakabit sa makina, maliban sa *metal* sa bangka kung saan ang *block* ay hindi nakabukod mula sa katawan ng bangka.




2.3 Sa ilang mga kaso, tulad ng ibinigay para sa 4.12.18 ng Kabanata 4 at lalo na sa kaso ng maliit na bangka, may palapag at wala, ang sistemang iisa ang linya ay maaaring aprubahan ng Karampatang Awtoridad kapag ang pag-aayos ay ligtas at ang mga *circuit* ay protektado ng sapat. Ang *ground* ng *block* sa pamamagitan ng puluhan ng pala ay dapat ding isaalang-alang.

2.4 Except as mentioned in paragraph C.1.1, when the main source of supply is only an accumulator battery system, means should be provided for recharging except in cases where the Competent Authority is satisfied that it is not practicable to do so, taking into consideration the type of vessel and its operation range. The power source for charging may be an alternator or dynamo driven by the main engine through transformers/rectifiers or marine quality chargers.

2.5 The simplest system might be one set of batteries that would cater for general use and would be arranged for continuous charging when, for example, the main engine is hand started.

2.6 However, when the main and/or auxiliary engines are fitted with electric motor starters, the batteries connected to the system for starting should be separate from the batteries used for lighting and general services. All battery banks should be arranged for continuous charging.

2.7 In the event that a further set of batteries is required for emergency purposes only which would also have to be arranged for continuous charging, there would be a need to introduce blocking diodes (see sketch below) in order to prevent accidental paralleling of the general service battery set and the emergency battery set.




2.4 Maliban kung nabanggit sa talata C.1.1, kapag ang mga pangunahing pinagkukunan ng suplay ay sistemang bateryang nagtitipon lamang, dapat na may paraan para sa muling pagkarga maliban sa mga kaso kung saan ang Karampatang Awtoridad ay nasiyahang hindi ito praktikal upang gawin, base sa uri ng bangka at saklaw ng paglalayag. Ang kasangkapan para sa pagkarga ay maaaring isang *alternator* o dinamong pinatatakbo ng pangunahing makina sa pamamagitan ng mga *transformer / rectifiers* o *marine quality charger*.

2.5 Ang pinakasimpleng sistema ay maaaring maging isang hanay ng mga baterya na magsisilbi para sa pangkalahatang paggamit at nakaayos para sa tuloy-tuloy na pagkarga kapag, halimbawa, ang pangunahing makina ay napapaandar gamit ang kamay.

2.6 Gayunman, kapag ang mga pangunahing at / o pangalawang makina ay may *electric motor starter*, ang mga bateryang konektado sa sistema para sa pagpapaandar ay dapat na hiwalay mula sa baterya na ginagamit para sa pag-iilaw at pangkalahatang mga serbisyo. Lahat ng mga bateryang laan ay dapat isaayos para sa tuloy-tuloy na pagkarga.

2.7. Sa kaganapang ang isang karagdagang hanay ng mga baterya ay kinakailangan para sa layuning pang-kagipitan lamang kung saan ay kailangan ding isaayos para sa patuloy na pagkarga, dapat ay maglagay ng *blocking diodes* (tingnan ang dibuho sa ibaba) upang maiwasan ang hindi sinasadyang *paralleling* ng baterya para sa pangkalahatang gamit at ang hanay ng bateryang pang-kagipitan.



2.8 Should a separate set of batteries be required for radio use only, another set of diodes would have to be incorporated in the charging system.

2.9 Battery sets should be fitted with double pole spark proof isolating switches placed close to the battery set. However, change-over switches may also be used if they are of a type that would automatically ensure that when one bank of batteries in a system is selected for discharging, the other bank in the same system would be automatically placed on charge; such switches may be incorporated in the main switchboard.

2.10 Where alarm systems such as a bilge alarm or warning light and automatic bilge pumps are required to cover "in port" conditions, the electrical connections should be made between the battery set and its isolating switch. In the case where two sets of general service batteries are fitted (and not intended for parallel operation), there may be a need to introduce blocking diodes to ensure that the power would be drawn initially from the battery with the highest charge, that is, until such time as the batteries are at the same energy level.

2.11 The Competent Authority, taking into consideration the design of the vessel and type of electrical equipment fitted, as well as the area of operation, may require that the battery-powered main source of supply should consist of two individual sets of radio batteries, two sets of lighting and general services batteries and two sets of starting batteries for the main engine. In such cases, one set of the general service batteries and one set of radio batteries could be considered to cover emergency situations.

3 High voltage electrical systems

Chapter 4 provides for a Competent Authority to address electrical systems of higher voltage than normally supplied by accumulator battery systems. In this regard, certain classes of Category A and B vessels may, in fact, require high voltage systems to power pumps, refrigeration systems and/or deck machinery, together with a provision to charge storage batteries for starting the main engine, running radio and equivalent equipment, and to meet emergency services. Thus, in addition to low voltage DC systems, there could be provisions for regulations to cover:

- .1 DC systems in excess of 110 volts; and
- .2 AC systems in excess of 220 volts.

3.1 110 V DC systems

3.1.1 Direct current installations should be wired as insulated return systems and double pole switching should be used throughout. The hull should not be used to carry current.

3.1.2 Main and emergency switchboards should be of the dead front to prevent accidental access to live parts. The sides and backs and, where necessary, the fronts of switchboards, should be suitably guarded. Switchboards should also be suitably divided to ensure safe separation between the 110 V system and low voltage circuits.

3.1.3 Earth indicator lamps should be incorporated in the switchboard as a means to detect current leakage. In addition, the switchboard should be fitted with volt and ammeters.

2.8 Kung kinakailangang gumamit ng hiwalay na baterya para sa radyo lamang, isa pang set ng *diodes* ang dapat na idagdag para sa sistema ng pagkakarga ng kuryente.

2.9 Ang mga set ng baterya ay dapat na nilagyan ng *double pole spark proof isolating switches* na inilagay sa malapit sa set ng baterya. Gayunpaman, ang mga *change-over switch* ay maaari ring gamitin kung ang mga ito ay mula sa isang uri na kusang sisiguro na kapag ang isang bangko ng mga baterya sa isang sistema ay pinili para sa *discharging*, ang iba pang mga bangko sa parehong system ay kusang mailalagay sa pagkakarga; ang naturang *switch* ay maaaring nakasama sa pangunahing *switchboard*.

2.10 Kung saan ang mga sistema ng alarma, katulad ng *bilge alarm* o ilaw-pambabala at ang *automatic bilge pumps*, ay kakailanganin upang saklawin ang *in port* na kundisyon, ang linya ng kuryente ay dapat ilagay sa pagitan ng baterya at ng kanyang *isolating switch*. Kung sakaling mayroong dalawang set ng baterya para sa pangkalahatang gamit (na hindi para sa *parallel* na operasyon), kinakailangang maglagay ng *blocking diodes* upang masiguro na ang kuryente ay unang manggagaling sa bateryang puno ang karga, iyon ay, hanggang ang mga baterya ay nasa parehong antas na ng enerhiya.

2.11 Ang Karampatang Awtoridad, habang isinasaalang-alang ang disenyo ng bangka at uri ng mga de-kuryenteng kagamitan na nakalagay, pati na rin ang lugar ng paglalayag, ay maaaring magtakda na ang pangunahing pinagkukunan ng suplay na pinapagana ng baterya ay dapat binubuo ng dalawang magkahiwalay na hanay ng mga baterya ng radyo, dalawang set ng baterya para sa pag-iilaw at pangkalahatang gamit at dalawang hanay ng mga pampaandar sa pangunahing makina. Sa ganitong mga kaso, ang isang hanay ng mga pangkalahatang gamit na baterya at ang isang hanay ng mga baterya ng radyo ay maaaring gamitin para sa oras ng kagipitan.

3 Mga sistemang gumagamit ng mataas na boltahe ng kuryente

Ang Kabanata 4 ay nagsasaad ng isang Karampatang Awtoridad na tutugon sa mga de-kuryenteng sistema na may mas mataas na boltahe kaysa sa nagmumula sa sistemang nagtitipong baterya. Sa bagay na ito, ang ilang mga klase ng bangka sa Kategoriya A at B ay maaaring, sa katunayan, mangailangan ng sistemang may mas mataas na boltahe upang paganahin ang mga bomba, pampalamig at / o makinarya sa palapag, kasama na ang probisyon upang kargahan ang mga baterya na pampaandar sa pangunahing makina, paganahin ang radyo at katumbas na kagamitan, at upang matugunan ang mga serbisyo sa panahon ng kagipitan. Kaya, bilang karagdagan sa sistemang DC na may mababang boltahe, ay maaaring may mga alituntunin upang masakop ang:

- .1. sistemang DC na higit sa 110 boltahe; at
- .2. sistemang AC na higit sa 220 boltahe.

3.1 Sistemang DC na may 110 boltahe

3.1.1 Ang paglalagay ng sistemang DC ay dapat sa paraang nakabukod na gamit ang *double pole switching*. Ang katawan ng bangka ay hindi dapat gamiting daluyan ng kuryente.

3.1.2 Ang pangunahin at pangkagipitang *switchboard* ay kinakailangang patay sa harap upang maiwasan ang aksidenteng pagkahawak sa mga buhay na parte nito. Ang gilid at likod at, kung kailangan, ang harap ng *switchboard* ay kailangang nababalutan. Ang *switchboard* ay dapat ring hatiin upang siguruhin ang ligtas na paghahati sa pagitan ng 110 V na sistema at ang *circuit* na may mababang boltahe.

3.1.3 Ang mga *earth indicator lamp* ay dapat na nakasama sa *switchboard* upang malaman kung may tumatagas na kuryente. Bilang karagdagan, ang *switchboard* ay dapat nilagyan ng metro para sa boltahe at *ammeters*.

3.1.4 Where only one generator is installed, a fast action double pole circuit breaker should be fitted. In the case of two generators being installed that are not intended for parallel operation, a fast action double pole change over switch should be fitted.

3.2 AC systems

3.2.1 If the main source of supply is an alternating current system, non self-regulating alternators should be provided with automatic voltage regulation.

3.2.2 Where more than one alternator is installed, the Competent Authority may approve the parallel operation of alternators, if synchronizing and power-sharing devices are to be fitted. The system should also be fitted with reverse power protection.

3.2.3 Where fitted, the primary windings of transformers should be protected against short circuits by circuit breakers or fuses capable of withstanding power surges. If transformers are arranged for parallel operation, they should be provided with secondary isolation.

3.2.4 Although provision should be made for a shore connection to the main switchboard, the arrangement should be such that individual circuits aboard the vessel cannot be energized by more than one source of electrical power at any one time.

3.2.5 Cables for AC systems should be kept separate from DC systems and run in separate trays, or trays that are suitably subdivided and have the approval of the Competent Authority.

3.2.6 Switchgear for AC systems should be fitted in switchboards and panels that are separate from those containing DC systems.

3.2.7 Switchgear and sockets should be so designed as to prevent the fitting of low voltage equipment and lamps into high voltage systems.

3.2.8 In unpolarized systems, double pole circuit breakers that open both live and neutral conductors are required and fuses should not be installed in unpolarized systems.

3.3 Battery charging

The use of transformers and marine quality battery chargers may be considered by the Competent Authority.

4 Emergency source of electrical power

4.1 In the event that a self-contained emergency source of electrical power is required, it should be located outside the machinery spaces above the working deck. It should be so arranged as to ensure that it would function in the event of fire or other causes of failure of the main electrical installations.

4.2 The emergency source of electrical power, which may be either a generator or an accumulator battery, should be capable, having regard to starting current and the transitory nature of certain loads, of serving simultaneously, for a period of at least three hours:

3.1.4 Kung saan nag-iisa lamang na *generator* ang nakalagay, dapat maglagay ng sensitibong *double pole circuit breaker*. Sa kaso ng may dalawang *generators* na hindi gagamitin para sa *parallel operation*, *double pole change-over switch* ang ilagay.

3.2 Mga sistemang AC

3.2.1 Kung ang pangunahing pinagmumulan ng kuryente ay ang *alternating current system*, dapat maglagay ng *nonselv-regulating alternators* na mayroong *automatic voltage regulation*.

3.2.2 Kapag higit sa isang *alternator* ang nakalagay, ang Karampatang Awtoridad ay pwedeng sumang-ayon sa *parallel operation of alternators* kung may *synchronizing at power-sharing* na kasangkapang ilalagay.

3.2.3 Kung kinakailangan, ang *primary windings* ng *transformers* ay dapat maprotektahan laban sa *short circuit* sa pamamagitan ng *circuit breaker* o *fuse* upang kayanin ang biglaang bugso ng malakas na kuryente. Kapag ang “transformer” ay para sa *parallel operation*, dapat ito ay may pangalawang pambukod.

3.2.4 Kahit dapat may nakasaad na tuntunin para sa *shore connection* sa pangunahing *switchboard*, ang pagkakaayos nito ay dapat na ang isang *circuit* na nasa loob ng bangka ay hindi dapat makakuha ng kanyang boltahe sa mahigit sa isang pinagkukunan ng kuryente nang sabay.

3.2.5 Ang mga kable ng sistemang AC ay dapat na maitago malayo sa sistemang DC systems at pinatatakbo sa magkahiwalay na lalagyan o sa lalagyan na mayroong partisyon at aprubado ng Karampatang Awtoridad.

3.2.6 Ang *switchgear* ng sistemang AC ay dapat ilagay sa *switchboard* at *panel* na hiwalay sa mga para sa sistemang DC.

3.2.7 Ang *switchgear* at *socket* ay dapat na idinisenyo upang maiwasan ang pagkakalagay ng mga kagamitan at ilaw na may mababang boltahe sa mataas na boltahe.

3.2.8 Sa *unpolarized systems*, kinakailangan ang *double pole circuit breaker* para sa para sa pagbukas ng *live* at *neutral* na daluyan at hindi dapat maglagay ng mga *fuse* sa *unpolarized systems*.

3.3 Pagkarga ng baterya

Ang paggamit ng *transformers* at *marine quality battery charger* ay itinatakda ng Karampatang Awtoridad.

4 Pinagkukunan ng kuryente sa oras ng kagipitan

4.1 Sa kaganapang may pangangailangan sa nakabukod na mapagkukunan ng kuryente sa panahon ng kagipitan, ito ay dapat na ilagay sa labas ng mga puwang ng makinarya sa taas ng lugar-gawaan ng bangka. Ito ay dapat na iayos upang masiguro na ito ay aandar kung sakaling may sunog o iba pang sanhi ng pagpalya ng pangunahing sistema ng kuryente.

4.2 Ang mapagkukunan ng kuryente sa panahon ng kagipitan, na maaaring *generator* o bateryang nagtitipon, ay dapat may kakayahang paganahin ang mga kagamitan sa ibaba ng hindi bababa sa tatlong oras:

- .1 a VHF radio installation or an MF radio installation or a ship-earth station or an MF/HF radio installation, depending on the sea area for which the vessel is to be equipped;
- .2 internal communication equipment, fire detecting systems and signals, which may be required in an emergency; and
- .3 the navigational lights if solely electrical and the emergency lights where applicable such as:
 - .1 at launching stations and over the side of the vessel;
 - .2 in all alleyways, stairways and exits;
 - .3 in spaces containing machinery or the emergency source of power;
 - .4 at or in control stations; and,
 - .5 in fish handling and fish processing spaces.

4.3 The arrangements for the emergency source of electrical power should comply with the following:

- .1 Where the emergency source of electrical power is a generator, it should be provided with an independent fuel supply and with efficient starting arrangements. Unless a second independent means of starting the emergency generator is provided, the single source of stored energy should be protected to preclude its complete depletion by the automatic starting system.
- .2 Where the emergency source of electrical power is an accumulator battery, it should be capable of carrying the emergency load without recharging whilst maintaining the voltage of the battery throughout the discharge period within plus or minus 12% of its nominal voltage. In the event of failure of the main power supply, this accumulator battery should be automatically connected to the emergency switchboard and should immediately supply at least those services specified in 4.2. The emergency switchboard should be provided with an auxiliary switch allowing the battery to be connected manually in case of failure of the automatic connection system.

4.4 The emergency switchboard should be installed as near as is practicable to the emergency source of power. Where the emergency source of power is a generator, the emergency switchboard may be located in the same place unless the operation of the emergency switchboard could be impaired.

4.5 Any accumulator battery should be installed in a well-ventilated space, but not in the space containing the emergency switchboard. An indicator should be mounted in a suitable space on the main switchboard or where suitable to indicate when the battery constituting the emergency source of power is being discharged. The emergency switchboard should be supplied in normal operation from the main switchboard by an inter-connector feeder protected at the main switchboard against overload and short circuit. When the system is arranged for feed back

- .1. Ang radyong *VHF* o radyong *MF* o istasyong “ship-earth” o radyong *MF/HF*, depende sa lugar ng dagat (*sea area*) na paglalayagan.
- .2. Panloob na kagamitang pangkomunikasyon at alarma ng sunog na kakailanganin sa oras ng kagipitan; at
- .3. ang mga ilaw na gamit sa paglalayag kung ito ay elektrikal o ilaw pangkaligtasan gaya ng:
 - .1. sa paglulunsarang istasyon at sa gilid ng bangka;
 - .2. sa lahat ng daanan, hagdanan at labasan;
 - .3. sa lugar na kung saan nakalagay ang makinarya o ang pagkukunan ng kuryente sa panahon ng kagipitan;
 - .4. sa *control stations*; at
 - .5. sa lugar kung saan hinahawakan at pinoproseso ang mga isda.

4.3 Ang pagkakaayos ng mapagkukunan ng kuryente sa panahon ng kagipitan ay dapat alinsunod sa mga ito:

- .1. Kung ang mapagkukunan ng kuryente sa panahon ng kagipitan ay isang *generator*, ito ay dapat na may sariling panggagalingan ng langis-panggatong at may mahusay paraan ng pagpapagana. Maliban kung may pangalawang nakabukod na paraan ng pagpapaandar ng *generator*, ang nag-iisang pinagkukunan ng tagong enerhiya ay dapat pangalagaan upang maiwasan ang sagarang pagkaubos dahil sa *automatic starting system*.
- .2. Kung ang mapagkukunan ng kuryente sa panahon ng kagipitan ay isang bateryang nagtitipon, ito ay dapat na mayroong kakayahang dalhin ang karga para sa panahon ng kagipitan nang hindi nagkakarga habang pinamamalagi ang boltahe ng baterya sa laang panahon ng pagkaubos ng kuryente sa loob ng humigit-kumulang sa 12% ng kanyang *nominal* na boltahe. Kung sakaling pumalya ang pangunahing pinagkukunan ng kuryente, ang bateryang nagtitipon ay dapat kaagad na kusang kakabit sa pangkaligtasang *switchboard* at kaagad mapunan man lamang ang mga serbisyong nakasaad sa 4.2. Ang pangkaligtasang *switchboard* ay dapat mayroong pangalawang *switch* upang pahintulutang maikabit ang baterya ng manu-mano kung sakaling pumalya ang *automatic connection system*.

4.4 Ang pangkaligtasang *switchboard* ay dapat nakalagay sa malapit sa pagmumulan ng kuryente sa panahon ng kagipitan. Kung ang biglaang pinagkukunan ng kuryente ay isang *generator*, ang *switchboard* ay maaaring ilagay sa parehong lugar maliban kung makakahadlang ito sa paggamit sa *switchboard*.

4.5 Ang anumang bateryang nagtitipon ay dapat nakalagay sa lugar na mayroong sapat na bentilasyon, subalit hindi sa lugar na naglalaman ng pangkaligtasang *switchboard*. Dapat lagyan ng *indicator* sa nararapat na lugar sa may pangunahing *switchboard* o kung saan ito naaayon upang malaman kung ang baterya na pagmumulan ng kuryente sa panahon ng kagipitan ay nauubos na. Ang pangkaligtasang *switchboard* ay dapat kargahan sa karaniwang operasyon mula sa pangunahing *switchboard* sa pamamagitan ng *inter-connector feder* na pinapangalagaan sa pangunahing *switchboard* laban sa sobrang pagkarga at *short circuit*.

operation, the inter-connector feeder should also be protected at the emergency switchboard against short circuit.

4.6 An emergency generator and its prime mover and any accumulator battery should be so arranged as to ensure that they will function at full rated power when the vessel is upright and when rolling up to an angle of 22.5° either way and simultaneously pitching 10° by bow or stern, or is in any combination of angles within those limits.

4.7 Battery level indicators should be mounted in a highly visible position on the main switchboard or in the machinery control room to facilitate monitoring of the condition of batteries constituting the emergency source of supply as well as any batteries required for the starting of an independent, power driven emergency generator.

4.8 The emergency source of electrical power and automatic starting equipment should be so constructed and arranged as to enable adequate testing to be carried out by the crew while the vessel is in operating condition.

D Switchboards

1 Switchboards should be so arranged as to give ease of access to apparatus and equipment, without danger to crew or maintenance staff. The sides and backs and, where necessary, the front of the switchboard, should be suitably guarded. Exposed “live” parts having voltages to earth exceeding a voltage to be specified by the Competent Authority should not be installed on the front of such switchboards. There should be non-conducting mats or gratings on the floor at the front.

2 All outgoing circuits from the switchboards should be double pole and open circuit protected. Lighting circuits should be separate from power circuits.

3 The main switchboard should be fitted with voltmeter and ammeter for each generator and with earth lamps. The emergency switchboard should also be fitted with a voltmeter, ammeter and earth lamps.

4 In the case of AC installations, each section of the switchboard, supplied by an individual alternator, should be fitted with a voltmeter, a frequency meter and an ammeter, switched to allow the current to be measured in each phase. Where applicable, a sub-distribution board fitted in the wheelhouse should be fitted with a voltmeter and a switch to isolate it from the mains.

5 Where electrical power, other than a low voltage supply, constitutes the only means of maintaining auxiliary services essential for the propulsion and the safety of the vessel, the main switchboard should be designed to allow preferential tripping of non-essential services to reduce the risk of overload and premature actuation of the emergency source of supply.

6 For safety purposes, it is important for electric circuits and the current-carrying capacity of each circuit to be permanently indicated, together with the rating or setting of the appropriate overload protective device to be identified on switchboards and, where appropriate, on distribution boxes. It is also important to plan the preferential tripping of circuit breakers to safeguard essential circuits in the event of an overload situation of a generator or alternator.

Kung ang sistema ay nakaayos para sa *feedback operation*, ang *inter-connector feeder* ay dapat ding pinapangalagaan sa pangkaligtasang *switchboard* laban sa *short circuit*.

4.6 Ang pangunahing *generator* at ang kanyang pangunahing puwersang panggalaw at anumang bateryang nagtitipon ay dapat na iayos upang siguruhin na ang mga ito ay gagana sa pinakamalakas na andar kapag ang bangka ay nakatayo o gumulong sa anggulo na 22.5° sa alinmang panig at sabayang bumababa o tumataas ng 10° sa harapan o likuran, o kahit anong kombinasyon ng mga anggulo sa mga nabanggit na hangganan.

4.7 Ang mga *battery level indicator* ay dapat nakalagay sa nakikitang lugar sa pangunahing *switchboard* o sa *control room* ng makinarya upang pangasiwaan ang pagmamanman ng kundisyon ng mga bateryang bumubuo ng pagmumulan ng kuryente sa oras ng kagipitan pati na rin ang mga bateryang kinakailangan upang mapaandar ang nakabukod na pangkaligtasang *generator*.

4.8 Ang mapagkukunan ng kuryente sa panahon ng kagipitan at ang *automatic starting equipment* ay dapat na ginawa at iniayos sa pamamaraang magbibigay-daan sa angkop na pagsubok na isasagawa ng kawani habang ang bangka ay naglalayag.

D Mga switchboard

1 Ang *switchboard* ay inayos upang mapuntahan ang mga kagamitan nang walang panganib sa mga kawani ng bangka. Ang tabi, likod at harap ng *switchboard* ay nararapat na nababalutan. Ang mga nakalantad na parteng de-kuryente na may boltaheng lampas sa takda ng Karampatang Awtoridad ay hindi dapat nakalagay sa harap ng nasabing *switchboard*. Dapat na may *non-conducting mat* o *gratings* sa sahig sa harapan.

2 Lahat ng palabas na *circuit* galing sa *switchboard* ay dapat *double pole* at protektadong sa *open circuit*. Ang mga *circuit* para sa ilaw ay dapat nakahiwalay sa mga *power circuit*.

3 Ang pangunahing *switchboard* ay dapat nilagyan ng *voltmeter* at *ammeter* para sa bawat *generator* at may mga *earth lamp*. Ang pangkaligtasang *switchboard* ay dapat ding lagyan ng *voltmeter*, *ammeter* at *earth lamp*.

4 Sa kaso ng paglalagay ng AC, bawat bahagi ng *switchboard*, na pinapagana ng hiwalay na *alternator*, ay dapat lagyan ng *voltmeter*, *frequency meter*, at *ammeter*, na may *switch* upang pahintulutang masukat ang kuryente sa bawat *phase*. Kung maaari, ang *sub-distribution board* na nakakabit sa *wheelhouse* ay dapat na mayroong *voltmeter* at *switch* upang maihiwalay ito sa mga pangunahing *board*.

5 Kung saan ang kuryente, maliban sa *low voltage supply*, ay nagsisilbing tanging daan upang panatilihin ang pangalawang serbisyo para sa paglalayag at kaligtasan ng bangka, ang pangunahing *switchboard* ay dapat na idinisenyo upang payagan ang pagpatay sa linya para sa di-gaanong mahalagang serbisyo upang mabawasan ang panganib ng *overload* at maagang pagkagamit sa pagkukunan ng kuryente sa panahon ng kagipitan.

6 Para sa layuning pangkaligtasan, mahalaga para sa *electric circuits* at *current-carrying capacity* ng bawat *circuit* na permanenteng nakikita kasama ng *rating* o *setting* ng *overload protective device* na makikita sa *switchboard* at “distribution boxes”. Mahalaga rin na planuhin ang “preferential tripping” ng *circuit breaker* upang mapangalagaan ang mahalagang *circuit* kung sakaling magkaroon ng *overload* ang *generator* o *alternator*.

7 Each separate circuit should be protected against short circuit as well as against overload to the satisfaction of the Competent Authority.

8 Piping conveying liquid should not be fitted above or close to switchboards or other electrical equipment. Where such arrangements are unavoidable, provision should be made to prevent leakage damaging the equipment. The current-carrying capacity of each circuit should be permanently indicated, together with the rating or setting of the appropriate overload protective device.

E Electric cables and conductors

1 In general, electrical wiring should be of marine grade materials only and should conform to the best marine practices of installation and workmanship. When selecting cables, however, particular attention should be given to environmental factors such as temperature and contact with substances, e.g., polystyrene, which degrades PVC insulation.

2 Cables which are not provided with electrical protection should be kept as short as possible and be “short circuit proofed”, e.g., single core with an additional insulating sleeve over the insulation of each core. Normal marine quality cable that is single core will meet this recommendation without an additional sleeve, since it has both conductor insulation and a sheath.

3 Where clips are used to secure cables, it is preferable to use cable trays in order to provide better protection to a cable and prevent the effect of sag. In the event that cable trays cannot be fitted, the distance between clips should be close enough to prevent excessive sagging of the cable (between the clips).

4 From a safety point of view, power cables of different voltages should be kept separate from each other and should be colour coded or otherwise marked for ease of identification.

F Earthing arrangements

1 All electrical installations should be bonded to earth and each bonding point should be accessible for maintenance.

2 The Competent Authority may approve grounded distribution systems provide that the common ground part of the vessel is only used as a means of maintaining the return side of the system at earth potential and the grounded side of the system should be of negative polarity.

3 On wood and composite hulled vessels, a continuous ground conductor should be installed to facilitate the grounding of non-conducting exposed metal parts; the ground conductor should terminate at a copper plate or sintered bronze fitting, the area of which is not less than 0.2 m², fixed to the keel below the light waterline so as to be fully immersed under all conditions of heel; the minimum size of the ground conductor should be not less than 16 mm.

4 Earth plates should not be placed within, or close to, the propeller aperture.

5 Every ground connection to the ship’s structure, or on wood and composite ships to the continuous ground conductor, should be made in an accessible position and should be secured by a screw or connector of brass or other corrosion-resistant material used solely for that purpose.

7 Ang bawat magkahiwalay na *circuit* ay dapat protektahan laban sa *short circuit* at *overload* sa kasiyahan ng Karampatang Awtoridad.

8 Ang mga tubong naglalaman ng likido ay hindi dapat nakalagay sa taas o malapit sa *switchboard* o iba pang kagamitang elektrikal. Kung ito ay hindi maiwasan, kinakailangang gawan ng paraan upang maiwasan ang pagtagas na sisira sa kagamitan. Ang *current-carrying capacity* ng bawat *circuit* ay dapat panatilihing nakikita kasama ng *rating* o *setting* ng *overload protective device*.

E Kable ng kuryente at daluyan

1 Sa pangkalahatan, ang linya ng kuryente ay dapat lamang na *marine grade material* at kinakailangang alinsunod sa pinakamahusay na kasanayan sa paglalagay at pagkakagawa. Subalit kung namimili ng kable, bigyang tuon ang mga *environmental factors* tulad ng temperatura at pagdikit sa mga sangkap na tulad ng *polystyrene*, na sumisira sa *PVC insulation*.

2 Ang mga kableng walang proteksiyong pang-elektrikal ay dapat pinananatiling maikli hangga't maaari at iniingatan laban sa *short circuit*, halimbawa, *single core* na may isang karagdagang pambukod na manggas sa ibabaw ng pagkakabukod ng bawat *core*. Ang may karaniwang kalidad na *marine cable* na *single core* ay matutugunan ang mungkahing ito nang walang karagdagang manggas, dahil ito ay may parehong pambukod at saha.

3 Kung gagamit ng klip upang maiayos ng mabuti ang mga kable, mas mabuting gumamit ng *cable tray* upang mabigyan ng higit na proteksiyon ang kable at maiwasan ang paglaylay nito. Kung sakaling ang *cable tray* ay hindi mailalagay ng mabuti, ang agwat ng klip ay dapat magkalapit upang maiwasan ang sobrang paglaylay ng mga kable.

4 Mula sa puntong pangkaligtasan, ang mga kable ng kuryente na may iba't ibang boltahe ay dapat nakahiwalay sa isa't isa at dapat *color-coded* o minarkahan upang madali ang pagkakakilanlan.

F Kaayusan ng ground

1 Ang lahat ng mga linya ng kuryente ay dapat naka-*ground* at naaabot para sa pagmimintina.

2 Ang Karampatang Awtoridad ay maaaring mag-apruba sa sistema ng *ground distribution* kapag ang karaniwang bahagi ng bangka ay ginagamit lamang bilang isang paraan ng pagpapanatili ng pambalik na bahagi ng sistema sa *earth potential* at ang *grounded* na bahagi ng sistema ay dapat may negatibong polaridad.

3 Sa mga bangkang yari sa kahoy at *composite*, dapat may isang tuloy-tuloy na daluyan ng *ground* upang pangasiwaan ang *grounding* ng mga hindi dinadaluyan ng kuryenteng nakalantad na mga bahaging *metal*, ang daluyan ng *ground* ay dapat magtapos sa isang platang tanso o *sintered bronze fitting*, kung saan ang sukat ay hindi bababa sa 0.2 m^2 , na siniguro sa kilya sa ibaba ng linya ng tubig kapag magaan ang bangka upang ganap na nasa ilalim ng tubig sa lahat ng mga kundisyon ng pagtagilid, ang minimum na laki ng daluyan ng *ground* ay dapat na hindi mas mababa sa 16 mm.

4 Ang mga *earth plate* ay hindi dapat ilagay sa loob, o malapit sa, siwang ng pala.

5 Bawat koneksyon ng *ground* sa istraktura ng bangka, o sa mga bangkang yari sa kahoy at *composite* patungo sa daluyan ng *ground*, ay dapat na ginawa sa isang naaabot na posisyon at dapat siniguro ng isang turnilyo o pandugtong ng tanso o iba pang hindi kinakalawang na materyal na tanging ginagamit para sa naturang layunin.

6 Exposed permanently-fixed metal parts of electrical machines or equipment which are not intended to be “live”, but which are liable under fault conditions to become “live”, should be earthed (grounded) unless:

- .1 they are supplied at a voltage not exceeding 55 V direct current (DC) or 55 V, root mean square, between conductors; auto-transformers should not be used for the purpose of achieving this alternative current voltage; or
- .2 they are supplied at a voltage not exceeding 250 V by safety isolating transformers supplying one consuming device only; or
- .3 they are constructed taking into account the principle of double insulation.

7 Radar, radio and other navigational equipment that require to be earthed should have a separate grounding point and the connection should be of adequate dimensions and of the least resistance.

8 Where a flexible, non-conducting coupling is fitted between the engine and gearbox or between the gearbox output shaft and the propeller shafting, the coupling should be bridged by a piece of braided copper conductor.

G Precautions against shock, fire and other hazards of electrical origin

1 Cable systems and electrical equipment should be so installed as to avoid or reduce interference with radio operation.

2 Cables should be capable of carrying the maximum rated current for the circuit. The cross-sectional area should be sufficient to ensure that the voltage drop will not exceed 6% of the nominal rating under the maximum-rated load for the circuit. Electrical wiring should be of marine grade multi-strand tinned copper wire cores with an approved insulated cover.

3 All electrical cables should be at least of a flame-retardant type and should be so installed as not to impair their original flame-retarding properties. The Competent Authority may permit the use of special types of cables when necessary for particular applications, such as radio frequency cables, which do not comply with the foregoing.

4 Electrical cables should be supported in such a manner as to avoid chafing or other damage and should not be located close to hot surfaces such as engine exhausts. Except as permitted by the Competent Authority in exceptional circumstances, all metal sheaths and armour of cables should be electrically continuous and should be earthed.

5 Where cables are not metal sheathed or armoured and there might be a risk of fire in case of an electrical fault, special precautions should be taken to the satisfaction of the Competent Authority.

6 Electrical wiring and electrical equipment installed in vessels should be of marine grade materials only and should conform to the best marine practices of installation and workmanship. Electrical equipment exposed to the weather should be protected from dampness and corrosion as well as mechanical damage.

6 Ang mga nakalantad at permanenteng nakakabit na *metal* na bahagi ng mga de-kuryenteng kagamitan o makinaryang hindi nilalayong *live*, ngunit maaaring maging *live* sa panahon ng pagpalya, ay dapat *grounded* maliban kung:

- .1. ito ay dinadaluyan ng boltaheng hindi lumalagpas sa 55 V (DC) o 55 V, *root square mean*, sa pagitan ng mga daluyan, ang mga *auto-transformer* ay hindi dapat gamitin upang makamit ang boltaheng AC; o
- .2. ito ay dinadaluyan ng boltaheng hindi lumalagpas sa 250 V sa pamamagitan ng *safety isolating transformer* na nagbibigay ng kuryente sa isang aparato lamang; o
- .3. ito ay ginawang may pagsasaalang-alang sa prinsipyo ng dobleng pagkakabukod.

7 Ang mga radar, radyo at iba pang kagamitang panlayag na dapat naka-*ground* ay dapat na magkaroon ng isang hiwalay na *grounding point* at ang koneksyon ay dapat na may angkop na sukat at may pinakamababang paglaban.

8 Kung saan ang isang nababaliktot at hindi dinadaluyan ng kuryenteng dugtungan ay inilagay sa pagitan ng makina at *gearbox* o sa pagitan ng *gearbox output shaft* at ng puluhan ng pala, ang dugtungan ay dapat tulayan sa pamamagitan ng isang piraso ng tinirintas na tansong padaluyan.

G Pag-iingat laban sa pagkabigla, sunog at iba pang panganib na mula sa kuryente

1 Ang mga sistema ng kable at kagamitang elektrikal ay dapat na mailagay sa paraang maiiwasan o mabawasan ang *interference* sa operasyon ng radyo.

2 Ang mga kable ay dapat may kakayahang magdala ng *maximum rated current* para sa *circuit*. Ang *cross-sectional area* ay dapat sapat upang masigurong ang pagbagsak ng boltahe ay hindi lalagpas sa 6% ng *nominal rating* sa ilalim ng *maximum rated load* para sa *circuit*. Ang linya ng kuryente ay dapat gawa sa *marine grade multi-strand tinned copper wire cores* na may tanggap na pambukod na balot.

3 Lahat ng kable ng kuryente ay dapat man lang may kakayahang hindi magliyab at naikabit nang hindi nasisira ang orihinal na kakayahan nitong hindi magliyab. Ang Karampatang Awtoridad ay maaaring pumayag sa paggamit ng espesyal na uri ng kable kung kinakailangan para sa tukoy na paggamit, tulad ng kable ng *radio frequency*, na hindi alinsunod sa nabanggit.

4 Ang mga kable ng kuryente ay dapat naaalalayan sa paraang maiiwasan ang pagkagasgas o iba pang pagkasira at hindi dapat nakalagay malapit sa maiinit na kalatagan tulad ng tambutso ng makina. Maliban kung mayroong pahintulot ang Karampatang Awtoridad, lahat ng *metal* na saha at *armor* ng kable ay dapat na may tuloy-tuloy na kuryente at naka-*ground*.

5 Kung ang mga kable ay walang saha o *armor* na yari sa *metal* at mayroong panganib sa sunog sa kaso ng pagpalya, dapat ay may espesyal na pag-iingat sang-ayon sa Karampatang Awtoridad.

6. Ang mga linya at kagamitang de-kuryente na nakalagay sa bangka ay dapat *marine grade material* lamang at alinsunod sa pinakamahusay na kasanayan sa paglalagay at pagkakagawa. Ang mga kagamitang elektrikal na nakalantad sa panahon ay dapat maproteksyunan laban sa pamamasa at pangangalawang pati na rin sa pagkasirang mekanikal.

7 Lighting fittings should be arranged to prevent temperature rises which could damage the wiring and to prevent surrounding material from becoming excessively hot.

8 In spaces where flammable mixtures are liable to collect, and in any compartment assigned principally to the containment of an accumulator battery, no electrical equipment should be installed unless the Competent Authority is satisfied that it is:

- .1 essential for operational purposes;
- .2 of a type that will not ignite the mixture concerned;
- .3 appropriate to the space concerned; and
- .4 appropriately certified for safe usage in the dusts, vapours or gases likely to be encountered.

9 Where a potential explosion risk exists in or near any space, all electrical equipment as well as fittings installed in those spaces should be either explosion-proof or intrinsically safe to the satisfaction of the Competent Authority.

H Lighting systems

1 Lighting for machinery spaces and work spaces should be supplied from at least two separate final sub-circuits and arranged in such a manner that failure of one final sub-circuit should not leave the space in darkness.

2 Lighting of normally unattended spaces such as the fish-hold and net stores should be controlled from outside the space.

3 An emergency source of power should be made available for a signalling lamp if carried.

I Electric motors

1 In general, every electric motor should be provided with a means of starting and stopping, so located that the person controlling the motor can easily operate it.

2 With the exception of an engine starter motor, the circuits supplying electric motors should be fitted with short circuit and overload protection.

3 In the case of steering gear motors, overload protection is not mandatory; therefore in the event of failure of any of the steering gear circuits, an alarm should sound in the wheelhouse. In addition, indicators should also be installed in the wheelhouse to give an indication when steering gear motors and units are in operation. If protection against excess current is provided it should be a circuit breaker and should be set at not less than twice the full load current of the motor or circuit and should be arranged to allow the passage of the appropriate starting current.

4 Where electric motors are fitted to deck machinery, the operating device should automatically return to the stop position when released. Emergency stops should also be provided at positions as set out in the recommendations given in 6.7 of chapter 6. The mechanical component of the deck machinery should be fitted with an appropriate fail-safe

7 Ang mga kagamitan sa pagpapailaw ay dapat na nakaayos upang maiwasan ang pagtaas ng temperatura na makakasira sa linya at maiwasan ang lubhang pag-init ng mga katabing kagamitan.

8 Sa mga lugar na karaniwang pag-ipunan ng mga halong madaling magliyab at sa alinmang kumpartimentong laan para sa bateryang nagtitipon, dapat ay walang nakalagay na kagamitang elektrikal maliban kung ang Karampatang Awtoridad ay sumasang-ayon na ito ay:

- .1. kailangan sa layunin ng operasyon;
- .2. gawa sa uring hindi magpapaliyab sa nasabing halo;
- .3. angkop sa nasabing lugar; at
- .4. may angkop na sertipikasyon para sa ligtas na paggamit sa alikabok, singaw o gas na malamang makatagpo.

9 Kung mayroong panganib ng pagsabog sa lugar o kalapit-lugar, lahat ng kagamitang elektrikal sa lugar na iyon ay dapat *explosion proof* o dati nang ligtas ayon sa Karampatang Awtoridad.

H Sistema ng pagpapailaw

1 Ang mga ilaw para sa lugar ng mga makinarya at gawaan ay dapat manggaling sa hindi bababa sa dalawang hiwalay na *final sub-circuit* at nakaayos sa paraan na kapag nasira ang isang *final sub-circuit*, ang lugar ay hindi dapat manatiling madilim.

2 Ang pag-iilaw sa hindi gaanong nagagamit na lugar katulad ng imbakan ng isda at lambat ay dapat maaaring pangasiwaan mula sa labas.

3 Dapat may mapagkukunan ng kuryente sa panahon ng kagipitan para sa pang-senyas na ilaw, kung ito ay dala.

I Mga de-kuryenteng motor

1 Sa pangkalahatan, ang bawat de-kuryenteng motor ay dapat may paraan upang paandarin at patigilin ito, na matatagpuan sa lugar kung saan madali itong magagamit ng taong nangangasiwa sa motor.

2 Maliban sa motor na pampaandar sa makina, ang mga *circuit* na nagpapagana sa de-kuryenteng motor ay dapat lagyan ng proteksiyon laban sa *short circuit* at *overload*.

2.8.5 Ang bawat susubok ay dapat dumapa sa tubig, ngunit nakataas ang ulo upang ang bibig ay wala sa tubig. Ang mga paa ay dapat suportado, magkalayo ng ga-balikat, at ang takong ay nasa ibaba lamang ng tubig. Pagkatapos maghanda sa panimulang posisyon na tuwid ang mga binti at nasa gilid ang mga kamay, ang susubok ay dapat utusan sa sumusunod na pagkakasunod-sunod upang hayaang dahan-dahan at ganap na magpalubay sa isang natural at lumulutang na pustura: hayaan ang mga kamay at balikat upang magpalubay; payagan ang binti upang magpalubay, at pagkatapos ay ang gulugod at leeg, hayaan ang ulong mapunta sa tubig habang humihinga ng normal. Sa bahaging pagpapalubay, ang susubok ay dapat na panatilihin sa isang matatag na padapang posisyon. Kaagad pagkatapos makapagpalubay ang susubok habang nakadapa sa tubig, gaya ng isang taong lubusang napagod, ang mga paa ng susubok ay dapat na bitawan. Ang tagal ng panahon hanggang sa ang bibig ng susubok ay umangat sa tubig ay dapat maitala sa pinakamalapit na 1/10 ng segundo, na nagsisimula mula sa pagbitaw sa paa ng susubok. Ang pagsubok na binanggit sa itaas ay dapat na isasagawa ng anim na beses, at ang pinakamataas at pinakamababang panahon ay balewalain. Ang pagsubok ay dapat na isagawa naman ng anim na beses sa *RTD* at ang pinakamataas at pinakamababang panahon ay balewalain.

Pagsukat sa balanse nang hindi gumagalaw

2.8.6 Sa pagtatapos ng pagsubok sa pag-angat nang hindi gumagawa ng anumang mga pagsasaayos sa posisyon ng katawan o *lifejacket*, ang mga sukat ay dapat na kunin habang ang sumubok ay nakalubay sa patihayang ayos na may *static* na balanse na bunga ng naunang mga pagsubok. Ang mga sumusunod na mga sukat ay dapat na kunin (tingnan ang Dibuho 4):

1. *freeboard* - ang distansyang sinusukat ng perpendikular mula sa ibabaw ng tubig tungo sa pinakamababang punto ng bibig ng sumubok, kung saan ang paghinga ay maaaring mahadlangan kung ang bibig ay hindi ganap na ititikom. Ang pinakamababang gilid ng bibig ay dapat na sinusukat kung ang kaliwa at kanang gilid ay hindi pantay;
2. *faceplane angle* – ang anggulo, depende sa ibabaw ng tubig, ng planada na nabuo sa pagitan ng mga pinakaharap na bahagi ng noo at baba;
3. *torso angle* - ang anggulo, depende sa patayo, ng linya na nabuo ng pasulong na mga punto ng balikat at baywang (*ilium* na bahagi ng *pelvis*); at
4. *list angle* - ang anggulong may kaugnayan sa ibabaw ng tubig at ng linya sa pagitan ng kaliwa at kanang balikat o isang linyang tagos sa tainga kung ulo lamang ang nakatagilid.




Figure 4 – Static balance measurements


Assessment

2.8.7 After the water tests described in 2.8.5 and 2.8.6 above:

- .1 *Turning time:* The average turn time for all subjects in the candidate lifejacket should not exceed the average time in the RTD, and the number of “no-turns”, if any, should not exceed the number in the RTD;
- .2 *Freeboard:* The average freeboard of all the subjects should not be less than the average for the RTD;
- .3 *Torso angles:* The average of all subjects’ torso angles should be not less than the average for the RTD minus 5°;
- .4 *Faceplane (head) angles:* The average of all subjects’ faceplane angles should be not less than the average for the RTD minus 5°;
- .5 *Lifejacket light location:* The position of the lifejacket light should permit it to be visible over as great a segment of the upper hemisphere as is practicable.

Jump and drop tests

2.8.8 Without readjusting the lifejacket, the test subject should jump vertically into the water, feet first, from a height of at least 1 m while holding the arms over the head. Upon entering the water, the test subject should relax to simulate a state of utter exhaustion. The freeboard to the mouth should be recorded after the test subject comes to rest. The test should be repeated from a height of at least 4.5 m but, when jumping into the water, the test subject should hold on to the



Dibuho 4 – Pagsukat sa balanse nang hindi gumagalaw

Pagtas

2.8.7 Pagkatapos ng mga pagsubok sa tubig na inilarawan sa 2.8.5 at 2.8.6 sa itaas:

- .1. *Turning time:* Ang karaniwang oras ng pagganap ng bawat susubok sa *lifejacket* ay hindi dapat lumagpas sa karaniwang oras sa *RTD*, at ang bilang ng mga "hindi nagtagumpay", kung mayroon man, ay hindi dapat lumagpas sa bilang ng *RTD*;
- .2. *Freeboard:* Ang karaniwang *freeboard* ng lahat ng mga susubok ay hindi dapat na mas mababa kaysa sa karaniwan para sa *RTD*;
- .3. *Torso angles:* Ang karaniwang bilang ng anggulo ng katawan ng lahat ng mga sumubok ay dapat na hindi kukulangin kaysa sa karaniwang bilang para sa *RTD minus 5°*;
- .4. *Faceplane (head) angles:* Ang karaniwang bilang ng anggulo ng mukha ng lahat ng mga sumubok ay dapat na hindi kukulangin kaysa sa karaniwang bilang para sa *RTD minus 5°*;
- .5. *Lifejacket light location:* Ang posisyon ng ilaw ng *lifejacket* ay dapat magpahintulot na makita ito sa alinmang lawak ng himpapawid hangga't maaari.

Pagsubok sa pagtalon at pagbagsak

2.8.8 Ang susubok ay dapat tumalon ng patayo sa tubig, nang hindi muna inaayos muli ang *lifejacket*, una ang paa, mula sa isang taas na hindi bababa sa 1 m habang hinahawakan ang mga kamay sa ibabaw ng ulo. Sa pagpasok sa tubig, ang susubok ay dapat magpalubay gaya ng isang lubos na napagod. Ang agwat sa bibig ay dapat na itala matapos makuha ang pahingang posisyon. Ang pagsubok ay dapat na ulitin mula sa isang taas na hindi bababa sa 4.5 m ngunit, kapag lumukso sa tubig, ang susubok ay dapat humawak sa *lifejacket* sa

lifejacket during water entry to avoid possible injury. Upon entering the water, the test subject should relax to simulate a state of utter exhaustion. The freeboard to the mouth should be recorded after the test subject comes to rest. The lifejacket and its attachments should be examined for any damage. If injury is believed likely from any jump or drop test the lifejacket should be rejected or the test delayed until tests from a lower height or with additional precautions demonstrate that the risk from the required test is acceptable.

Assessment

2.8.9 Following the drop test, the lifejacket should:

- .1 surface the test subject in a face-up position with an average freeboard for all the subjects of not less than the average for the RTD determined in accordance with 2.8.6;
- .2 not be dislodged or cause harm to the test subject;
- .3 have no damage that would affect its in-water performance or buoyancy; and
- .4 have no damage to its attachments.

Stability test

2.8.10 The test subject should attain a relaxed face-up position of static balance in the water. The subject should be instructed to assume a foetal position as follows: “place your elbows against your sides, your hands on your stomach, under the lifejacket if possible, and bring your knees up as close to your chest as possible”. The subject should be rotated clockwise around the longitudinal axis of the torso by grasping the subject’s shoulders or upper areas of the lifejacket so that the subject attains a 55 ± 5 degree list. The subject should then be released. The subject should return to a stable face-up position. The test should then be conducted with the subject rotated counter-clockwise. The entire test should then be repeated with the test subject wearing the RTD. The candidate lifejacket should not roll any subject face down in the water. The number of subjects who are returned to the stable face-up foetal position in the candidate lifejacket should be at least equal to the number who are returned to the stable face-up foetal position in the RTD.

Swimming and water emergence test

2.8.11 All test subjects, without wearing the lifejacket, should attempt to swim 25 m and board a liferaft or a rigid platform with its surface 300 mm above the water surface. All test subjects who successfully complete this task should perform it again wearing the lifejacket. At least two-thirds of the test subjects who can accomplish the task without the lifejacket should also be able to perform it with the lifejacket.

2.9 Children’s lifejacket tests

As far as possible, similar tests should be applied for approval of lifejackets suitable for children.

panahon ng pagtalon sa tubig upang maiwasan ang posibleng pinsala. Sa pagpasok sa tubig, ang susubok ay dapat magpalubay gaya ng isang lubos na napagod. Ang agwat sa bibig ay dapat na itala matapos makuha ang pahingang posisyon. Ang *lifejacket* at ang mga bahagi nito ay dapat suriin para sa anumang pinsala. Kung ang pinsala ay malamang na mula sa anumang pagsubok sa pagtalon o pagbagsak, ang *lifejacket* ay dapat tanggihan o antalahin ang pagsubok hanggang ang mga pagsubok mula sa isang mas mababang taas o may karagdagang pag-iingat ay magpakita na ang mga panganib mula sa kinakailangang pagsubok ay katanggap-tanggap.

Pagtasa

2.8.9 Kasunod sa mga pagsubok sa pagbagsak, ang *lifejacket* ay dapat:

- .1. palitawin ang sumubok sa isang patihayang posisyon na may karaniwang agwat (*freeboard*) para sa lahat ng mga sumubok na hindi kukulangin kaysa sa karaniwang bilang para sa *RTD* alinsunod sa 2.8.6;
- .2. hindi matanggal o maging sanhi ng pinsala sa susubok;
- .3. walang pinsala na maaaring makaapekto sa pagganap o paglutang nito sa tubig ; at
- .4. walang pinsala sa mga bahagi nito.

Pagsubok sa katatagan

2.8.10 Ang susubok ay dapat matamo ang isang nakalubay at patihayang posisyon sa tubig. Ang susubok ay dapat na atasan na isagawa ang isang pang-sanggol na posisyon tulad ng mga sumusunod: “ilagay ang iyong mga siko sa tagiliran, ang iyong mga kamay sa iyong tiyan, sa ilalim ng *lifejacket* kung maari, at tiklupin ang iyong mga tuhod nang pinakamalapit sa iyong dibdib”. Ang susubok ay dapat pinihit pakanan sa paligid na paayon sa aksis ng katawan ng tao sa pamamagitan ng paghawak sa balikat ng susubok o itaas na bahagi ng *lifejacket* upang ang susubok ay magkamit ng 55 ± 5 degree list. Ang sumubok ay dapat bitawan pagkatapos. Ang sumubok ay dapat bumalik sa isang matatag na patihayang posisyon. Ang pagsusulit ay dapat isagawa naman gamit ang pakaliwang pagpihit pagkatapos. Ang buong pagsubok ay dapat ulitin naman habang suot ang *RTD*. Ang gamit na *lifejacket* ay hindi dapat magpagulong padapa sa tubig sa sinumang susubok. Ang bilang ng mga sumubok na ibinalik sa matatag na patihayang pang-sanggol na posisyon ng gamit na *lifejacket* ay hindi dapat bababa sa katumbas na bilang ng mga sumubok na ibinalik sa matatag na patihayang pang-sanggol na posisyon gamit ang *RTD*.

Pagsubok sa paglangoy at paglitaw sa tubig

2.8.11 Ang lahat ng mga susubok, na walang suot na *lifejacket*, ay dapat magtangkang lumangoy ng 25 m at sumampa sa *liferaft* o isang matibay na tuntungan na nakataas ng 300 mm mula sa ibabaw ng tubig. Lahat ng sumubok na matagumpay na nakumpleto ang gawain ay dapat magsagawa nitong muli suot ang *lifejacket*. Dapat hindi bababa sa dalawang-ikatlo (2/3) ng mga sumubok maisagawa ang gawain nang walang *lifejacket* ang dapat ding makapagsagawa ng mga ito na may *lifejacket*.

2.9 Mga pagsubok sa pambatang *lifejacket*

Hangga't maaari, ang mga katulad na mga pagsubok ay dapat na isagawa para sa pag-apruba ng mga *lifejacket* na angkop para sa mga bata.

Child test subjects

2.9.1 For child-size lifejackets, tests should be carried out with at least 9 able-bodied persons. All test subjects should be selected according to table 2.2 as follows:

- .1 One subject should be selected per each cell containing a “1”.
- .2 Remaining subjects should be selected from cells containing an “X”, without repeating a cell.
- .3 At least 40% of the subjects should be male and at least 40% female.

Table 2.2 – Selection of child test subjects

Height range (cm)	Weight range (kg)										
	14-17	17-20	20-22	22-25	25-28	28-30	30-33	33-36	36-38	38-41	41-43
79-105	1	X									
90-118		X	1								
102-130				1	X						
112-135					X	1					
122-150							1	1	X		
145-165									X	1	1

2.9.2 When conducting water performance tests under 2.8, child-size lifejackets should meet the following requirements for their critical flotation stability characteristics:

- .1 *Turning time*: The average turn time for all subjects in the candidate lifejacket should not exceed the average time in the appropriate size RTD;
- .2 *Freeboard*: The average results for clearance of the mouth above the water for all subjects should not be less than the average for the appropriate size RTD;
- .3 *Torso angle*: The average of all subjects’ results should be not less than the average for the appropriate size RTD minus 10°;
- .4 *Faceplane (head) angle*: The average of all subjects’ results should be not less than the average for the appropriate size RTD minus 10°; and
- .5 *Mobility*: Mobility of the subject both in and out of the water should be given consideration in determining the acceptability of a device for approval and should be compared to mobility when wearing the appropriate size RTD when climbing out of the water, going up and down stairs, picking up an article from the floor, and then drinking from a cup.

Mga batang sasailalim sa pagsubok

2.9.1 Para sa mga pambatang-laki ng *lifejacket*, ang mga pagsubok ay dapat na isakatuparan ng hindi bababa sa 9 na malulusog na tao. Dapat na piliin ang lahat ng mga susubok ayon sa Talahanayan 2.2 tulad ng mga sumusunod:

- .1. Isang susubok ang dapat na pinili sa bawat *cell* na naglalaman ng "1".
- .2. Ang mga natitirang susubok ay dapat na pinili mula sa mga *cell* na naglalaman ng "X", na walang inuulit na *cell*.
- .3. Hindi bababa sa 40% ng mga susubok ay dapat kalalakihan at hindi bababa sa 40% ang kababaihan.

Talahanayan 2.2 Pagpili ng mga batang sasailalim sa pagsubok

Hanay ng Taas (cm)	Hanay ng timbang (kg)										
	14-17	17-20	20-22	22-25	25-28	28-30	30-33	33-36	36-38	38-41	41-43
79-105	1	X									
90-118		X	1								
102-130				1	X						
112-135					X	1					
122-150							1	1	X		
145-165									X	1	1

2.9.2 Kapag nagsasagawa ng mga pagsubok sa pagganap sa tubig sa ilalim ng 2.8, ang pambatang-laki na *lifejacket* ay dapat matugunan ang mga sumusunod na mga pangangailangan para sa kanilang mga kritikal na mga katangian ng katatagan sa paglutang :

- .1. *Turning time*: Ang karaniwang oras ng pagganap ng bawat susubok sa *lifejacket* ay hindi dapat lumagpas sa karaniwang oras sa naaangkop na laki ng *RTD*;
- .2. *Freeboard*: Ang karaniwang bilang sa mga resulta para sa agwat ng bibig sa ibabaw ng tubig sa lahat ng mga sumubok ay hindi dapat na mas mababa kaysa sa karaniwang bilang para sa naaangkop na laki ng *RTD*;
- .3. *Torso angle*: Ang karaniwang bilang ng lahat ng resulta ng mga sumubok ay dapat na hindi kukulangin kaysa sa karaniwang bilang para sa naaangkop na laki ng *RTD minus 10°*;
- .4. *Faceplane (head) angle*: Ang karaniwang bilang ng lahat ng resulta ng mga sumubok ay dapat na hindi kukulangin kaysa sa karaniwang bilang para sa naaangkop na laki ng *RTD minus 10°*; at
- .5. *Mobility*: Ang kakayahang gumalaw ng susubok kapag nasa tubig man o hindi ay dapat bigyan ng pagsasaalang-alang sa pagtukoy kung katanggap-tanggap ba ang isang aparato para sa pag-apruba at dapat ikumpara sa kakayahang kumilos kapag suot ang naaangkop na sukat ng *RTD* kapag umaahon sa tubig, pumapanhik-panaog sa hagdan, namumulot ng isang bagay mula sa sahi, at umiinom mula sa isang tasa.

PART 2 – PRODUCTION AND INSTALLATION TESTS

1 General

1.1 Representatives of the Competent Authority should make random inspection of manufacturers to ensure that the quality of life-saving appliances and the materials used comply with the specification of the approved prototype life-saving appliance.

1.2 Manufacturers should be required to institute a quality control procedure to ensure that life-saving appliances are produced to the same standard as the prototype life-saving appliance approved by the Competent Authority and to keep records of any production tests carried out in accordance with the Competent Authority's instructions.

1.3 Where the proper operation of life-saving appliances is dependent on their correct installation in ships, the Competent Authority should require installation tests to ensure that the appliances have been correctly fitted in a vessel.

2 Individual buoyancy equipment for lifejackets

Production tests

2.1 Manufacturers should be required to carry out a buoyancy test on at least 0.5% of each batch of lifejackets produced, subject to a minimum of one from every batch.

Inspections by the Competent Authority

2.2 Inspections by a representative of the Competent Authority should be made at intervals of at least one per 6,000 lifejackets produced, subject to a minimum of one inspection per calendar quarter. When the manufacturer's quality control programme results in lifejackets that are consistently free of defects, the rate of inspection may be reduced to one in every 12,000. At least one lifejacket of each type in production should be selected at random by the inspector and subjected to detailed examination including, if necessary, cutting open. He should also satisfy himself that the flotation tests are being conducted satisfactorily; if he is not satisfied, a flotation test should be undertaken.

BAHAGI 2 – MGA PAGSUBOK SA PRODUKSIYON AT PAGLALAGAY

1 Pangkalahatan

1.1 Ang mga kinatawan ng Karampatang Awtoridad ay dapat gumawa ng *random* na inspeksyon ng mga pagawaan upang matiyak na ang kalidad ng mga kagamitang pangkaligtasan at ang mga materyales na ginamit ay alinsunod sa detalye ng aprubadong halimbawa ng kagamitang pangkaligtasan.

1.2 Ang mga pagawaan ay dapat atasang magtalaga ng mga pamamaraan upang siguruhing ang mga kagamitang pangkaligtasan ay ginawa sa parehong pamantayan ng aprubadong halimbawa ng kagamitang pangkaligtasan ng Karampatang Awtoridad at upang panatilihin ang mga tala ng anumang mga pagsubok ng produksyon na isinasagawa alinsunod sa mga tagubilin ng Karampatang Awtoridad.

1.3 Kung saan ang tamang pagganap ng mga kagamitang pangkaligtasan ay nakasalalay sa kanilang mga wastong pagkakalagay sa mga bangka, ang Karampatang Awtoridad ay dapat humingi ng mga pagsubok sa paglalagay upang matiyak na ang mga kagamitang pangkaligtasan ay nailagay ng tama sa isang bangka.

2 Indibidwal na kagamitang pampalutang para sa mga *lifejacket*

Pagsubok sa produksiyon

2.1 Ang mga pagawaan ay dapat na atasan upang magsagawa ng pagsubok sa paglutang na hindi bababa sa 0.5% ng bawat grupo ng *lifejacket* na ginawa, o may isa mula sa bawat grupo.



Pagsisiyasat ng Karampatang Awtoridad

2.2 Ang pagsisiyasat sa pamamagitan ng isang kinatawan ng Karampatang Awtoridad ay dapat gawin sa pagitan ng hindi bababa sa isa sa bawat 6,000 *lifejacket* na ginawa, na may isang inspeksyon sa bawat *quarter* ng kalendaryo. Kapag ang programa sa pangangasiwa ng kalidad sa pagawaan ay magreresulta sa mga *lifejacket* na mula't sapul ay walang depekto, ang bilang ng pagsisiyasat ay maaaring bumaba sa isa sa bawat 12,000. Hindi bababa sa isang *lifejacket* ng bawat uri sa produksyon ang dapat na mapili nang *random* sa pamamagitan ng tigasiyasat at maisailalim sa detalyadong pagsusuri kabilang, kung kinakailangan, ang pagbubukas. Dapat din siyang masiyahan na ang mga pagsubok sa paglutang ay isinagawa nang matagumpay; kung hindi siya nasiyahan, dapat magsagawa ng pagsubok sa paglutang.


ANNEX XXIII

CORRECT SECURING OF HYDROSTATIC RELEASE UNITS*

HYDROSTATIC RELEASE UNIT (HRU) CORRECT INSTALLATION



1. If vessel sinks, Hydrostatic Release Unit activates and liferaft attempts to float to surface
2. Tension on painter will cause liferaft to inflate
3. Tension on weak link will cause it to break ensuring liferaft does not go down with the boat





This is an example of one type of HRU. Manufacturer's instructions should always be followed when fitting HRUs.

* Source: Royal National Lifeboat Institution (United Kingdom).


ANNEX XXIII

TAMANG PAGSIGURO NG MGA *HYDROSTATIC RELEASE UNIT*¹³

† TAMANG PAGSIGURO SA *HYDROSTATIC RELEASE UNIT (HRU)*




1. Kapag lumubog ang bangka, gagana ang HRU at ang *liferaft* ay magtatangkang lumutang sa ibabaw ng tubig



2. Ang batak sa pintor ay maghahangin at magpapalobo sa *liferaft*



3. Ang batak sa mahinang tanikala ay magiging dahilan ng paghiwalay nito upang ang *liferaft* ay hindi kasamang lumubog ng bangka”




Ito ay isang halimbawa ng isang uri ng *HRU*. Dapat laging sundan ang mga tagubilin ng pagawaan sa paglalagay ng mga *HRU*.

¹³ Mula sa: *Royal National Lifeboat Institution (United Kingdom)*.


INCORRECT INSTALLATION

Painter secured to HRU
(not through weak link)




1. HRU will activate
2. Liferaft will be released but will **NOT** automatically inflate and will eventually drift away

Painter secured to senhouse slip




1. HRU will activate
2. Liferaft will float free and eventually inflate
3. Because the painter is secured to the slip, the liferaft will **NOT** be released to the surface

Painter secured directly to strong point



1. HRU will activate
2. Liferaft will float free and eventually inflate
3. Because the painter is secured directly to the strong point, the liferaft will **NOT** be released to the surface **EVEN IF** it is attached to the weak link as well


Painter secured only to weak link
(older version only)



1. Will work correctly for automatic release, but:
2. If liferaft is thrown overboard in an emergency (or comes adrift at sea) it may be lost


HINDI TAMANG PAGSIGURO SA HYDROSTATIC RELEASE UNITS (HRU)

Ang pintor ay nakasiguro sa HRU
(hindi sa mahinang tanikala)




1. Ang HRU ay gagana
2. Ang liferaft ay hihiwalay ngunit **HINDI** kusang lolobo at sa kalaunan ay aanurin palayo

Ang pintor ay nakasiguro sa “senhouse slip”




1. Ang HRU ay gagana
2. Ang liferaft ay hihiwalay at sa kalaunan ay lolobo
3. Dahil ang pintor ay nakasiguro sa slip, ang liferaft ay **HINDI** lulutang

Ang pintor ay nakasiguro sa matibay na punto



1. Ang HRU ay gagana
2. Ang liferaft ay hihiwalay at sa kalaunan ay lolobo
3. Dahil ang pintor ay nakasiguro sa matibay na punto, ang liferaft ay **HINDI** lulutang kahit na ito ay nakakabit din sa mahinang tanikala

Ang pintor ay nakasiguro lamang sa mahinang tanikala (sa mga lumang modelo lamang)



1. Ang HRU ay gagana upang kumalas, ngunit
2. Kapag ang liferaft ay inihagis sa panahon ng kagipitan (o aanurin sa dagat) maaari itong mawala

ANNEX XXIV

GUIDANCE ON SAFETY TRAINING IN EMERGENCY PROCEDURES

1 Training in emergency procedures

The Competent Authority should take such measures as it may deem necessary to ensure that crews are adequately trained in their duties in the event of emergencies and to avoid panic in such situations. Such training should include, as appropriate:

- .1 types of emergencies which may occur, such as collisions, fire, grounding and foundering;
- .2 types of life-saving appliances normally carried on vessels;
- .3 need to adhere to the principles of survival;
- .4 value of training and drills;
- .5 first aid training;
- .6 need to be ready for any emergency and to be constantly aware of;
- .7 location of each crew member's own and spare lifejackets;
- .8 means of escape;
- .9 recovering and caring for a person who has fallen overboard;
- .10 actions to be taken in respect to lifting persons from vessels and survival craft by helicopter;
- .11 actions to be taken when abandoning ship, including:
 - .1 putting on suitable clothing;
 - .2 donning of lifejacket;
 - .3 collecting additional protection such as blankets, time permitting;
 - .4 how to board survival craft from vessel and water; and
 - .5 actions to be taken when in the water, such as:
 - .1 fire or oil on the water;
 - .2 cold conditions; and
 - .3 shark-infested waters;

ANNEX XXIV

GABAY PARA SA PAGSASANAY SA MGA PAMAMARAAN PARA SA ORAS NG KAGIPITAN

1 Pagsasanay sa mga pamamaraan para sa oras ng kagipitan

Ang Karampatang Awtoridad ay dapat gumawa ng mga panukala na itinuturing nitong kinakailangan upang matiyak na ang mga kawani ay bihasa sa kanilang mga tungkulin sa kaganapan ng kagipitan at upang maiwasan ang pagkabalisa sa ganitong pangyayari. Dapat isama sa pagsasanay ang mga sumusunod, kung naaangkop:

- .1. mga uri ng mga kagipitang maaaring mangyari, tulad ng banggaan, sunog, *grounding* at *foundering*;
- .2. uri ng mga kagamitang pangkaligtasang karaniwang dinadala sa bangka;
- .3. pangangailangang sumunod sa mga prinsipyo ng kaligtasan ng buhay;
- .4. halaga ng pagsasanay at pagsasagawa;
- .5. pagsasanay sa pangunahing lunas;
- .6. pangangailangang maging handa para sa anumang kagipitan at patuloy na kamalayan dito;
- .7. lokasyon ng pansarili at laang *lifejacket* ng bawat kawani;
- .8. paraan ng pagtakas;
- .9. pagbawi at pag-aalaga sa isang tao na nahulog sa dagat;
- .10. pagkilos na isasagawa alang-alang sa pag-aangat ng mga tao mula sa mga bangka at sasakyang pangkaligtasan pamamagitan ng “helicopter”;
- .11. pagkilos na isasagawa kapag lilisanin ang bangka, kabilang ang:
 - .1. pagsusuot ng angkop na kasuotan;
 - .2. pagsusuot ng *lifejacket*;
 - .3. pagkuha ng karagdagang proteksiyon tulad ng kumot, kung may oras pa;
 - .4. pagpanhik sa sasakyang pangkaligtasan mula sa bangka at tubig; at
 - .5. pagkilos na isasagawa kapag nasa tubig, tulad ng:
 - .1. sunog o langis sa tubig;
 - .2. malamig na kundisyon; at
 - .3. tubig na maraming pating;

- .12 how to right a capsized survival craft;
- .13 actions to be taken when aboard a survival craft, such as:
 - .1 protection against cold or extreme heat;
 - .2 using a drogue or sea anchor;
 - .3 keeping a look-out;
 - .4 protection against seasickness;
 - .5 proper use of fresh water and food;
 - .6 effects of drinking sea water; and
 - .7 importance of maintaining morale;
- .14 recovering and caring for survivors;
- .15 facilitating detection by others;
- .16 checking equipment available for use in the survival craft and using it correctly;
- .17 remaining, so far as possible, in the vicinity;
- .18 main dangers to survivors and the general principles of survival; and
- .19 actions to be taken in respect of fire-fighting appliances.

- .12. paano itayo ang nakatumbang sasakyang pangkaligtasan;
- .13. pagkilos na isasagawa kapag sakay ng sasakyang pangkaligtasan, tulad ng:
 - .1. proteksiyon laban sa lamig o matinding init;
 - .2. paggamit sa isang salapang o angkla ng dagat;
 - .3. pagmamatyag;
 - .4. proteksiyon laban sa pagkahilo;
 - .5. tamang paggamit ng sariwang tubig at pagkain;
 - .6. epekto ng pag-inom ng tubig-alat; at
 - .7. kahalagahan ng pagpapanatili ng kasiglahan;
- .14. pagbawi at pag-aalaga sa nakaligtas;
- .15. pamamaraan upang makita ng iba;
- .16. paghahanap ng kagamitang magagamit sa sasakyang pangkaligtasan at paggamit dito nang tama;
- .17. ang pananatili, hangga't maaari, sa paligid;
- .18. pangunahing panganib sa mga nakaligtas at ang pangkalahatang mga prinsipyo ng kaligtasan ng buhay; at
- .19. pagkilos na isasagawa alang-alang sa mga kagamitang pamatay-sunog.

ANNEX XXV

GUIDANCE ON SAFE OPERATION OF WINCHES, LINE HAULERS AND LIFTING GEAR

General

In general, all deck machinery involved in the handling of fishing gear and catch should be designed, installed and used in a way that prevents accidents and injuries.


1 Emergency stop safety devices on winches and hauling equipment

1.1 All powered equipment used for the handling of fishing gear and catch such as winches, line and net hauling equipment and other deck machinery which, upon use, represent a danger for the operator if dragged towards or into the equipment during working operations, should be fitted with emergency stop safety devices. The emergency stop should be provided at the winch, at appropriate places in the deck area and in the wheelhouse. Emergency stops on the equipment should be activated by any part of the body of the person being hauled towards the equipment. See examples and illustrations below.

1.2 The purpose of these devices is to cause an automatic stop of the equipment, without any action from the operator, if he is dragged towards the actual equipment.

1.3 In particular, such devices are very important on single-handed vessels where only one person is on board. It will normally not be sufficient to have emergency shut-off buttons that must be manually activated, due to the fact that in an emergency situation on a single-handed vessel, the person to activate this may have his hands, feet, or clothing trapped in the fishing gear and, therefore, is unable to activate the emergency stop button himself.

Illustrations



ANNEX XXV

GABAY SA LIGTAS NA PAGPAPATAKBO NG MGA TAMBOR, PAMBATAK NG LUBID AT KAGAMITANG PAMBUHAT

Pangkalahatan

Sa pangkalahatan, ang lahat ng makinarya ng palapag na ginagamit sa pamamahala ng mga gamit-pangisda at huling isda ay dapat na dinisenyo, nailagay at ginagamit sa paraang maiwasan ang mga aksidente at pinsala.


1 Gamit-pampatigil sa mga tambor at kagamitang pang-hila sa oras ng kagipitan

1.1 Lahat ng mga pinagagana ng kuryenteng kagamitan na ginagamit para sa pangangasiwa ng gamit-pangisda at huling isda tulad ng mga tambor, linya at mga kagamitang panghila ng lambat at iba pang makinarya ng palapag, na kapag ginagamit ay kumakatawan sa isang panganib para sa tagapangasiwa kung mahihila patungo sa kagamitan sa panahon ng pagpapatakbo, ay dapat lagyan ng mga aparatong pampatigil sa panahon ng kagipitan. Ang aparatong pampatigil sa panahon ng kagipitan ay dapat na nakalagay sa tambor, sa naaangkop na lugar ng palapag at sa *wheelhouse*. Ang aparatong pampatigil sa panahon ng kagipitan ay dapat na mapagana sa pamamagitan ng anumang bahagi ng katawan ng tao na nahihila patungo sa kagamitan. Tingnan ang mga halimbawa at mga guhit sa ibaba.

1.2 Ang layunin ng mga aparatong ito ay upang maging sanhi ng isang kusang pagtigil ng kagamitan, nang walang anumang aksyon mula sa tagapangasiwa, kung siya ay nahihila patungo sa aktuwal na kagamitan.

1.3 Bilang pagtukoy, ang katulad na mga aparato ay napakahalaga sa isang bangkang may nag-iisang tao lamang na lulan. Kadalasang hindi sapat upang magkaroon ng pangkagipitang pampatigil na pindutan na dapat manu-manong paganahin, sapagkat sa isang pangkagipitang kaganapan sa isang bangkang may nag-iisang tao lamang, ang kanyang mga kamay, paa, o damit ay maaaring nakulong sa gamit-pangisda at, samakatuwid, ay hindi niya kayang paganahin ang pangkagipitang pampatigil na pindutan.

Mga guhit



2 Winches

2.1 The design of winch systems should ensure that, when power is supplied to the winch, the control valves and levers would always be in the stop/neutral position.

2.2 Winches should be provided with means to prevent overhoisting and to prevent the accidental release of a load if the power supply fails. Where practicable, winches with wire storage drums should be fitted to avoid the need to use warping heads.

2.3 Winches should be equipped with brakes capable of effectively arresting and holding the safe working load. Brakes should be proof-tested before installation with a static load suitably in excess of the maximum safe working load to the satisfaction of the Competent Authority. Brakes should be provided with simple and easily accessible means of adjustment. Every winch drum, which could be uncoupled from the drive should be furnished with a separate brake independent of the brake connected with the drive.

2.4 Where manually-operated “guiding on” gear is installed, the operating wheels should be without open spokes or protrusions that could cause injury to the operator and should be capable of being disengaged when the warps are paying out. Preferably, the “guiding on” gear should be capable of being disengaged when the warps are paying out.

2.5 Where practicable, winches should be reversible.

2.6 Winch barrels should be provided with means for fastening wire ends, for instance clamps, shackles or other equally effective method which should be so designed as to prevent kinking of the wires.

2.7 Where a fishing winch is provided with local and remote controls, these should be so arranged as to prevent simultaneous operation. The operator should have a clear view of the winch and adjacent area from either position. An emergency cut-off should be provided at the winch and at the remote station as well as in the wheelhouse.

2.8 Where a fishing winch is controlled from the wheelhouse, an emergency control switch at the winch should be provided. Where a second control at the winch is required by the Competent Authority, the arrangement should be such as to make simultaneous control from both control positions impossible, as well as to show which control position is in operation. Where necessary, emergency switches for winches should be provided remote from the winch to protect fishermen working in places which are dangerous for operation of warps and trawl boards. Where a fishing winch is controlled from the bridge, the arrangements should be such that the operator has a direct or televised clear view of the winch and adjacent area.

3 Line and net hauling equipment

3.1 Line and net hauling equipment should be fitted with devices to ensure that the designated safe working load is not exceeded. Such devices should be tested to the satisfaction of the Competent Authority.

3.2 Where line and net hauling equipment is intended to be blocked or braked in the stop position, the arrangements should be tested to the satisfaction of the Competent Authority.

2 Mga tambor

2.1 Ang disenyo ng mga sistema ng tambor ay dapat matiyak na, kapag may kuryenteng pinadaloy sa tambor, ang mga *control valve* at *lever* ay palaging mapupunta sa *stop/neutral* na posisyon.

2.2 Ang mga tambor ay dapat na may mga pamamaraan upang maiwasan ang sobrang pagtataas at ang aksidenteng pagbitaw ng karga kapag naputol ang daloy ng kuryente. Hangga't maaari, ang mga tambor na may dram na imbakan ng linya ay dapat na inilagay upang maiwasan ang pangangailangan sa paggamit ng mga *warping heads*.

2.3 Ang mga tambor ay dapat nilagyan ng prenong may kakayahang pigilin at panatilihin ang mga ligtas na bigat ng karga. Ang preno ay dapat nasubukan bago ang ilagay na may isang *static load* na angkop at may palabis sa pinakamataas na hangganan ng ligtas na karga sa kasiyahan ng Karampatang Awtoridad. Ang preno ay dapat na may simple at madaling maabot na paraan ng pagbabago. Bawat dram ng tambor, na maaaring mahiwalay mula ditto, ay dapat na nilagyan ng isang hiwalay na preno.

2.4 Kung saan may inilagay na "pang-gabay" na pinatatakbo ng manu-mano, ang mga pangasiwang gulong ay dapat na walang bukas na rayos o tusok na maaaring maging sanhi ng pinsala sa tagapangasiwa at dapat na may kakayahang mahiwalay kapag ang mga *warp* ay bumibigay. Mas mainam na ang "panggabay" ay may kakayahang mahiwalay kapag ang mga *warp* ay bumibigay.

2.5 Hangga't maaari, ang mga tambor ay dapat na maaaring paganahin ng baliktaran.

2.6 Ang mga bariles ng tambor ay dapat na may mga paraan para sa pagsiguro ng mga dulo ng linya, gaya ng mga sipit, kadena o iba pang epektibong paraan na dapat idinisenyo upang maiwasan ang pagbubuhol ng mga linya.

2.7 Kung saan ang pangisdang tambor ay may lokal at apartadong pangontrol, ang mga ito ay dapat naiayos upang maiwasan ang sabay-sabay na operasyon. Ang tagapangasiwa ay dapat magkaroon ng isang malinaw na pagkakatanaw ng tambor at kalapit na mga lugar mula sa alinmang posisyon. Dapat magkaroon ng pamputol sa panahon ng kagipitan sa tambor at sa apartadong istasyon pati na rin sa *wheelhouse*.

2.8 Kapag ang pangisdang tambor ay kinokontrol mula sa *wheelhouse*, dapat may *emergency control switch* sa tambor. Kapag ang pangalawang kontrol sa tambor ay kinakailangan ng Karampatang Awtoridad, dapat may isang ayos na hahadlang sa sabay-sabay na pagkontrol mula sa parehong mga posisyon, pati na rin upang ipakita kung aling posisyon ng kontrol ang kasalukuyang gumagana. Kung kinakailangan, ang mga *emergency switch* para sa mga tambor ay dapat may apartadong pangontrol mula sa tambor upang protektahan ang mga mangingisdang nagtatrabaho sa mga lugar na mapanganib para sa pagpapatakbo ng mga *warp* at palakaya. Kapag ang pangisdang tambor ay kinokontrol mula sa *bridge*, dapat na ang tagapangasiwa ay magkaroon ng isang malinaw na direkta o nasa telebisiyong pagkakatanaw ng tambor at kalapit na mga lugar.

3 Kagamitang pambatak ng lubid at lambat

3.1 Ang mga kagamitang pambatak ng lubid at lambat ay dapat na nilagyan ng mga aparatong titiyak na ang itinalagang ligtas na bigat ng karga ay hindi malalagpasan. Ang mga ito ay dapat na nasubukan sa kasiyahan ng Karampatang Awtoridad.

3.2 Kapag ang mga kagamitang pambatak ng lubid at lambat ay inilaan upang mahadlangan o mapatigil sa nakahimpil na posisyon, ang mga kaayusan ay dapat na nasubukan sa kasiyahan ng Karampatang Awtoridad.

3.3 Where line and net hauling equipment is controlled from the wheelhouse or from a position remote from the equipment, means should be provided at the equipment to stop hauling and/or shooting in an emergency. In like manner, when the main controls are at the equipment, means should be provided in the wheelhouse to stop it in an emergency.

3.4 The arrangement of the safety devices should also ensure that an emergency stop would be activated if a person is pulled towards a line or net hauling equipment.

4 Lifting gear

4.1 Cranes should be well constructed of sound material and the design should conform with national standards that may be appropriate. They should be tested to the satisfaction of the Competent Authority and the crane should be marked with the designated maximum safe working load. In the case of a crane fitted with an extendable jib, the safe working load at various radii should be clearly marked as close as practical to the operating controls.

4.2 In general, cranes adapted to carry net hauling equipment should be so designed that in the fail safe condition, the hanging point of the jib should not be too high or extend so far beyond the bulwark that retrieval of fishing gear or equipment would endanger the crew.

4.3 The braking or blocking arrangements of a crane should be tested to at least 1.5 times the designated safe working load to the satisfaction of the Competent Authority.

4.4 Lifting and hoisting appliances, as well as derricks and similar equipment including all parts of the working gear thereof, whether fixed or movable, and all plant should be of good construction, reliable material, adequate strength and free from patent defect. They should be adequately and suitably anchored, supported or suspended having regard to the purpose for which they are used and should be marked with the safe working load. They should have easy access for maintenance. Guards should be provided to prevent any undesirable movement of lifted or hoisted parts, such as codend or fishing gear, which could present danger to the crew.

4.5 Lifting and hoisting appliances, as well as derricks, should be protected from overhoisting.

4.6 The Competent Authority should ensure that lifting and hoisting appliances, as well as derricks, should be tested at least every two years and the results entered in the record of the vessel.

4.7 No such appliance of a kind referred to in 4.2 nor any part or working gear thereof, should be taken into use for the first time or after it has undergone any substantial repair unless it has been tested and the result entered in the record of the vessel.

5 Deck machinery and tackle

5.1 All elements of a fishing gear system, including warping heads, winches, warps, wires, tackle, nets, etc., should be designed, arranged and installed to provide safe and convenient operation. In so far as is possible, such components should be of a suitable strength so that, in the event of an overload strain, the failure will occur on the designated weak link in the system. All crew members should be made aware of the designated weak link in the system.

3.3 Kapag ang mga kagamitang pambatak ng lubid at lambat ay kinokontrol mula sa *wheelhouse* o mula sa isang posisyong malayo mula sa kagamitan, dapat na may paraan upang ihinto ang paghila at/o pagkasa sa panahon ng kagipitan. Sa katulad na paraan, kapag ang mga pangunahing kontrol sa kagamitan ay nasa *wheelhouse*, dapat may paraan upang mapatigil ang mga ito sa panahon ng kagipitan.

3.4 Ang kaayusan ng mga aparato ng kaligtasan ay dapat sumiguro na kusang gagana ang aparatong pampatigil sa panahon ng kagipitan kung ang isang tao ay nahila patungo sa linya o mga kagamitang panghila ng lambat.

4 Gamit pambuhat

4.1 Ang mga *crane* ay dapat na binuo sa mahusay na materyal at ang disenyo ay dapat alinsunod sa mga pambansang pamantayan na maaaring naaangkop. Dapat itong subukan sa kasiyahan ng Karampatang Awtoridad at ang *crane* ay dapat na minarkahan sa itinalagang pinakamataas na hangganan ng ligtas na karga. Sa kaso ng isang *crane* na nilagyan ng isang *extendable jib*, ang ligtas na karga (*load*) sa iba't ibang mga *radii* ay dapat malinaw na minarkahan pinakamalapit sa mga kontrol ng operasyon.

4.2 Sa pangkalahatan, ang mga *crane* na inangkop upang buhatin ang mga kagamitang panghila ng lambat ay dapat na idinisenyo na kapag pumalya, ang pagkabitin ng *jib* ay hindi dapat masyadong mataas o may habang lumalampas sa bakod kung saan ang pagkuha sa gamit-pangisda ay maglalagay sa panganib sa kawani.

4.3 Ang pagpepreno o pagharang ng isang *crane* ay dapat subukan sa hindi bababa sa 1.5 beses sa itinalagang ligtas na karga sa kasiyahan ng Karampatang Awtoridad.

4.4 Ang mga kagamitang pambuhat at pantaas, pati na rin ang mga *derrick* at mga katulad na kagamitan kabilang ang lahat ng mga bahagi ng nito, nakasiguro man o naitataas, ay dapat na mahusay na ginawa, yari sa maaasahang materyal, may sapat na tibay at walang depekto. Ito ay dapat na mahusay na nakaangkla, suportado o nakabitin ayon sa layunin ng paggamit at dapat markado ng ligtas na bigat ng kayang karga. Dapat ay madaling mapuntahan para sa pagmimintina. Dapat may proteksiyon upang maiwasan ang anumang hindi kanais-nais na pagkilos ng bahaging binubuhat o itinataas, tulad ng gamit-pangisda, na maaaring maging sanhi ng panganib sa kawani.

4.5 Ang mga kagamitang pambuhat at pantaas, pati na rin ang mga *derrick*, ay dapat na protektado mula sa sobrang pagkakataas.

4.6 Ang Karampatang Awtoridad ay dapat matiyak na ang mga kagamitang pambuhat at pantaas, pati na rin ang mga *derrick*, ay nasubukan nang hindi bababa sa bawat dalawang taon at ang mga resulta ay ipinasok sa talaan ng bangka.

4.7 Walang uri ng kagamitang tinutukoy sa 4.2, o anumang bahagi nito, ang dapat gamitin sa unang pagkakataon o matapos na ito ay sumailalim sa anumang pagkumpuni, maliban kung ito ay nasubukan na at ang mga resulta ay ipinasok sa talaan ng bangka.

5 Mga makinarya sa palapag

5.1 Ang lahat ng mga elemento ng isang sistema ng gamit-pangisda, kabilang ang mga *warping heads*, tambor, *warp*, linya, *tackle*, mga lambat, atbp., ay dapat na dinisenyo, iniayos at inilagay upang magbigay ng ligtas at maginhawang operasyon. Hangga't maaari, dapat ang mga ito ay may angkop na tibay upang, sa kaganapan ng isang labis na pagbatak, ang pagkabigo ay mangyayari sa itinalagang mahinang dugtungan sa sistema. Lahat ng mga kawani ay dapat alam ang itinalagang mahinang dugtungan sa sistema.

- 5.2 Warp guards should be fitted where practicable between warp lead rollers.
- 5.3 Sheaves and rollers should be guarded where practicable.
- 5.4 Chains or other suitable devices should be provided for stoppering off.
- 5.5 Wires, chains and warps provided should be of adequate strength for the anticipated loads.
- 5.6 Where practicable, provision should be made to stop trawl boards swinging inboard, such as the fitting of a portable prevention bar at the gallows aperture or other equally effective means.
- 5.7 Lifting and running parts of the fishing gear should be of adequate strength for the anticipated loads.
- 5.8 Provision should be made for the stowage of bulky netting to allow for drainage and to prevent lateral movement. The stowage area should be of adequate dimensions to keep the centre of gravity of the stowed net to a minimum and to allow for the crew to work in safety when flaking down nets.
- 5.9 Moving parts of winches, line and net hauling equipment and of warp and chain leads which may present a hazard should be, as far as practicable, adequately guarded and fenced.
- 5.10 Quick release devices should, preferably, be fitted in the case of beam trawling and in purse seining that can be activated in an emergency from the wheelhouse and at the main control station if not in the wheelhouse.
- 5.11 The design and construction of winches, line and net hauling equipment should, where practicable, be such that the maximum effort necessary for operating handwheels, handles, crank handles, levers, etc., should not exceed 160 N and in the case of pedals not exceed 320 N.
- 5.12 The design parameters of the equipment should not be exceeded.

- 5.2 Ang mga *warp guard* ay dapat inilagay sa pagitan ng mga *warp lead roller*.
- 5.3 Ang mga *sheaves at rollers* ay dapat nababantayan.
- 5.4 Ang mga tanikala o iba pang angkop na mga aparato ay dapat na may paraan para sa pagpapatigil sa panahon ng kagipitan.
- 5.5 Ang mga linya, tanikala at *warp* ay dapat na may laang tibay para sa inaasahang bigat ng karga.
- 5.6 Hangga't maaari, dapat may probisyon upang harangin ang pagtatayon ng *trawl board* sa loob ng bangka, tulad ng paglalagay ng harang o iba pang epektibong paraan.
- 5.7 Ang mga itinataas at tumatakbong mga bahagi ng gamit pangingsda ay dapat na may sapat na lakas para sa inaasahang bigat ng karga.
- 5.8 Dapat may tuntunin para sa pagbubunton ng malalaking lambat upang mapatuyo ito at upang maiwasan ang pagkilos. Ang taguan ay dapat may sapat na mga sukat upang panatilihin sa pinakamababa ang sentro ng grabidad ng nakasinop na lambat at maging ligtas para sa mga tauhan na nagtitipon ng lambat.
- 5.9 Ang mga gumagalaw na bahagi ng mga mga tambor, linya at mga kagamitang panghila ng lambat at ng mga *warp* at pang-gabay ng tanikala na maaaring magpakita ng panganib ay dapat na sapat na nababantayan at nababakuran.
- 5.10 Ang mga aparatong natatanggal ng mabilisan ay mas mahusay kung, sa kaso ng galadgad na may biga at sa pangulong, inilagay na maaaring paganahin mula sa *wheelhouse* at sa pangunahing istasyon ng pagkontrol kung hindi sa *wheelhouse*.
- 5.11 Ang disenyo at pagkakagawa ng mga mga tambor, linya at mga kagamitang panghila ng lambat ay dapat, hangga't maaari, ginawa na ang pinakamataas na hangganan na kinakailangan para sa pangangasiwa ng manubela, hawakan, hawakan ng *crank*, mga *lever*, atbp., ay hindi dapat lumalagpas sa 160 N at sa kaso ng mga pedal ay hindi lumalagpas sa 320 N.
- 5.12 Ang mga parametro ng disenyo ng kagamitan ay hindi dapat malagpasan.

ANNEX XXVI

GUIDANCE ON GMDSS

General

Vessels intended to comply completely with the GMDSS system can use the information listed below related to a complete GMDSS installation as reference. Actual minimum requirements are mentioned in the recommendations.

1 The Global Maritime Distress and Safety System (GMDSS)

1.1 The basic concept of the GMDSS is that search and rescue authorities ashore, as well as vessels in the immediate vicinity of the vessel in distress, will be rapidly alerted to a distress incident so that they can assist in a co-ordinated Sea Air Rescue operation with the minimum delay.

1.2 The system also provides for urgency and safety communications and the promulgation of navigational and meteorological warnings and forecasts and other urgent safety information to vessels.

1.3 In other words, every vessel is able, irrespective of the GMDSS Sea Area in which it operates, to perform those communication functions which are essential for the safety of the vessel itself and of other vessels operating in the same area.

1.4 The equipment to be carried depends on the sea area in which vessels operate. There are four sea areas:

- .1 **A1** means an area within the radiotelephone coverage of at least one VHF coast station in which continuous alerting by Digital Selective Calling is available;
- .2 **A2** means an area within the radiotelephone coverage of at least one MF coast station in which continuous alerting by DSC is available;
- .3 **A3** means an area within the coverage of an Inmarsat geostationary satellite in which continuous alerting is available; and
- .4 **A4** means an area outside sea areas A1, A2 and A3.

2 Functional requirements

Every vessel, while at sea, complying with the GMDSS system should be capable:

- .1 of transmitting ship-to-shore alerts;
- .2 of receiving shore-to-ship distress alerts;
- .3 of transmitting and receiving ship-to-ship distress alerts;

ANNEX XXVI

GABAY SA GMDSS

Pangkalahatan

Ang mga bangkang nilayon upang sumunod sa sistema ng *GMDSS* ay maaaring gumamit ng mga impormasyon na nakalista sa ibaba na may kaugnayan sa isang kumpletong paglalagay ng *GMDSS* bilang sanggunian. Ang mga minimum na mga kinakailangan ay binabanggit sa mga mungkahi.

1 Ang *Global Maritime Distress and Safety System (GMDSS)*

1.1 Ang pangunahing konsepto ng *GMDSS* ay upang ang mga maghahanap at sasagip na awtoridad sa pampang, pati na rin ang mga bangkang nasa agarang paligid ng bangkang nasa pagkabalisa, ay mabilis na maaalerto sa isang insidente ng pagkabalisa nang sa gayon ay maaari silang makatulong sa isang *co-ordinated Sea Air Rescue operation* na minimum ang pagkaantala.

1.2 Naglalaan din ang sistema para sa mga pangangailangan ng madaliang pagkilos at kaligtasan ng mga komunikasyon at pagpapahayag ng nabigasyon at meteorolohikong babala at pagtaya at iba pang mga kagyat na impormasyong pangkaligtasan sa mga bangka.

1.3 Sa maikling salita, ang bangka ay maaaring, saan mang *GMDSS Sea Area* ito naglalayag, magsagawa ng komunikasyong mahalaga para sa kaligtasan ng mismong bangka at ng iba pang mga bangkang naglalayag sa parehong lugar.

